

Paglalakbay sa Lunggati: Karanasan ng mga nakatapos na filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa LET Rebyu.

Albert C. Mabit¹, Jobell D. Jajalla²

¹Student, KCAST

²PhD, Instructor, KCAST

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay tumutuon sa pagsusuri ng mga karanasan at pagsubok na hinaharap ng mga nakapagtapos ng Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, habang tinatahak nila ang kanilang propesyonal na landas matapos ang kanilang pagtatapos. Sa pamamagitan ng kwalitatibong pamamaraan, kinolekta ang datos mula sa mga panayam ng mga kalahok na nakapagtapos ng Filipino medyor sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ipinakita ng mga resulta na kahit na ang mga Filipino *graduate* ay nagpapakita ng katatagan at kakayahang umangkop, nahaharap pa rin sila sa mga hamon sa kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Dagdag pa rito, binibigyang-diin ng pag-aaral ang mga estratehiya na ginagamit ng mga nagtapos upang malampasan ang mga hamon, tulad ng kakulangan ng perasa kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga karanasan ng mga nakapagtapos na filipino medyor, layunin ng pag-aaral na ito na magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga salik na nakakaapekto sa kanilang karera. Binibigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng angkop na gabay sa karera at ang pangangailangan ng mga sistematikong pagbabago upang makalikha ng mas inklusibo at suportadong kapaligiran para sa mga nagtapos na pumapasok sa mundo ng trabaho. Sa kabuuan, ipinapakita ng pananaliksik ang determinasyon at katatagan ng mga nakapagtapos na Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu sa kanilang pagsusumikap na maabot ang kanilang mga propesyonal na layunin sa kabila ng mga hamon.

Mga susing salita: Landas ng kakera, hamon, katatagan, kwalitatibong pag-aaral, sosyo-pag uland ng kakera.

Kabanata 1

INTRODUKSIYON

Ang unang bahagi ng kabanatang ito pananaliksik ay naglalahad ng rasyunale, layunin ng pananaliksik, mga katanungan sa pag-aaral, teontikal na *focus*, mga kaugnayan sa pananaliksik at literatura, kahalagahan sa pananaliksik, katuturanng mga katawagan, at saklaw at delimitasyon sa pananaliksik.

Rasyunale

Ang kawalan ng koneksyon ng teoretikal na kaalaman at aktwal na aplikasyon sa silid-aralan ay isang karaniwang isyu para sa mga nakapagtapos ng edukasyon na naghahanda sa isang pagsusulit upang maging ganap na guro. Madalas na nahihirapan silang *i-apply* ang kanilang natutunan sa mga tunay na sitwasyon dahil sa kakulangan ng pagsasanay na nakatuon sa praktikal na kasanayan tulad ng pamamahala

ng silid-aralan. Ang ganitong puwang sa paghahanda ay nagiging sanhi ng walang kahandaan sa pagsusulit sa lisensiya. Ang kakulangan sa praktikal na pagsasanay ay nagdudulot din ng kawalang-katiyakang nagreresulta sa mababang tiwalang kanilang kakayahan (Cruz at Dela Cruz, 2019; Garcia, 2020).

Kaugnay nito sa global na pamantayan, ang isyu ng nakapagtapos ng edukasyon sa China sa kanilang paghahanda sa eksaminasyon sa kwalipikasyon ng guro ay ang hindi pagkakahanay sa kursong ito na kinakailangan ng pagsusulit. Ang sobrang pagtutok sa teoretikal na nilalaman kaysa sa praktikal na kasanayan ay nagpapahirap sa estudyantel na maipakita ang kakayahan sa mga pagsusulit. Dagdag pa, matinding kompetisyon ay nagdudulot ng karagdagang presyon na nakakaapekto sa kanilang pagganap (Li et. al., 2021).

Kaugnay nito, dito sa Pilipinas ang mga nakapagtapos na estudyante bansa ay nahaharap sa malaking hamon dulot ng hindi pagkakatumang sa pamantayan ng *LET* at kanilang programang pang-edukasyon. Itinuturo nina Santos at Reyes (2021) ang hindi pagkakatumang ito ay nagreresulta sa mababang pagganap sa praktikal na bahagi ng *LET*, dahil hindi sapat ang paghahanda ng mga nakapagtapos. Bukod pa rito, ang kakulangan ng komprehensibong materyales sa pagsusulit at epektibong mga kurso sa paghahanda ay higit pang nagpapalala sa problemang ito at nagpapababa sa kabuuang kahandaan ng mga naghahanda para sa pagsusulit ng *LET* (Flores, 2022).

Ang karanasan ng nakapagtos na Filipino medyor sa kanilang pakikipagsapalaran sa *Licensure Examination for Teachers (LET)* rebyu ay may malaking *social significance* dahil sila ang nagbibigay liwanag sa balakid at tagumpay ng magiging tagapagturo sa bansa. Ang ganitong proseso ng kanilang karanasan, sa patotoong mahahalagang pananaw sa pakinabang at *disadvantage* ng sistema ng edukasyon, na nagbibigay-diin. Nagsisilbi rin silang mga huwaran sa darating na henerasyong tagapagturo sa pamamagitan ng pagpapakitang determinasyong sigasig na kailangang maging matagumpay sa propesyon ng pagtuturo.

Ang pananaliksik na kwalitatibong paraan gamit ang pamamaraang pagsusuring penomenolohikal. Ang paghahanda sa *Licensure Examination for Teachers*, mahalaga ito para sa bawat estudyanteng nakapagtapos ng edukasyon sa buong mundo. Sa aking pananaliksik na may pamagat "Karanasan ng mga nakapagtapos ng *BSED* Filipino sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu" na nais alamain ang karanasang nagdaan sa prosesong paghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*. Marami sa kanila ang nakaranas ng malalaking balakid, tulad ng presyur na makapasa sa unang subok, kakulangan ng akses sa mga rebyu materyales, at limitadong oras para mag-*review* dahil sa mga personal na obligasyon. Napagtagumpayan nila ang problemang kinakaharap sa pagkatutong magtiwala sa sariling kakayahan, magpursige, at umasa sa tulong ng mga kaibigan at pamilya. Dahil dito, kailangan nilang maging positibo at magpakatatag na makakatulong sa kanila upang hindi mapaektohan ang kanilang paghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)* at maging matagumpay na tao sa hinaharap. Gayunpaman, ang malungkot na katotohanan ay nananatili na hindi kayang tugunan ng mga naghahanda para sa pagsusulit na pangangailangang pinansyal, kagaya na lamang sa gastusin para sa pagkain, transportasyon, *boarding house* at iba pa.

Pagkatapos ng pananaliksik na ito, nais ng pananaliksik na mapabuti ang kaalaman ng edukasyong ang paglalathala at pamamahaging natuklasan. Mas maayos na matugunan ng guro at estudyanteng ganitong paghihirap ng pamamagitan sa pagpapalitan sa impormasyon tungkol sa karanasan ng mga nakapagtapos ng edukasyon. Ang tagapagturo *I-engage* sa praktis sa sumusuportang paghahanda para sa *LET* rebyu kagaya nang *seminar*, *workshop*, at *digital*. Mahusay na paglalathala at pamamahagi ay mabigyang linaw para paglikha na nakatuon sa plano para suportahan sila nakikipagsapalaran sa *LET* rebyu.

Layunin sa Pag-aaral.

Ang layunin ng penominolohiya na pananaliksik na ito ay galugarin ang karanasan ng nakapagtapos na Filipino medyor ng *Kapalong College of agriculture science and Technology (KCAST)* sa pakikipagsapalaran sa *LET* Rebyu. Layunin nitong mapabatid na hinarap ang suliranin at bakit nila ito binigyan ng solusyon. Sa pananaliksik na ito, mabigyan-linaw ang mga tanong at naging problema sa Kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Sa pananaliksik na ito, tungkol sa karanasan ng nakapagtapos ng filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, makakakuha tayo ng mahahalagang kaalaman sa nakikipagsapalaran sa *LET* rebyu.

Gumamit ng pamamaraang Penomenolohikal upang bigyang din ang mga pagsubok at suliraning kinakaharap ng mga nakapagtapos ng Filipino medyor sa kanilang pakikipagsapalaran sa *Licensure Examination for Teachers (LET)* rebyu. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, mahalaga ring malaman kung ano tiknik ng nakapagtapos na Filipino medyor sa kanilang paghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*. Makakatulong ito sa mga estudyante at tagapagturo na nagnanais na matagumpay na makapasa sa *LET*, dahil maaaring maging inspirasyon at gabay ng mga estudyante. Ang paglikom ng karanasan ng nakapagtapos na Filipino medyor sa *KCAST* sa kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, mahahasa din ang pagsasaliksik na kakayahan ng mga mananaliksik. Dagdag pa rito, nagsilbi itong pinagmulan ng mas mahalagang impormasyon tungkol sa karanasan ng nakapagtapos ng edukasyong pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay, tumatalakay sa mga estudyanteng nakapagtapos nang Filipino Medyor sa *Kapalong College of agriculture science and technology* sa kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* Rebyu. Partikular nitong hinahangad na masagot ang mga katanunagan:

1. Ano-ano ang mga karanasan na hinarap ng mga nakapagtapos na Filipinomedyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu?
2. Paano nalampasan ng mga nakatapos sa filipino medyor ang mga karanasan na hinaharap sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu?
3. Ano-ano ang mga mithiin at pananaw na maaaring imungkahi ninyo sa kapwa nakatapos ng Filipino Medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu?

Teoritikal na Pokus

Ang pananaliksik na ito na nakaangkla sa teoryang *self- efficacy* na binuo ng *psychologist* na si Bandura (1977), ay nagbibigay-diin sa paniniwala sa kakayahan ng taong magtagumpay sa mga oh partikular na gawain o sitwasyon. Sa konteksto ng pakikipagsapalaran sa *licensure examination for teachers*, ang mataas na *self-efficacy* ay maaaring mag-udyok sa kanila upang magtiyaga sa mga hamon, makisali sa mga epektibong estratehiya sa pag-aaral, at mapanatili ang positibong pananaw sa kanilang mga pagkakataong magtagumpay.

Ayon sa teorya ni Bandura (1977) na *Self-Efficacy* ay tumutukoy sa paniniwala sa sariling kakayahang matagumpayang gawin ang partikular na gawain o *task*. Ang *self-efficacy* ay may malaking epekto sa pagkilos at pagpupursigi na harapin ang hamon at magtagumpay.

Sa konteksto ng nakapagtapos sa filipino medyor nakikipagsapalaran sa *LET* Rebyu, ang *self- efficacy* ay mahalaga dahil ito ang nagtatakda ng kanilang paniniwala sa kanilang sarili na magtagumpay sila sa pagsusulit. Kung mataas ang *self-efficacy* ng mga nakapagtapos sa filipino medyor, mas malaki ang

kanilang kumpiyansa na makakapasa sila sa *Licensure Examination for Teachers* at magiging magaling na propesyonal sa kanilang larangan. Ang *self-efficacy* ay mahalaga sa paggalugad ng karanasan ng mga nakapagtapos na filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* Rebyu, dahil ito ang nagtatakda ng kanilang pagtitiyaga, determinasyon, at pagpupursige sa paghahanda para sa pagsusulit kapag mataas ang *self-efficacy* ng isang indibidwal, mas malaki ang kanyang motibasyon na mag-aral nang mabuti, maghanap ng mga tamang estratehiya, at harapin ang mga pagsubok sa kanilang makakasalamuha sa pagsusulit.

Konektado ang pananaliksik na ito sa teoryang *self-efficacy* ni Bandura na magiging kapaki-pakinabang sa pagsasagawa ng pananaliksik hinggil sa kaharasan ng mga nakapagtapos na filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Sa paggamit ng teoryang ito, maipapaliwanag at mauunawaan ang importanteng aktibong paglahok sa aktibidad at karanasan na magtutulak sa mga estudyanteng maging aktibong magrebyu. Ang karanasang ito ay magtulak sa kanilang at gawing motibasyon upang malampasan ang mga hamon na pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu.

Ang pananaliksik na ito ay, konektado sa *self-efficacy*, mayroong kahalagahang pag-unawa sa karanasan sa mga nakapagtapos ng filipino medyor sa paghahanda para sa *LET* rebyu. Binibigyang-diin ng konseptong ito kung paano naapektuhan ng kumpiyansa at katatagan ng pinapahalagahang paniniwala sa sariling kakayahan upang magtagumpay. Ipinapakita ang karanasan nang nagtapos ng pagpapalakas na *self-efficacy* na makatutulong sa kanila na malampasan ang mga balakid, magamit ang mga estratehiya, at magtagumpay sa *LET exam*.

Ayon teoryang *social cognitive* ni Bandura (1960), ay isang teoryang nagsuporta sa teoryang *self-efficacy*. Ang teoryang *social cognitive* ni Bandura ay naglalayong maunawaan ang pagkatuto at pag-uugali ng tao dahil sa interaksyon na salik sa kapaligiran kundi aktibong nagpapasya at nagpapalit ng kanilang mga kaisipan at pag-uugali batay sa kanilang mga kaisipan at pag-uugali batay sa kanilang mga karanasan.

Sa konteksto ng pagkuha ng *Licensure Examination for Teachers* ng mga nakapagtapos sa filipino medyor, ang teoryang *social cognitive* ni Bandura ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng pansin sa papel ng mga karanasan sa pagkatuto at pag-uugali ng mga tao. Sa pamamagitan ng teoryang ito, maunawaan natin kung paano nakakaapekto ang mga karanasan ng mga nakapagtapos sa filipino medyor sa kanilang paghahanda at pagkuha ng *LET*. Ang mga karanasan ng mga nakapagtapos, tulad ng pag-aaral, pagsasanay, at mga praktikal na karanasan sa pagtuturo ay maaaring magdulot ng mga epekto sa kanilang paghahanda at pagkuha ng *Licensure Examination for Teachers*. Ang mga positibong karanasan, tulad ng matagumpay na pagsusulit sa mga *mock board examination* o ang pagkakaroon ng magandang pidbak mula sa mga guro, ay maaaring magbigay ng kumpiyansa at motibasyon sa mga nakapagtapos ng pag-aaral. Sa kabilang banda, ang mga negatibong karanasan, tulad ng pagkabigo sa mga pagsusulit o ang pagkakaroon ng mga pagkukulang sa kanilang pag-aaral, ay maaaring magdulot ng kawalan ng kumpiyansa at pagkabahala.

Ibabatay din ang pag-aaral na ito sa *teoryang goal-setting* (1960) ni Edwin Locke. Ayon sa teoryang ito, ang malinaw at mahihirap na layunin ay nag-uudyok sa mas mataas na pagganap. Upang mapataas ang motibasyon at produktibidad, ang mga layunin ay dapat tiyak, nasusukat, at may tiyak na oras. Para sa mga nagtapos ng edukasyon, ang teoryang ito ay kapaki-pakinabang sa paghahanda para sa kanilang pagsusulit. Ang pagtatakda ng mga deadline, mahihirap ngunit abot-kayang layunin, at malinaw na layunin sa pag-aaral ay nagpapataas ng kanilang motibasyon at pagganap, lalo na kung may kasama na magandang *feedback*

Sa pamamagitan ng paggamit ng *Goal-Setting Theory* ni Locke, ang mga naghahanda para sa pagsusulit ay maaaring makamit ang mas magandang resulta sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga tiyak at mahihirap na layunin para sa kanilang rebyu. Ang paghahati ng mga layunin sa mas maliliit na gawain, tulad ng "tapusin ang tatlong kabanata araw-araw at magsagawa ng *practice test* bawat linggo," ay nakakatulong sa pagpapanatili ng konsentrasyon at motibasyon. Ayon kay Locke, mas nagsusumikap at nakakamit ng mas magandang resulta ang mga tao kapag ang kanilang mga layunin ay malinaw. Ang malinaw na layunin para sa ibat ibang larangan ay nagdudulot ng mas organisado at epektibong proseso ng pagrerebyu.

Sa aking pananaliksik, konektado ang teoryang ito kung paano nakaimpluwensya ang karanasan ng mga nakapagtapos na filipino medyor na nagbibigay-diin sa aktwal na karanasan at interaksyon bilang nakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Sa paggamit nito, nakakabuo ng mas ingganyo at makabuluhan na mga karanasan ng mga nakikipagsapalaran sa *LET* rebyu at mas matagumpay na pag-unawa ng mga nakapagtapos ng filipino medyor. Pinakamahasag na natututo ang mga tao sa pamamagitan ng paggawa, hands-on na pagrebyu para sa kanilang paghahanda para sa pagsusulit ng *Licensure Examination for Teachers*. Ang karanasan ay mahalagang mabatid ninuman. Itoy magsisilbing basehan sa kung ano ang pinagdadaanan mo sa kasalukuyan. Naging mabisa ang pakikipag-ugnayan kung ito'y may impluwensya sa kinabukasan. Ang pagkakaroon ng karanasan sa buhay ay nangangahulugang marami kang nalalaman. Ibabatay rin ang pag-aaral na ito sa *Reinforcement Learning* ni B.F. Skinner

(1953) ang pundasyon ng pag-aaral na ito, na nagbibigay-diin kung paano nakakaapekto ang mga insentibo at pagkatuto ng bawat mga mag-aaral sa paghahanda sa pagsusulit. Ayon kay Skinner (1953), ang pag-uugali ay naapektuhan ng mga kahihinatnan nito ang negatibong *reinforcement* o parusa ay nagpapababa ng posibilidad na maulit ang pag-uugali, samantalang ang positibong *reinforcement* ay nagpapataas ng posibilidad na maulit ito. Sa konteksto ng *Licensure Examination for Teachers (LET)*, ipinapakita ng paggamit ng teorya ng *Reinforcement Learning* na ang motibasyon at pagganap ng isang indibidwal ay maaaring lubos na maapektohan sa pamamagitan ng tamang aplikasyon ng mga gantimpala at nakabubuong puna.

Ang *reinforcement learning* ay isang epektibong estratehiya para sa bawat indibidwal na naghahanda para sa isang mahalagang pagsusulit. Ang positibong *reinforcement*, tulad ng pagpuri at pagbibigay ng gantimpala para sa pag-unlad sa mga teknik sa pag-aaral o pag-usad sa mga *mock test*, ay maaaring magpataas ng motibasyon at pagsisikap. Ang pagtatakda ng maliliit at maaabot na layunin na may gantimpala ay nagpapalakas ng dedikasyon at pakikisalamuha sa pag-aaral. Samantala, ang nakabubuong puna ay nakakatulong sa pagpapaliwanag ng mga pag-uugali na nag-aambag sa tagumpay, kahit na tumutok ito sa mga aspeto na nangangailangan ng pagpapabuti.

Ayon sa balangkas ni Skinner, ang mga *scheme* ng gantimpala ay kailangang lakma sa pangangailangan at kalagayan ng bawat indibidwal. Bukod sa materyal na benepisyo, maaaring kailanganin din ang emosyonal na suporta at paghimok mula sa mga *mentor* at kasamahan para sa mga mag-aaral nagtapos na naghahanda para sa mahalagang pagsusulit gaya ng *LET*. Mahalaga ang pagbibigay ng gantimpala at naaangkop na paraan upang masiguro na ang pagsisikap at pag-unlad ng mga indibidwal ay direktang nauugnay sa kanilang mga insentibo. Ang pamamaraang ito ay may potensyal na lumikha ng isang nakabubuong kapaligiran sa edukasyon kung saan ang mga aplikante ay mahihikayat na masigasig na makisalamuha sa kanilang mga materyal sa pag-aaral at malampasan ang mga pagsubok.

Ang Teorya ng *Reinforcement Learning* ay umaayon din sa mas malawak na pananaw ni Skinner sa *operant conditioning*, kung saan ang pagkatuto ay nakikita bilang isang proseso na naapektuhan ng patuloy na interaksyon sa pagitan ng pag- uugali at mga kahihinatnan nito. Sa pamamagitan ng maayos na paggamit ng *reinforcement*, maaaring lumikha ang mga guro at *mentor* ng isang sumusuportang balangkas na tumutulong sa mga nakapagtapos na bumuo ng kumpiyansa, mag-*adopt* ng epektibong mga gawi sa pag-aaral. Ang positibong *reinforcement*, kasama ng nakabubuong puna, ay maaaring lubos na mapahusay ang proseso ng paghahanda, na ginagawang mas matatag at mas handa ang mga mag-aaral na magtagumpay sa kanilang propesyonal na pagsusulit.

May konektado ang teoryang ito sa aking pananaliksik tungkol sa mga karanasan ng mga nakapagtapos ng Filipino medyor sa paghahanda para sa *LET* ay sinusuri gamit ang *Reinforcement Learning Theory* ni Skinner. Sa teoryang ito, binibigyang-diin ang kahalagahan ng positibong *reinforcement* sa pagpapabuti ng mga gawi sa pag-aaral at motibasyon. Sa pamamagitan ng insentibo at *feedback*, mahihikayat ang mga nagtapos na gumamit ng epektibong taktika na magpapahusay sa kaalaman. Ipinapakita ng kanilang mga karanasan kung paano nahuhubog ng *reinforcement* ang mga kilos upang magdulot ng magagandang resulta sa *LET* rebyu.

Mga Kaugnay sa Literatura

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng impormasyon sa proseso ng dokumentasyon sa pag-aaral at ang pangongolekta ng mga imporasyon, upang lubos na maunawaan ang pag-aaral na ito, binibigyang diin ng mananaliksik ang hamon ng mga mag-aaral bilang nakikipagsapalaran sa *Licensure Examination for Teachers review*.

Nagkakaroon ng Presyon Dahil sa Mataas ang Ekspektasyon ng Pamilya

Ang mataas na ekspektasyon ng pamilya ay may malaking impluwensya sa mga pagsusulit sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*, na nagiging sanhi ng isang mahirap na sitwasyon na puno ng tensyon at pag-aalala. Ang mga inaasahan ng magulang ay maaaring mag-udyok sa mga bata na magtagumpay, ngunit kapag hindi nila napagtagumpayan ang pagsusulit, madalas itong nagdudulot ng malalim na pakiramdam ng pagkabigo at mababang pagpapahalaga sa sarili. Ang labis na presyon mula sa pamilya ay maaaring magresulta sa istres at *anxiety*, na nagiging balakid sa kanilang pagrerebyu. Mahalagang magkaroon ng suportang emosyonal at tamang pag-unawa mula sa pamilya upang matulungan ang isang indibidwal na magtagumpay. Sa ganitong paraan, mas magkakaroon sila ng kumpiyansa sa sarili at positibong pananaw sa pag-abot ng kanilang mga pangarap (Braucher, 2018).

Bukod dito, ang mataas na inaasahan ng mga magulang sa edukasyon ay kadalasang nauugnay sa tagumpay ng mga mag-aaral, maaari rin itong magkaroon ng negatibong epekto sa kanilang sikolohikal na kalusugan. Dahil sa ganitong uri ng presyon, ang mga nagrerebyu para *LET* ay maaaring makaranas ng labis na pagdududa sa sarili at takot na mabigo, na maaaring makasama sa kanilang pagganap. Bukod dito, ang pagbibigay ng sapat na pahinga mula sa pagrerebyu ay mahalaga. Sa kabuuan, ang isang suportadong kapaligiran ay mahalaga sa paghubog ng matagumpay at matibay na mga mag-aaral (Wang et. al, 2019). Bilang karagdagan, ang mga magulang ay dapat magbigay ng isang mapagmahal at maunawaing kapaligiran upang mabawasan ang istres na nararanasan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagtuon sa pagsisikap kaysa sa pagiging perpekto at pagtataguyod ng isang *growth mindset*, ang mga *LET examinees* ay maaaring makaramdam ng istres. Ang bukas na komunikasyon sa pagitan ng magulang at

anak ay nakakatulong din sa pag-unawa sa mga pangangailangan at alalahanin ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, mas mabibigyan ng mga magulang ang tamang suporta at gabay sa kanilang mga anak (Poddar, 2020).

Ang matinding inaasahan ng pamilya ay madalas na nagdudulot ng labis na presyon sa mga nagrerebyul para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*. Ang ganitong presyon ay maaaring magresulta sa mataas na antas ng istres at pagkabahala sa mga *examinees*, na posibleng makasama sa kanilang pagganap at kalidad ng pag-aaral. Ang pag-intindi sa emosyonal na pangangailangan ng mga *examinees* at pagbibigay ng positibong suporta ay mahalaga upang mapanatili ang kanilang mental na kalusugan at tulungan silang makamit ang kanilang mga layunin sa kabila ng mataas na inaasahan (Villareal et. al., 2019).

Sa isang pag-aaral na isinagawa nina De La Cruz at Mendoza (2021), lumabas na ang mataas na inaasahan ng pamilya ay nagiging sanhi ng matinding presyon sa mga nag-aaral para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*. Ang ganitong presyon ay maaaring magdulot ng malalim na *stress* at pagkabahala, na maaaring makaapekto nang negatibo sa kanilang pagganap at kalusugan. Ang patuloy na presyon mula sa pamilya ay maaaring magresulta sa mababang tiwala sa sarili. Upang matulungan ang mga *examinees*, mahalagang magbigay ng emosyonal na suporta at *i-promote* ang positibong pag-uugali, upang maabot nila ang kanilang mga layunin nang hindi naapektohan ang kanilang mental na kalusugan. Ang pag-unawa at suporta mula sa pamilya ay maaaring mapabuti ang karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusulit.

Nagkakaroon ng Hamon Dahil sa Kakulangan ng Pinansyal

Isa sa pinakamalaking hamon sa paghahanda para sa pagsusulit sa *Licensure Examination for Teachers (LET)* ay ang kakulangan ng pinansyal. Ang kanilang kawalan ng kakayahang magbayad para sa mga *review center*, dulot nito ang problema sa kanilang mga kinakailangang materyales sa pagrerebyu at magbayad para sa iba pang nauugnay na mga gastos tulad ng panunuluyan at transportasyon ay apektado ang kanilang pagrerebyu dahil sa kakulangan ng pinansyal. Kinakailangan na matugunan ang isyung ito upang magarantiyahan ang pantay na pagkakataon para sa tagumpay para sa lahat ng naghahangad na maging guro (Fowler, 2020).

Kaugnay dito, ang mga kapos sa buhay ay nahihirapan na tustusan ang mga pangangailangan para sa paghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers*. Kung walang sapat na pera, mahihirapan ang mga tao na magbayad para sa mga gabay sa pag-aaral, mga *refresher class*, o iba pang karagdagang serbisyo sa suporta na maaaring mapabuti ang kanilang kahandaan. Maaaring wala silang parehong *access* sa mga materyales para sa paghahanda ng pagsusulit gaya ng kanilang mga kasamahan, na maglalagay sa kanila sa isang dehado sa araw ng pagsusulit. Upang malutas ang problemang ito at magarantiya na ang lahat ng mga inaasahan na guro ay may pantay na pagkakataon na makapasa sa pagsusulit sa *Licensure Examination for Teachers* (Donohoe, 2019).

Bukod pa rito, upang mapabuti ang kanilang kahandaan para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*, maraming mga nagtapos sa edukasyon ang nahihirapan dahil sa kakulangan ng pinansyal para sa kanilang paghahanda para sa *LET* rebyu. Ngunit ang malaking bahagi sa kanila ay nahaharap sa hamon ng pagiging kapos sa pera na nagpapahirap sa kanila na magbayad ng mga gastos sa *LET* rebyu. Ang kanilang mga pagkakataong magtagumpay sa *LET* ay maaaring maapektuhan ng kakulangan ng suportang pinansyal na ito, na maaaring maglagay sa kanila sa isang dehado kumpara sa kanilang mga kapwa na kayang tustusan ang mga pangangailangan at kayang mag-enroll sa rebyu *center*. Sa pagsisikap na lutasin

ang problemang ito, dapat ay may mga programa sa tulong pinansyal, upang lahat ay mapaghandaan ng maayos ang pagsusulit (Malaguit, 2020).

Dagdag pa, ang kakulangan ng pinansyal ay maaaring maging sanhi ng paghihirap ng mga nagtapos sa kursong edukasyon para sa kanilang paghahanda sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*. Maaaring may malaking gastos para sa mga materyales sa paghahanda, at gastusin sa pang-araw araw na pangangailangan. Upang matugunan ang isyung ito at magarantiya na ang lahat ng nagtapos ng kursong edukasyon dapat ay may mga iskolar para sa mga may kakulangan sa pinansyal upang may pantay na pagkakataon na magtagumpay sa kanilang paglalakbay sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*, kailangan ng karagdagang pondo at prorama para sa mga kapos sa pera (Poon, 2018).

Isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit maraming aplikante ang bumagsak sa *Licensure Examination for Teachers (LET)* ay ang kakulangan ng pinansyal. Ang hindi sapat na pera ay humahadlang sa kanilang kakayahang bumili ng mga de-kalidad na materyales sa pagrerebyu at iba pang kinakailangang mapagkukunan para sa paghahanda, na sa huli ay nagdudulot ng panganib sa kanilang mga pagkakataong makapasa sa pagsusulit. Ang kanilang paghahanda ay lalong nalilimitahan ng kanilang kawalan ng kakayahang magbayad na naglalagay sa kanila sa isang dehado kung ihahambing sa mga kapwa nila na may kakayahang makabayad. Ang pagpapabuti ng mga rate ng pagpasa at pagtulong sa mga hinaharap na tagapagturo ay nangangailangan ng pagtugon sa mga hadlang na ito (Llego, 2018).

Bilang karagdagan, ang kakulangan ng pinansyal ay may malaking epekto sa pagganap ng mga mag-aaral at mga rate ng pagpapanatili sa mga institusyong mas mataas na edukasyon. Ang mga paghihirap na kinakaharap ng maraming estudyante sa pagsasaalang-alang sa mga hinihingi ng kanilang pag-aaral sa pangangailangan para sa paghahanda sa *LET* upang mabayaran ang kanilang mga gastos ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa kanilang akademikong paglalakbay. Ang tagumpay ng mag-aaral ay nakasalalay sa pagtugon sa mga sagabal na ito sa kakulangan ng pinansyal sa pamamagitan ng mga gawad, iskolarsip, at makatuwirang presyo ng mga pagkakataong pang-edukasyon (HRMARS, 2018).

Bukod dito, ang pambabayad ng rebyu *center* ay isa sa mga pangunahing problema ng mga nakapagapos na edukasyon. Ang mga mag-rerebyu sa mga rebyu *center* ay naiwan na nag-aagawan, madalas na may kaunti o walang badyet, upang makakuha ng mga kinakailangang mapagkukunan para sa pambayad nila rito. Sa kasamaang palad, para sa mga mag-aaral na ang kanilang pamilya ay hindi kayang bayaran ang oras o mapagkukunang kinakailangan para sa pag-rerebyu, ang mga pagsisikap ng kanilang mga guro ay maaaring hindi sapat upang mapanatili silang makisali, o mabawasan ang mga epekto ng kahirapan sa kanilang edukasyon. Ayon pa sa mga rebyu *center*, halos 43% ng mga nakapagtapos ng edukasyon ang walang pambayad sa rebyu center (Fowler, 2020).

Nahihirapan Balansihin ang Oras sa Pagrerebyu at Trabaho

Maraming nagrerebyu para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)* ang nahihirapan na balansihin ang kanilang oras sa pagitan ng pag-rebyu at pagtatrabaho upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan para sa kanilang paghahanda sa *LET*. Ang pagsisikap na pagsabayin ang dalawang responsibilidad ay nagdudulot ng mataas na antas ng istres at pagkapagod, na maaaring makaapekto sa kanilang *performance* sa dalawang responsibilidad. Ang kakulangan ng sapat na oras para sa pag-rebyu ay maaaring magresulta sa mas mababang marka sa pagsusulit. Upang mapabuti ang kanilang sitwasyon, mahalaga ang pagbuo ng epektibong estratehiya sa pamamahala ng oras at paghahanap ng suporta mula sa pamilya o mga kasamahan (Santos, 2020).

Bukod dito, ang pagsabay ng trabaho at masinsinang pag-rerebyu ay nagdudulot ng labis na istres sa isang indibidwal na naghahanda para sa *LET*, na maaaring makaapekto sa kanilang kalusugang pisikal at mental. Ang epektibong pamamahala ng oras at emosyonal na suporta mula sa pamilya at kaibigan ay mahalagang aspeto upang magtagumpay sa *LET*. Bukod pa rito, ang paglikha ng isang mahusay na *study schedule* ay makatutulong upang malampasan ang mga hamon na ito. Sa kabila ng mga pagsubok, ang determinasyon at tiyaga ang magiging susi sa tagumpay sa pagsusulit (Cruz, 2018).

Bilang karagdagan, isa sa mga hamon ng mga mag-aaral na naghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers* ay ang pinagsabay ang dalawang responsibilidad. Maraming mga nagrerebyu ang pinagsabay ang trabaho at pagrerebyu para sa pagsusulit upang may pang tustus sa mga pangangailangan. Ito ay nagdudulot na pagod at istres dahil sa dalawang responsibilidad na pinagsabay, ang mga mag-aaral ay may mga pangamba para sa pagsusulit dahil hindi sapat ang kanilang oras sa pagrerebyu. Ang pagbalansi sa oras ay isa sa pinakamahalaga upang magampanan ng mga mag-aaral ng maayos ang dalawang responsibilidad. Dahil sa mga pagsubok na ito, ay maari nilang gawing inspirasyon upang magpursigi upang maipasa at magtagumpay sa pagsusulit ng *LET* (Santos, 2019).

Maraming mga nagrerebyu para sa *Licensure Examination for Teachers* ang nahihirapan na ibalanse ang kanilang oras sa pagitan ng pagrerebyu at pagtatrabaho. Ang pagsabay sa mga responsibilidad sa trabaho at ang masigasig na paghahanda para sa pagsusulit ay nagdudulot ng matinding istres, na maaaring makaapekto sa kanilang pisikal at mental na kalusugan. Upang mapanatili ang balanse, mahalaga ang pagkakaroon ng isang mahusay na *study plan* at maayos na pamamahala ng oras. Ang suporta mula sa pamilya at mga kaibigan ay maaari ring magbigay ng malaking tulong sa pagpapanatili ng motibasyon at pag-alis ng pagkapagod. Sa kabila ng mga pagsubok, ang mahusay na pamamahala ng oras at determinasyon ay susi sa pag-abot ng tagumpay (Del Rosario, 2022).

Ang pagsasaayos ng oras para sa pagrerebyu at pagtatrabaho ay isang malaking pagsubok para sa mga nagrerebyu para sa *Licensure Examination for Teachers*. Ang pagsabay ng mga tungkulin sa trabaho at ang seryosong paghahanda para sa pagsusulit ay nagdudulot ng labis na pagkapagod at istres, na maaaring makaapekto sa kanilang pangkalusugang kondisyon. Upang mapanatili ang tamang balanse, kinakailangan ang mahusay na *study plan* at epektibong pamamahala ng oras. Ang suporta mula sa pamilya at mga kaibigan ay maaari ring magbigay ng karagdagang lakas at motibasyon. Ang tamang pamamahala ng oras at matinding dedikasyon ay mahalaga upang magtagumpay sa pagsusulit (Mendoza, 2021).

Sa paghahanda para sa pagsusulit ng *LET*, malinaw na mapapansin na halos lahat ng mga mag-aaral ay nahihirapan balansihin ang oras sa pagrerebyu at trabaho. Kung saan, halos 90% sa kanila ay nagkaroon ng problema kung paano nila ito magampanan ng maayos. Isa pa, kalahati sa kanila ay walang sapat na oras para tapusin ang lahat ng kanilang mga gawain sa loob lamang ng isang lingo. Halos lahat ng mga nakapagtapos ng edukasyon ay napanghinaan ng loob sa pagpasa sa *LET* dahil sa ibat ibang responsibilidad nila sa kanilang bahay (Dangle et al., 2020).

Pagiging Positibo Palagi

Ang positibong persepsyon ay mahalaga sa pahahanda sa pagsusulit sapagkat ito ay nagbigay sa kanila ng lakas upang magtagumpay sa pagsusulit. Kailangan nilang maging positibo dahil ito ay nagbigay sa kanila ng lakas upang maipasa nila ang *Licensure Examination for Teachers (LET)*. Nakikita nila ang paglalayag bilang isang mahalagang hakbang sa pag-abot sa kanilang layunin na maging mga lisensyadong guro, kaya't hinarap nila ito nang may sigasig at dedikasyon. Ang kanilang motibasyon ay

nagmumula sa kanilang pagmamahal sa pagtuturo at ang pagnanais na magkaroon ng makabuluhang epekto sa buhay ng kanilang mga mag-aaral sa hinaharap (Apare, 2018).

Kaugnay pa rito, Itinuturing ng mga nagtapos sa edukasyon ang kanilang paglalakbay bilang isang mahalagang hakbang patungo sa pagkamit ng kanilang mga propesyonal na layunin habang naghahanda sila para sa kanilang sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*. Hinaharap nila ang hamon nang may pag-asa at tiyaga, na nakikita ito bilang isang pagkakataon para sa personal na pag-unlad. Ang kanilang pananaw ay higit na pinatitibay ng suporta at pakikipagkaibigan na matatagpuan sa loob ng komunidad ng edukasyon, na naglililang ng isang pakiramdam ng pagkakaisa at ibinahaging layunin. Ang mga nagtapos ng edukasyon ay patuloy na may paborableng pananaw sa kabila ng mahigpit na proseso ng *Licensure Examination for Teacher* (Tait, 2019).

Bilang karagdagan, ang paghahanda sa pagsusulit ay isang mahalagang hakbang patungo sa kanilang karera sa pagtuturo at ginagawa ito nang may determinasyon. Nadaragdagan nila ang kanilang kaalaman at nagkakaroon ng tiwala sa kanilang mga kasanayan sa pamamagitan ng masusing paghahanda. Ang nakapagpapatibay na kapaligiran sa iba pang mga tagapagturo ay nagtataguyod ng pagganyak. Dahil sa kanilang pagmamahal sa pagtuturo, pinananatili nila ang kanilang optimismo sa harap ng mga paghihirap tulad ng mga paghihigpit sa oras. Ang proseso ng pagsusulit ng *LET* bilang isang pagkakataon para sa personal at propesyonal na pag-unlad (Santos, 2019).

Dagdag pa, ang mga nagtapos na mag-aaral sa edukasyon ay nakikitang mabuti ang kanilang karanasan sa paghahanda ng *LET*, na tinitingnan ito bilang isang pambuwelo upang isulong ang skanilang hilig sa pagtuturo. Nagtitiyaga sila sa harap ng mga paghihirap, tulad ng mga kakulangan ng oras para sa paghahanda sa pagsusulit, dahil sila ay naudyukan na magkaroon ng malaking impluwensya sa edukasyon, ang mga nagtapos na mag-aaral sa edukasyon ay masigasig, may katiyakan sa sarili, at handang magbigay ng kontribusyon sa propesyon ng pagtuturo habang sinisimulan nila ang kanilang paglalakbay sa *LET*. Nakukuha ng paborableng pagtatasa ng *LET* rebyu ang masigla at optimistikong pag-iisip ng mga kamakailang nagtapos sa edukasyon habang nagsusumikap silang makuha ang kanilang mga lisensya at maisakatuparan ang kanilang mga layunin sa karera bilang mga guro (Medina, 2020).

Ang pagkakaroon ng positibong pananaw habang nagrerebyu para sa *Licensure Examination for Teachers* ay napakahalaga upang mapanatili ang tamang pag-iisip at mataas na moral. Ang positibong saloobin ay nagdudulot ng inspirasyon at motibasyon upang magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok. Nakakatulong din ito sa mas mahusay na pagproseso ng mga impormasyon at pagpapanatili ng tiwala sa sarili. Ang tagumpay ay nagsisimula sa positibong pag-iisip at determinasyon na maabot ang iyong mga pangarap. Sa wakas, ang suporta mula sa mga kaibigan, pamilya, at kapwa mag-aaral ay mahalaga upang mapanatili ang positibong enerhiya at dedikasyon sa pag-aaral (Martinez, 2018).

Ginawang Motibasyon ang Pamilya at Pangarap

Ang pamilya at personal na pangarap bilang pinagmumulan ng motibasyon ay malaking tulong para sa mga nagrerebyu para sa *Licensure Examination for Teachers*. Ang suporta mula sa pamilya ay nagbibigay ng emosyonal na lakas at motibasyon, habang ang malinaw na mga pangarap para sa matagumpay na karera sa pagtuturo ay nag-aambag ng direksyon at determinasyon sa kanilang pag-aaral. Ang pagtuon sa mga layunin at pagtanggap ng suporta mula sa mga mahal sa buhay ay maaaring magtaas ng motibasyon at magpalakas ng tiwala sa sarili para makamit ang mga pangarap. Ang pagiging

nakatuon sa mga positibong aspeto ng layunin ay mahalaga sa pagpapanatili ng sigasig habang naghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers* (Dela Cruz, 2019).

Dagdag pa, ang pagkakaroon ng motibasyon sa pamilya at pangarap ay isang mabisang paraan upang magtagumpay para sa nagrerebyu ng *Licensure Examination for Teachers*. Ang mga nagrerebyu ay sa kanilang mga pamilya at pangarap sila kumukuha ng lakas upang mapagtagumpayan ang pagsusulit. Ang pagtutok sa pangarap na magkaroon ng matagumpay na karera sa pagtuturo ay nag-uudyok sa kanila na maglaan ng higit pang oras at pagsisikap sa kanilang pagrerebyu. Ang pagsasama ng mga personal na layunin at suporta mula sa mga mahal sa buhay ay nakakatulong sa pagpapalakas ng motibasyon at determinasyon. Sa ganitong paraan, ang mga nagrerebyu ay nagiging mas handa at determinado na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral para sa pagsusulit (Santos, 2021).

Kaugnay rito, ang pamilya at ang iyong pangarap sa buhay ang iyong sandigan sa mga hamon na iyong hinaharap, iyang ang nagbibigay ng lakas sa iyo bilang isang indibidwal na may gustong mapagtagumpayan ang isang gawain. Ang pamilya ang at pangarap ay isa sa mga dahilan kung bakit ang bawat indibidwal ay naging matatag sa kabila ng mga pagsubok na kanilang mga hinaharap. Ito ang dahilan kung bakit maraming mga indibidwal ang ginawang motibasyon ang pamilya at pangarap upang upang magtagumpay sila sa kanilang mga hamon (Torres, 2021).

Kaugnay pa rito, ang pagkaroon ng motibasyon sa pamilya ay isa sa malaking tulong sa bawat indibidwal upang magtagumpay. Bawat mag-aaral sa pamilya at kanilang pangarap sila kumukuha ng laks para abutin ang kanilang mga pangarap sa buhay, na matagal na nilang gustong makamit. Ang pagkakaroon ng malinaw na pangarap para sa isang matagumpay na karera sa pagtuturo ay nag-uudyok sa kanila na maglaan ng mas maraming oras at pagsisikap sa pag-aaral. Ang kombinasyon ng mga layunin at suporta mula sa mga mahal sa buhay ay nagpapataas ng kanilang motibasyon at determinasyon, na mahalaga para mapagtagumpayan nila pagsusulit na kanilang pinaghandaan ng maigi (Garcia, 2023).

Kapag nakakaranas sila ng pag-aalinlangan o pagkapagod, ang suporta ng pamilya at ang kanilang mga pangarap ay nagsisilbing gabay at paalala kung bakit nila pinili ang landas na ito. Ang paniniwala ng kanilang mga mahal sa buhay sa kanilang kakayahan ay nagbibigay ng karagdagang lakas at inspirasyon upang magtagumpay. Sa ganitong paraan, ang kanilang mga pangarap na maging guro ay nagiging hindi lamang personal na mithiin kundi misyon din ng buong pamilya. Ang patuloy na suporta ng pamilya ay nagtatatag ng matibay na pundasyon ng determinasyon at pag-asa. Sa bawat hakbang ng kanilang paglalakbay, ang kanilang mga mahal sa buhay ay nagsisilbing huwaran at sandigan (Alvarez, 2020).

Ang pamilya bilang inspirasyon sa pag-aaral ay isang napakagandang bagay para sa mga mag-aaral na nagrerebyu para sa pagsusulit ng *LET*. Sapagkat, hindi lang nito nabibigyan ang isang mag-aaral ng positibong pananaw kundi nagkakaroon din ng hinuha ang isang mag-aaral na hindi siya nag-iisa sa hamon na kinakaharap niya sa buhay lalong lalo na ngayon sa kanyang pagrerebyu para sa pagsusulit ng *LET*. Ang inspirasyon niyang ito ang magtutulak sa kanya na mas pagbutihin pa ang kanyang pagrerebyu para sa pagsusulit. Samakatuwid, kahit na anong mangyari ay hinding-hindi siya susuko dahil alam niyang ang kanyang pamilya ay palaging nandyan para sa kanya (Coser, 2019).

Lagpas pa sa pagiging pamilya ang tingin ng mga anak sa kanilang mga magulang. Sa bawat pagkatuto ng mga mag-aaral, kinakailangan nila ng motibasyon upang mas lalong matuto at mas lalong magkaroon ng rason upang magpatuloy sa pagrerebyu kahit pa sabihing nahihirapan na. Marami sa mga mag-aaral ang ginawang motibasyon ang pamilya sapagkat para sa kanila, sila ang nagiging lakas nila sa pagrerebyu para sa pagsusulit ng *LET* upang matuto kahit may kahirapan na hinaharap sa bawat asignatura. Ang

motibasyon ng mga mag-aaral ay ang kanilang pamilya dahil ang pamilya ay may malaking responsibilidad sa kanilang mga anak. Nagkakaroon ng interes ang mga mag-aaral depende sa kung ano ang ipinapakita ng pamilya sa kaniya (Costanos, 2020).

Kaugnay nito, kapag ginawa ng isang mag-aaral na matibasyon ang kanilang pamilya, mas magiging malinaw sa kanila ang kanilang pangarap. Sinasabing ang pamilya ang unang nagbibigay ng pagkatuto sa mga mag-aaral at may motibasyon man o wala, kinakailangang mabigyan ng pamilya ng isang paligid na kung saan mas natututo ang kanilang anak. Kapag nabigyan ng pamilya ng magandang kapaligiran na kung saan mas lalong matututo ang anak, mas magiging madali sa kanilang matuto lalong lalo na madali lang nila maunawaan ang kanilang napag-aralan. Sa ganoong paraan, mas pursigido ang mga naghahanda para sa pagsusulit na pagbutihan pa nila ang kanilang pagrerebyu dahil kumukuha sila ng lakas sa kanilang pamilya (Sharma at Sharma, 2018).

Bukod dito, ang tagumpay ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa motibasyon at inspirasyon nila. Sinasabing ang tagumpay sa hinaharap ay nakabatay sa tagumpay sa pagkatuto. Upang maging matagumpay sa pagkatuto, kinakailangan na maging pantay ang pagtingin ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral. Kapag ginawang motibasyon ng isang bata ang kani kaniyang pamilya at pangarap, may pagkakataon na magpupursige itong matuto at mas lalong magkakaroon sila ng inspirasyon na magrebyu ng mabuti para sa kanilang pamilya at pangarap (Rani at Reddy, 2019).

Ginawang Motibasyon ang Makapasa at Makamit ang Lisensya

Ang pagnanais na makapasa sa *Licensure Examination for Teachers* at makuha ang lisensya ay pangunahing motibasyon para sa mga nagrerebyu. Ang layuning makamit ang lisensya ay nagbibigay ng matibay na inspirasyon upang maglaan ng mas maraming oras at pagsisikap sa pagrerebyu. Ang pangarap na magkaroon ng propesyonal na lisensya ay nagpapalakas ng kanilang determinasyon, kahit na sa kabila ng mga hamon. Ang pagtuon sa layuning ito ay kritikal sa pagpapanatili ng kanilang motibasyon at dedikasyon habang naghahanda para sa *LET*. Ang ganitong pagtuon sa layunin ay tumutulong sa kanila na mapanatili ang sigasig at determinasyon upang makamit ang kanilang pangarap na maging ganap na guro (Cruz, 2019).

Dagdag pa, ang hangaring makamit ang lisensya sa *Licensure Examination for Teachers* ay nagbibigay ng lakas upang mas magbutihan pa nila ang kanilang pagrerebyu para sa pagsusulit. Ang pangarap na magkaroon ng opisyal na lisensya ay nagiging pangunahing inspirasyon, na nag-uudyok sa kanila na maglaan ng mas maraming oras at pagsisikap sa kanilang pag-aaral. Ang determinasyon na makuha ang lisensya ay nagsisilbing puwersa na nagpapalakas sa kanilang loob, kahit na sa kabila ng mga pagsubok at hirap na kanilang hinaharap. Ang pagtuon sa layuning ito ay mahalaga sa pagpapanatili ng kanilang motibasyon at dedikasyon sa pagrerebyu (Fernandez, 2021).

Bilang karagdagan, ang paghahanda para sa *LET* ay nagiging mas makabuluhan para sa mga nagrerebyu kapag ang kanilang motibasyon ay nakatuon sa pagkuha ng lisensya na matagal nilang minimithi. Ang pangarap na makapasa sa *LET* at makamit ang lisensya ay nagbibigay sa kanila ng malalim na inspirasyon, na nagtutulak sa kanila na maglaan ng higit pang oras at pagsisikap sa pagrerebyu. Ang layuning ito ay nagiging matibay na puwersa na nagpapalakas ng kanilang determinasyon, kahit na sa kabila ng mga pagsubok. Ang malinaw na layunin na ito ay hindi lamang nagbibigay ng pag-asa, kundi nagsisilbing konkretong dahilan upang magpatuloy sa kanilang pagsisikap, kaya't mas nakatuon sila sa kanilang pag-aaral at mas handa na magtagumpay sa *LET* (Mendoza, 2022).

Kaugnay pa rito, para sa mga nagrerebyu para sa pagsusulit ng *LET*, ang layunin na makapasa sa pagsusulit at makamit ang lisensya ay nagiging pangunahing motibasyon ng bawat mag-aaral na naghahanda para sa pagsusulit. Ang pagtuon sa layuning ito ay nagbibigay sa kanila ng malalim na inspirasyon, na nagpapatibay sa kanilang dedikasyon sa pag-aaral kahit na sa simula ng kanilang paghahanda. Ang malinaw na layunin na ito ay nagbibigay ng makabuluhang dahilan para sa kanilang patuloy na pagsusumikap (Rivera, 2021).

Ang pangarap na makapasa sa pagsusulit at makuha ang lisensya ay isa sa mga pinagkukunan ng lakas ng mga naghahanda para sa pagsusulit ng *LET*. Ang pagtuon sa layuning ito ay ginawa nilang motibasyon upang makamit nila ang kanilang mga pangarap, na nagpapalakas ng kanilang dedikasyon sa kanilang pag-aaral, kahit sa simula ng kanilang paghahanda. Sa bawat hamon na kanilang nararanasan sa kanilang paghahanda para sa *LET* rebyu ang makapasa at makamit ang lisensya ay isa sa nagbibigay ng lakas na loob upang magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok (Tan, 2023).

Pagiging Responsable at Handa sa Pagrerebyu

Ang pagiging responsable at maayos sa pag-organisa ng oras ay napakahalaga para sa tagumpay ng isang indibidwal. Ang pagbuo ng isang maayos na plano sa pagrerebyu at ang tamang paglalaan ng oras ay nagpapakita ng seryosong paghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers*. Ang pagiging sistematiko at responsable sa pagtugon sa mga materyales at takdang-aralin ay mahalaga sa epektibong pagkatuto. Ang mga nagrerebyu na nagpapakita ng ganitong pag-uugali ay mas mataas ang tsansa na makamit ang kanilang layunin, dahil ang kanilang pagiging handa at disiplinado ay tumutulong sa kanila na mapanatili ang pokus at matugunan ang mga kinakailangan ng pagsusulit (Mendoza, 2021).

Dagdag pa, Sa paghahanda para sa *LET*, ang pagiging responsable at handa ay napakahalaga nito sa bawat mag-aaral upang magtagumpay sa pagsusulit. Ang pagiging handa ng isang tao ay nagsisimula sa kaniyang sarili na marunong sya kung ano ang dapat na unahin nyang gagawin at ang pagsunod sa iskedyul na iyong ginawa ay malaking tulong sa iyong upang mas mapag-aralan mo ang mga bagay. Ang mga nagrerebyu na nagpapakita ng ganitong disiplina ay mas mataas ang posibilidad na magtagumpay, dahil ang kanilang pagiging handa (Ramos, 2022).

Bilang karagdagan, ang pagiging resoponsable ng isang indibidwal ay mahalaga sa mga unang yugto ng paghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers*. Dapat handa ang bawat mag-aaral sa pagsusulit ng *LET* upang maging maganda ang resulta kanilang pagsusulit. Ang pamamahala ng oras at pagpapanatili ang kahandahan ay nagbigay sa kanila ng laks ng loob na mapagtagumpayan ang pagsusulit ng *LET*. Ang mga nagrerebyu na may ganitong uri ng disiplina ay mas mataas ang tsansa na magtagumpay dahil ang kanilang organisasyon at kahandaan ay tumutulong sa kanila na manatiling nakatuon at makamit ang kanilang mga layunin (Johson, 2023).

Saka, isasaalang-alang rin na matanggap ng aking mga impormante ang mga benepisyo sa pakikipagtulungan sa akin. Kakailanganin nito ang pagbibigay ng paggamot sa lahat ng mga kasali kapwa sa pokus na talakayan ng pangkat at malalim na panayam. Sa paglaon, bibigyan ng pagkakataon ang mga impormante na ibaba ang kanilang mga pananaw batay sa mga karanasan na mayroon sila na magiging malaking sangkap sa paggawa ng pag-aaral na ito. Panghuli, sasabihan ko ang mga impormante para sa kanila upang maging mga kasosyo ko sa pananaliksik na makakatulong sa akin sa pagpapalaganap ng mga natuklasan ng pananaliksik para sa mga hangaring pang-akademik (Patton, 2019).

Ang pagkolekta ng datos ay ang paraan ng pagtitipon, pag-iipon, pagtatasa at pagsukat ng impormasyon sa isang itinatag na proseso. Kung saan pinagana ang mga mananaliksik sagutin ang ibinigay na mga katanungan sa pagsasaliksik, gabay para sa mga panayam, at suriin ang mga kinalabasan. Ang proseso ng pagkolekta ng datos ay karaniwan sa lahat ng larangan ng pag-aaral na kinasasangkutan ng agham, pantao, at negosyo (Mouton, 2001).

Ginamit ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang sa pagkolekta ng mga datos ng pananaliksik: una, sa pamamagitan ng purposive sampling na makatutulong upang makilala ng mananaliksik ang kanyang mga impormante. Kung saan naghanap ang mananaliksik ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng *purposive sampling* (Kyngas, 2011), na makakatulong sa pagkilala sa kanyang mga impormante. Hihilingin ng mananaliksik sa kanila na basahin at unawain ang form sa pahintulot at nabuong kasunduan bago nila ito pirmahan. Ang mga form na ito ay naglalaman ng kundisyon na tumutukoy sa pakikilahok ng impormante ay kusang-loob at nais nilang ibigay ang kanilang mga karanasan na mahalagang kinakailangan sa tagumpay ng pag-aaral na ito. Pangalawa, ang mga impormante ay bibigyan ng oryentasyon tungkol sa pag-aaral. Ang oryentasyon ay magsisimula sa isang pambungad na yugto na kung saan inilahad ang layunin ng pakikipanayam. Panghuli, mahalagang bigyang-diin na ang talakayan ay tungkol sa personal na pananaw at karanasan at samakatuwid ay walang hindi tama o maling sagot (Dornyei, 2007).

Ang paraang ginamit sa ginawang pangangalap ng datos ay sa pamamagitan ng mga *social networking sites*. Gayundin, sa panahon ng panayam, ang datos mula sa mga tugon ng mga impormante o kalahok ay naitala gamit ang mga smartphone. Ang naitala na datos ay ililipat ng mananaliksik bago ito isalin mula sa katutubong wika tungo sa wikang Filipino matapos ang pagsasalin ng datos, ang mananaliksik ay nakipag-ugnayan sa mga umuusbong na tema ng sumusunod na mga prinsipyo ng paksang pagsusuri.

Dagdag pa, ang mga nahango na tema ay ibinigay sa data analyst na ang kadalubhasaan ay nakahanay sa konsepto ng pananaliksik sa wika para sa pagpapatunay at pag-apruba. Ang kwalitatibong datos ay hindi pang-istatistika at karaniwang likas na hindi istraktura o semi-istraktura. Maaaring magamit ang datos na ito upang magtanong ng "bakit." Ito ay nag-iimbestiga at madalas na bukas-tapos hanggang sa magsagawa ng karagdagang pagsasaliksik. Ang pagbuo ng kwalitatibong datos ay ginagamit para sa mga teorya,

interpretasyon, pagbuo ng mga haypotesis, at paunang pag-unawa. Ang mga datos na ito ay maaaring mabuo sa pamamagitan ng mga teksto at dokumento, mga rekord ng audio mga imahe at simbolo, mga pagmamasid at tala (Pickell, 2019).

Gayundin, sa panahon ng mga panayam na gagawin sa *face to face* na panayam at sa hindi *online* naman ay audio *recording* ang datos mula sa mga tugon ng mga impormante o kalahok ay maitatala gamit ang mga smartphone. Ang naitala na datos ay ililipat ng mananaliksik at isasalin kung kinakailangan. Pagkatapos ng pagsasalin ng mga datos, ang mananaliksik ay makikipag-ugnay sa mga unuusbong na tema kasunod ng mga prinsipyo ng paksang pagsusuri. Panghuli, ang mga nahango na tema ay ibibigay sa *data analysis* ang kadalubhasaan ay nakahanay upang maging konsepto ng pananaliksik sa wika para sa pagpapatunay at pag- apruba (Chawich, 2017).

Pagkatapos, gumamit ako ng isang malalimang pakikipanayam sa mga Indibidwal na kalahok sa pangongolekta ng datos gamit ang multilingwal na pakikipanayam. Kung saan ang mga kalahok ay malayang sumagot sa wikang *Ingles*, Filipino, Cebuano o pinaghalo, o alinman sa tatlong wikang ito. Bago isinagawa ang pakikipanayam sa mga kalahok, nagsagawa muna ang mananaliksik ng isang panayam sa tagapayo o guro sa asignatura. Ito ay sa paghahanda sa kasiningan ng pagtanong at alamin kung ang mga kalahok ay sasagot ng direktahan sa mga katanungan o hindi.

Bilang karagdagan, upang magkaroon ng pagkapribado at pagiging kompedinsyal ng mga karanasan na ibinahagi ng mga kalahok. Ang mga larawan sa panahon ng mga panayam ay kinuha nang maayos. Pagkatapos ng lahat, ang mga datos ay itinala, sinuri at pinagpilian ng pinakamahalagang tema. Panghuli, binigyang diin din ng mananaliksik na ang talakayan ay tungkol sa mga personal na pananaw at karanasan ng mga kalahok at walang tama o maling sagot. Ang mga panayam na kwalitatibo ay nagaganap kapag ang mga mananaliksik ay nagtanong sa isa o higit pang mga kalahok sa pangkalahatan na may bukas na mga katanungan at itala ang mga sagot upang mangongolekta ng datos. Pinapayagan ng mga panayam ang mga kalahok na maging tagapanayam o makapanayam, upang pag-usapan kung paano nila binibigyang kahulugan ang kanilang buhay at isiwalat kung paano ang kalagayan mula sa kanilang sariling pananaw at saloobin.

Sa proseso ng pakikipanayam, nagsimula ang mananaliksik sa pamamagitan ng pagtatanong batay sa mga alituntunin sa pakikipanayam. Hihingi pa ng mananaliksik at idetalye pa ang sagot upang makakuha ng paliwanag mula sa kalahok. Samakatuwid, magsasagawa ang mananaliksik ng pamamaraan ng pakikipanayam at gagamit ng alituntunin sa pakikipanayam bilang pamamaraan ng pagkolekta ng datos. Samakatuwid, ang pagkakaroon ng pag-aaral ay nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na magkaroon ng kontrol ng pagkamit ng mga layunin sa pag-aaral mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na independiente magkaroon ng kontrol ng pagkamit ng mga layunin sa pag-aaral nakuha ang datos mula sa 14 na mga nakapagtapos ng *BSED* Filipino ng *KCAST* bilang mga pangunahing pagkuha ng kanilang mga iba't ibang pananaw at saloobin (Creswell, 2016).

Pagsusuri ng mga Datos

Sa aking pagsasaliksik, malinaw kong ibinahagi ang mga nakalap na datos at maingat na sinuri batay sa tunguhin at pangangailangan ng pananaliksik. Nailahad dito ang sapat na pagsusuri sa mga tugon ng partisipante upang mabuo ang mga resulta. Sa gayon, ang layunin ng pag-aanalisa ng datos ay upang mahanap ang karaniwang ideya upang masagot ang mga katanungan ng pananaliksik.

Sa konteksto ng aking pag-aaral, ayon kay Khan (2020), ang proseso ng kwalitatibong pag-aanalisa ng datos ay sumusunod sa limang hakbang na pangunahing hakbang. Kasama rito ang *data coding at thematic*

analysis, na aking ginamit upang masusing suriin ang aking mga datos sa aking pag-aaral.

Sa *data coding* sa kwalitatibong pagsusuri, ito ay tumutukoy sa pagtukoy at pag-label ng mga kategorya o *code* sa iba't ibang bahagi ng teksto na may kaugnayan sa tema ng aking pag-aaral (Khan, 2020). Aking isinagawa ang *coding* upang maikli ang mga datos at maiayos ito sa isang makabuluhang pagsusuri (Khan, 2020).

Pagkatapos kong makuha ang datos mula sa mga panayam, aking inayos ito, nang maayos at isinagawa ang pagsusuri sa mga ito upang malinaw na makuha ang mga pangunahing tema na naglalayong magbigay-linaw sa mga tanong at layunin ng aking pananaliksik.

Kasunod nito gagamitin ng mananaliksik ang pamamaraan ng tematikong pag-aanalisa. Ito ang teknik para sa pag-oorganisa at pag-interpret ng mga tema (Akinyode, 2018). Sa pamamagitan ng tematikong pag-aanalisa, matutukoy ng mananaliksik kung ano ang nakapaloob sa interpretasyon ng kaso gamit ang teorya. Ang tematikong pag-aanalisa ay isang tanyag na pamamaraan sa pagsusuri ng kwalitatibong pananaliksik. Nagbibigay ang artikulo ng sunud-sunod na gabay kung paano maaaring gamitin ng isang baguhang mananaliksik ang tematikong pag-aanalisa. Ang tematikong pag-aanalisa ay pangunahing teknik ng pagsusuri na kailangang tukuyin at ilarawan ang katatagan at kalidad ng kwalitatibong pananaliksik. Ang tematikong pag-aanalisa ay isang mahalagang kasangkapan sa pagbibigay ng komprehensibong interpretasyon ng mga karanasan ng mga kalahok. Magagampanan ng mananaliksik ang pagtukoy sa mga mahalagang tema na may kaugnayan sa layunin ng imbestigasyon (Braun at Clarke, 2006).

Sa pagsasagawa ng aking pag-aaral, kasama sa aking pamamaraan ang tematikong pagsusuri ng datos. Layunin nito ang pag-pokus, pag-identipika, at paglalarawan ng mga ideya na maaaring *explicit o implicit* na makita sa aking mga nakalap na datos, na makakatulong sa pagkilala at pagsasaayos ng mga temang lumitaw. Ginamit ko ang mga itinakdang *code* gamit ang aking sistema ng *coding* upang maipakita at mailarawan ng maayos ang mga tema na nakita sa aking mga datos. Ang aking inaasahan ay ang makakatulong itong proseso ng tematikong pagsusuri sa pagsasalin ng mga pahayag at kahulugan mula sa mga panayam ng mga partisipante. Ang mga *code* na aking ginawa ay nag-ambag ng malaki sa maingat na pagbuo ng mga temang nagmula sa aking pagsusuri, na naglalayong malinaw na maipahayag ang mga pagsubok.

Pagtitiwala sa Kawastuhan at Katotohanan sa Pag-aaral

Sa kwalitatibong pananaliksik na ito, upang matugunan ang kredibilidad ng pag-aaral, bibigyan ko ng pinakamahalagang prayoridad ang tiwala sa kawastuhan sa kwalitatibong pananaliksik na ito. Ayon kina Lincoln at Guba (1985), ang apat na salik na kailangang isalang-alang para sa tiwala sa kawastuhan ay halaga para sa katotohanan (para sa kredibilidad), pagiging akma (para sa *transferability*), consistency (para sa *dependability*), at neutralidad (para sa *confirmability*).

Ang katotohanan ay tumutukoy sa kung ang resulta ng pag-aaral ay nagrerepresenta ng isang kapani-paniwalang konseptwal na interpretasyon at pagsusuri ng mga datos mula sa orihinal na datos ng mga partisipante (Lincoln & Guba, 1985). Ang mga pamamaraang ito ay makakatulong upang matiyak na ang mga natuklasan ay tumpak at tunay na nagsasalaman ng mga karanasan at pananaw ng mga partisipante. Upang matugunan ang isyu ng kredibilidad, gagamit ako ng ilang mga pamamaraan tulad ng trayanggulasyon, paulit-ulit na pagtatanong, at member checking.

Isang mahalagang yugto sa pagpapalakas ng bisa ng mga resulta ng pananaliksik ang trayanggulasyon, na maaaring magsama ng iba't ibang pamamaraan sa pagkolekta ng datos, mga komento at kakayahan ng

mga tagapag-analisa, at ang paggamit ng iba't ibang teorya upang i-validate at i-verify ang mga resulta (Creswell, 2013).

Sa pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay magsasagawa ng trayanggulasyon ng mga datos na nakuha mula sa mga kalahok sa mga malalim na panayam at pangkatang talakayan. Ayon kina Lincoln at Guba (1985), gagamitin ang paulit-ulit na pagtatanong upang makuha ang mga pangunahing ideya at sagot upang suriin ang kawastuhan ng mga natuklasan. Ang paulit-ulit na pagtatanong ay tumutulong sa akin na makuha ang mahahalagang datos para sa aking pag-aaral at tinutulungan akong alisin ang mga sagot na hindi kaugnay dito. Upang matiyak ang kredibilidad, tinitiyak ko rin na isasagawa ang member checking matapos makolekta ang mga datos (Lincoln at Guba, 1985).

Sa aking pag-aaral, sisiguraduhin kong mabigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na suriin kung tama ang impormasyong kanilang ibinigay at upang tiyakin ang bisa ng mga natuklasan sa pananaliksik matapos makolekta ang lahat ng datos at maisalin ito sa tulong ng aking tagapayo at tagapag-analisa ng datos. Magbibigay ito ng mas malalim na pagsusuri sa parehong proseso ng pag-unawa sa mga datos at ang mga resulta sa pamamagitan ng pagsisiyasat at pag-verify ng katotohanan ng kanilang mga pahayag (Lincoln & Guba, 1985). Ang prosesong ito ay nagbibigay daan sa mga kalahok na repasuhin ang kanilang mga sagot, na nagpapataas ng antas ng pagiging totoo at kredibilidad ng mga natuklasan. Tinitiyak nito na ang mga resulta ng pananaliksik ay tapat na kumakatawan sa pananaw at karanasan ng mga kalahok.

Ang transpiralidad na ang mga resulta ay maaaring gamitin sa iba pang mga sitwasyon. Upang maisagawa at mailipat ang mga datos na magagamit sa iba't ibang kaugnay na konteksto ng pag-aaral, mahalagang bigyang-diin ang mga karagdagang impormasyon (Creswell, 2014). Kapag mayroong *transperability* sa aking pananaliksik, magsasagawa ako ng isang masusing at malalim na pagpapaliwanag ng aking pamamaraan at ang penomenon na nakatuon sa aking imbestigasyon. Sisiguraduhin ko rin na ang lahat ng aking datos ay nakaayos upang ang aking pananaliksik ay kredible at tama sa aspeto ng *transperability*. Sa ganitong paraan, magiging mas madali itong mailapat sa mga susunod na pananaliksik at makakatulong sa pagpapalago ng kaalaman sa larangan.

Ang pagkamaasahan ay pagtatala sa mga kalidad ng pinagsamang proseso sa pagkolekta ng datos, pagsusuri ng datos, at penomenolohikal na pagpapaliwanag ay tinutukoy bilang pagkamaasahan, na nagsisiguro ng konsistent at maaasahang mga resulta sa paglipas ng panahon. Binibigyang-diin nina Lincoln at Guba (1995) ang malapit na ugnayan ng kredibilidad at pagkamaasahan, at binanggit nilang ang kredibilidad ay kailangang ipakita upang matiyak ang pagkamaasahan, na maaaring makamit sa pamamagitan ng "*overlapping methods*," tulad ng mga *focus group* at *in-depth interviews*.

Ang pagkamaasahan ay isang pangunahing prayoridad sa aking pananaliksik, at tinitiyak kong ang mga susunod na mananaliksik na magsasagawa ng katulad na pag-aaral ay mas maiintindihan ang mga hakbang na isinagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng lahat ng detalye ng mga pamamaraang ginamit ko. Bukod dito, inilapat ko ang "*overlapping method*" sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagkolekta ng datos, kabilang ang mga pangkatang talakayan at palalim na panayam, at isinagawa ang trayanggulasyon sa mga nakalap na datos, pati na rin ang pagbibigay ng mga *interview guide questions*.

Panghuli ang *confirmability* ay isang mahalagang bahagi ng pananaliksik upang matiyak na ang mga resulta ay hindi naapektuhan ng mga personal na paniniwala o pananaw ng mananaliksik. Sa ganitong paraan, makakatiyak ang mga mananaliksik na ang mga datos at konklusyon ng kanilang pag-aaral ay batay sa mga partisipante, at hindi sa mga panlabas na impluwensya. Mahalaga rin ito sa pagpapalakas ng kredibilidad at pagiging maaasahan ng proseso ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapakita ng *transparency* sa bawat hakbang. Dahil dito, nagiging mas bukas ang mga resulta ng pananaliksik para sa

pagsusuri at pag-audit ng ibang mga eksperto sa larangan (Crabtree at Cohen, 2008). Ang *confirmability* ay tumutukoy sa antas kung saan ang mga datos na nakolekta ay sumusuporta sa mga resulta ng pananaliksik (Lincoln & Guba, 1985).

Ang masusing paglalarawan ng mga proseso na isasagawa ay nagpapadali upang maunawaan kung paano nakalap ang mga datos sa pananaliksik. Ang mga hakbang na isinagawa sa bawat yugto ng pananaliksik ay maaaring subaybayan at mapatunayan sa pamamagitan ng audit trail, na nagpapataas ng integridad at pagiging lehitimo ng mga resulta. Ang audit trail, na nagpapahintulot sa mga mambabasa na masubaybayan ang mga hakbang na isinagawa sa pananaliksik, ay ang pinakamahirap na bahagi ng proseso ng confirmability, ayon kina Guba at Lincoln (1995).

Sa aking pag-aaral, tiniyak kong ang mga datos ay ligtas na nakalap upang madali itong suriin at itama ng aking tagapayo at research panel, kung kinakailangan, gamit ang tumpak at malinaw na mga pinagkukunan. Mahalaga ito upang mapanatili ang transparency at kredibilidad ng aking pag-aaral sa buong proseso ng pagnanaliksik.

Pagsasaalang-alang sa Paniniwalang Moral

Ayon sa sinabi ni Resnik (2011), na ang isang pag-aaral ay dapat magpakita na isinasaalang-alang ng mananaliksik ang mga moral at etikal na prinsipyo. Sinunod ng lahat ng mananaliksik ang mga etikal na alituntunin, kabilang ang respeto sa mga tao, katarungan, pahintulot, at lihim (Macken et al., 2005). Ang mga hakbang na ito ay nagsisiguro na ang lahat ng aspeto ng pag-aaral ay isinagawa nang tapat at may malasakit sa mga kalahok. Upang mapanatili ang integridad ng buong proseso ng pananaliksik, mahalaga ang pagsunod sa mga etikal na pamantayan. Pinapalakas nito ang tiwala ng komunidad at ng mga kalahok sa bisa ng mga resulta ng pag-aaral.

Ang mananaliksik ay may responsibilidad na **irespeto** ang mga tao sa pamamagitan ng pagsigurado na ang pag-aaral ay hindi pagsasamantalahan ang mga kahinaan ng mga kalahok. Upang mapanatili ang aming magandang ugnayan at mutual na pagtitiwala, isinasaalang-alang ko ang aking paggalang sa mga kalahok, lalo na ang kanilang mga karapatan. Humingi ako ng pahintulot mula sa mga kaukulang awtoridad kung saan kinuha ang mga datos para sa pag-aaral. Bukod pa rito, tiniyak ko na ang anumang impormasyong nakalap ay hahawakan ng may pinakamataas na antas ng lihim at gagamitin lamang para sa pananaliksik. Pagkatapos nito, humingi rin ako ng pahintulot mula sa tagapangasiwa ng paaralan bago simulan ang pagsisiyasat (Creswell, 2012).

Ang liham pahintulot ay mahalaga rin upang ipakita ang konsiderasyon para sa lahat ng mga kalahok (Creswell, 2012). Sa pamamagitan nito, maaaring tiyakin ng mga kalahok ang kanilang sariling desisyon na makilahok sa pag-aaral at sila ay nabibigyan ng impormasyon tungkol sa layunin nito. Ang liham na ito ay naglalaman ng personal na impormasyon tungkol sa mananaliksik pati na rin ang pangunahing layunin ng pag-aaral. Tinitiyak din nito na ang mga kalahok ay sapat ang kaalaman at nagbibigay ng kanilang pagsang-ayon sa bawat yugto ng pag-aaral.

Bukod doon, ang mga pinakamahalagang etikal na konsiderasyon ay kinakatawan din ng mga sumusunod na 10 punto, na nagsasaad na ang mga kalahok sa pag-aaral ay hindi dapat mapinsala sa anumang paraan. Mahalaga na unahin ang dignidad ng mga kalahok sa pag-aaral. Dapat magbigay ng buong pahintulot ang mga kalahok bago magsimula ang pag-aaral. Dapat tiyakin ang proteksyon ng pagkapribado ng mga kalahok. Dapat matiyak ang mataas na antas ng pagiging kompidensiyal ng mga datos ng pananaliksik. Dagdag pa rito, kinakailangang tiyakin ang privacy ng mga pagkakakilanlan ng mga tao at organisasyong lumalahok sa pag-aaral. Ang mga layunin at mga hangarin ng pananaliksik ay hindi dapat maling ipahayag

o palakihin. Dapat ideklara ang anumang posibleng salungatan ng interes at ang mga ugnayan sa mga pinagkukunan ng pondo. Ang lahat ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay dapat isagawa ng tapat. Panghuli, pinakamahasag na iwasan ang anumang maling impormasyon at kampi na pagpapakita ng mga mahahalagang natuklasan (Bryman & Bell, 2007).

Isang obligasyon ng mananaliksik na igtalang ang awtonomiya, paggawa ng desisyon at dignidad ng mga kalahok. Iniiwasan ang kasarinlan sa sarili upang mapanatili ang tiwala, pagkakaibigan at kumpiyansa sa pagitan ng mga kalahok at mananaliksik. Samakatuwid, sa pagbuo ng isang kamalayan sa mga isyung ito at isang mabisang balangkas upang harapin ang mga problema na kinasasangkutan ng karapatang pantao, ito ay mahalaga upang magkaroon ng mga termino sa isyu ng mga kahalagahan ng mananaliksik na kaugnay sa mga karapatan ng isang indibidwal (Mantzorou et. al., 2018).

Sa kontekstong ito, ipinapakita lamang na ang pagbibigay respeto sa mga partisipante ay nangangahulugang nirespeto rin ng mananaliksik ang kanyang pag-aaral. Ang pagbigay ko ng respeto sa kanila katulad ng pormal na pagbibigay ng liham pahintulot at pagtanong sa kanila kung gusto ba nilang makibahagi sa pag-aaral na ito ay nagpapakita na seryoso ako sa mga inihanda kong katanungan maging na rin sa seryoso ako na makatanggap din ng mga totoong sagot mula sa kanilang naging karanasan sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu at maging na rin sa sasali paghahanap ng tamang panumbas.

Isinaalang-alang ko rin ang prinsipyo ng **beneficence**, na nagbibigay-diin sa paggalang sa mga partisipante, pagsiguro sa kanilang kaligtasan, pagbabawas ng posibilidad ng kapahamakan, pag-optimize sa mga posibleng benepisyo ng pag-aaral, at pagpapababa ng mga panganib para sa parehong partisipante at mananaliksik. Sa ganitong paraan, masisiguro ng proseso ng pananaliksik na ang kapakanan ng lahat ay binibigyang-prioridad habang pinapanatili ang balanse sa pagitan ng mga panganib at benepisyo (Creswell, 2007).

Sa kontekstong ito, nangangahulugan lamang na dapat panatilihin ang balanse ang lahat at iwasan ang mga panganib. Ang mga benepisyo ng pag-aaral na ito ay maaaring magmula sa pakikilahok, pagkilala, o pagkakaroon ng pagkakataong makagawa ng positibong epekto sa komunidad.

Pahintulot. Kinakailangan ng pagpapakita ng paggalang sa mga impormante sa panahon ng pagsasaliksik. Ito ay upang magkaroon ng kamalayan ang mga kalahok sa layunin at hangarin ng pag-aaral ng pananaliksik. Ang isa sa mga pundasyon ng etika sa pagsasaliksik ay ang ideya ng kaalamang pahintulot. Sa madaling salita, dapat na maunawaan ng mga kalahok na nakikilahok sila sa pagsasaliksik at kung ano rin ang hinihingi sa kanila ng pananaliksik. Tulad ng impormasyon ay maaaring isama ang layunin ng pagsasaliksik, ang mga pamamaraan na gagamitin, ang mga posibleng kinalabasan ng pananaliksik pati na rin ang nauugnay na mga hinihingi, hindi pagka komportable, abala at mga panganib na maaaring harapin ng mga kalahok. Samakatuwid, ang masidhing pahintulot ay ibibigay upang makuha ang kanilang pag-apruba (Orb at Eisenhauer, 2018).

Upang sa pagsang-ayon ay pormalisado upang protektahan ang karapatan ng mga tao na pinili kung gusto o ayaw nilang makilahok sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagpalakas ng mga ugnayang pananaliksik na nakabatay sa "pagtitiwala at integridad." Ang katotohanan na ang desisyon ng isang tao ay boluntaryo at batay sa tamang kaalaman tungkol sa mga implikasyon ng paglahok sa pananaliksik ay isang mahalagang pangangailangan para sa bisa ng pagsang-ayon (Klykken, 2021).

Sa Kontekstong ito, hinikayat ang mga kalahok na gumawa ng mga pinag-aralan na mga pagpasya at lumahok nang boluntaryo upang sumunod sa mga etikal na pamantayan sa pagsagawa ng pananaliksik. Bukod dito, ipinaalam ng mananaliksik sa mga kalahok na may karapatan silang magtanong sa panahon ng panayam, karapatan na tumanggi na sagutin ang mga sensitibong tanong, at karapatan na umalis sa

panayam nang walang anumang paliwanag. Kung umalis ang mga kalahok sa gitna ng panayam, igalang ng mananaliksik ang desisyon ng mga kalahok na hindi tapusin ang panayam. Tiniyak ng mananaliksik na bawat kalahok ay may kahandaan at determinasyon na makapag-ambag sa tagumpay ng pag-aaral na ito. Bukod dito, kapag ini-*interview* ang mga kalahok, hiniling ng mananaliksik ang pahintulot upang mairekord ang buong pag-uusap upang makuha ang buong panayam ng kanilang mga karanasan.

Pagiging Kompidensyal patungo sa mga resulta at matutuklasan, kabilang sa pag-iingat para sa mga kalahok, gagamitin ang coding system. Ibig sabihin, ang mga pagkakakilanlan ng mga kalahok ay maitatago sa lahat ng mga materyal na gagaamitin kabilang ang maitatala na audio recording, naka-encode na mga sipi, tala at iba pa ay dapat sirain pagkatapos masuri ang data. Samakatuwid, pagkatapos ilagay ang datos na nakalap mula sa mga video at audio recordings tungo sa teksto, tatanggalin ko ang lahat ng datos upang masiguro ang privacy ng mga kalahok (Westhuizen, 2020).

Ang pagiging kumpidensyal sa pagitan ng mananaliksik at paksa ng pananaliksik ay dapat ituring bilang isang obligasyon para sa mananaliksik at isang karapatan para sa paksa ng pananaliksik. Ang bawat tao'y may karapatang higpitan ang pag-*access* ng iba sa ilang uri ng impormasyon tungkol sa kanilang tao. Ang paggalang sa indibidwal ay dapat isaisip dito, dahil ang personal na datos ay maaaring magiging mali ang paggamit. Kahit na walang ganoong maling paggamit, maaari ko itong maging hindi kasiya-siya at nakakapinsala kung ang sensitibong impormasyon ay naliligaw. Nalalapat ito una at pangunahin sa mga indibidwal at kanilang mga pamilya ngunit nangangailangan din ng pagsasaalang-alang ang mga grupo at institusyon (Torp, 2015).

Sa kontekstong ito, ang pag-iingat ko sa mga personal na datos ng mga partisipante ay nangangahulugan lamang na nire respeto ko silang lahat. Mahalagang mapanatili ang konpidensyalidad ng lahat na kanilang naibigay tulad na lamang ng totoo nilang pangalan na pinalitan ng ngalang-sagisag. mga sagot na kanilang nasambit, mga opinion na kanilang iniahayag maging ng mga pasumbaling na hindi dapaat marinig o malaman ng iba. Hindi ito dapat mapakinggan ng ibang tao dahil baka magamit ito sa mang paraan at baka na rin masira ang tiwala ng kanilang tagatanong at tagasaliksik.

Katarungan tumutukoy sa obligasyong pakitunguhan ang mga tao nang patas at pantay. Ang pagiging patas at pagkakapantay-pantay ay kinakailangan pagtrato sa lahat ng mga tao, hindi alintana kung sino at at pag-aalala at patas na pamamahagi ng mga benepisyo na nabuo mula rito. Mapipili ang mga kalahok mula sa mga pangkat ng mga tao na maaaring makinabang sa pananaliksik. Samakatuwid, ang pagkilala sa kontribusyon ng lahat ng mga kalahok ay dapat na naka-highlight dahil sila ay nagbigay ng isang malaking bahagi ng tagumpay ng pag-aaral. Pasisimulaan na ang mga kalahok ay dapat bigyan ng isang kredito sa kanilang pakikilahok sa pananaliksik (Eisenhauer, 2018).

Sa kontekstong ito, ipinapakita lamang na ang pagbibigayay respeto sa mga partisipante ay nangangahulugang nire respeto rin ng mananaliksik ang kanyang pag-aaral. Ang pagbigay ko ng respeto sa kanila katulad ng pormal na pagbibigay ng liham pahintulot at pagtanong sa kanila kung gusto ba nilang makibahagi sa pag-aaral na ito ay nagpapakita na seryoso ako sa mga inihanda kong katanungan maging na rin sa seryoso ako na makatanggap din ng mga totoong sagot mula sa kanilang nagging karanasan at maging na rin sa sasali paghahanap ng tamang panumbas.

Kabanata 3

RESULTA

Ang kabanata na ito ay naglalahad ng mga nabuong mahahalagang datos sa pananaliksik. Ang mga datos ay nakuha sa ginawang pakikipanayam mula sa isa-isang panayam at pangkatang panayam. Nairekord

din ito gamit ang *mobile phone*, ang tugon nila ay sinalin, sinuri at maingat na tinasa para maging tumpak na pagkategorya ng tema. Labing-apat (14) na kalahok ay ang mga piling mag-aaral na nakapagtapos ng *BSED* Filipino ng *KCAST* na nagbahagi ng karanasan, saloobin at pananaw hinggil sa kanilang danas sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Ang mga datos ay binuod at inilahad gamit ang mga talahanayan upang pakita ang temang namutawi gayundin ang mga pansuportang pahayag ng mga partisipante sa pananaliksik na ito.

Sa kabuoan, ang bahaging ito ay naglahad ng mga detalye ng mga resulta ng pagsusuri upang masagot ang mga katanungan sa pananaliksik:

1. **Ano-ano ang mga karanasan na hinarap ng mga nakatapos na Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu?**
2. **Paano nalampasan ng mga nakatapos sa Filipino Medyor ang mga karanasan na hinaharap sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu?**
3. **Ano-ano ang mga mithiin at pananaw na maaaring imungkahi niyo sa kapwa nakatapos ng Filipino Medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu?**

Sa kabanata na ito ay nahahati sa apat na parte. Ang nalikom na datos mula sa mga partisipante mula sa kwalitatibong pag-aaral ay talakayin sa unang bahagi. Ang pamamaraan sa pagsusuri ng datos at hakbang na ginawa para mauri ang temang lumitaw galing sa talakayan ng *focus group* at *in-depth* na panayam ay tinalakay sa ikalawang bahagi. Ang mga sagot sa panayam na nauugnay sa katanungan sa pananaliksik ay tinalakay sa ikatlong bahagi. Ang mga tugon ng mga partisipante sa pag-aaral ay binuod sa ikaapat na bahagi. Tinitiyak ng ganitong format ang masusing at organisadong presentasyon ng mga konklusyon at natuklasan mula sa proseso ng pananaliksik, partisipante sa pananaliksik.

Mga Kalahok

Ang mga partisipante sa pananaliksik ay mga piling nakapagtapos ng Batsilyer ng Sekondaryang edukasyon medyor sa Filipino ng *KCAST* na may karanasan sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, gaya ng nakalarawan sa Talahanayan 1, mayroong labing-apat (14) na partisipang kasangkot sa pag-aaral na ito, pito (7) ang isa-isang panayam at pito (7) ang pangkatang panayam.

Lahat ng kalahok ay sumagot sa parehong tanong. Sa pagpili ng partisipante ay batay sa partisipasyon karanasan bilang mga nakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, na natukoy ng mananaliksik at napatunayan sa pamamagitan ng personal na pahayag na ibinigay ng kalahok.

Ang pinalalim na interbyu ay ginawa sa pamamagitan ng pag-rekord gamit ang *mobile phone* na panayam dahil mas magiging kumportable ito sa kanilang oras ng kagustuhan, na nagbibigay-daan at para maganda ang pagpakahulugan. Bukod dito, maring tuwirang mabigyan ng linaw at sumagot sa mga sumusunod na katanungan, na nagtataguyod ng mas malawakang pagkaunawa sa mga karanasan sa kalahok. Maraming partisipante ang humiling ng *softcopy*. Ang mga *softcopy* ay maayos na ipinamahagi sa kanila batay sa kahilingan ng partisipante. Dapat igalang nga mananaliksik ang desisyon ng mga kalahok na humiling ng pag-aayos at pagpapaliban ng panayam dahil sa kanilang mahahalagang dahilan na may kinalaman sa kanilang personal na mga gawain Isinaalang-alang ng mananaliksik ang online bilang isang mahalagang salik upang makamit at matiyak ang katumpakan at kredibilidad ng pananaliksik.

Pagkategorya ng mga Datos

Pagkatapos ang panayam, inerekord ang talakayan ay itinala, isinalin at sinuri pagkatapos ng isinagawang isa-isang interbyu at pangkatang panayam. Sa pagsusuri, isinagawa ang tatlong

Talahanayan 1
Mga Partisipante sa Pag-aaral

In-Depth Interview (Ngalang Sagisag)	Edad	Kasarian	Code
1. John	24	Lalake	IDI-01
2. Jean	24	Babae	IDI-02
3. Marg	25	Babae	IDI-03
4. Meang	25	Babae	IDI-04
5. May	25	Babae	IDI-05
6. Franz	25	Lalake	IDI-06
7. Van	24	Lalake	IDI-07
Total= 7			
Fucos Group Discussion (Ngalang Sagisag)	Edad	Kasarian	Code
1. Sheene	24	Babae	FGD-01
2. Jonz	25	Babae	FGD-02
3. James	24	Lalake	FGD-03
4. Rivz	25	Lalake	FGD-04
5. Norz	26	Babae	FGD-05
6. Dian	25	Babae	FGD-06
7. Josh	24	Lalake	FGD-07
Total=7			

mahalagang hakbang pagsasaayos ng mga datos, paglalahad na naisasaayos ang datos at konklusyon. Ang temang lumitaw na ginamit na batayan para sa pagtalakay sa kabuuan ng penomenong pinag-aralan.

Sa pagsasaayos ng datos, lahat ng tugon ng kalahok ay isinalin, pinangkat at isinaayos. Pagkatapos nito ay ang paglalahad ng mga naisasaayos na mga datos sa Talahanayan 3, 4 at 5. Nakapaloob naman sa konklusyon ang mga pangunahing temang nabuo batay sa mga tugon ng mga impormante sa pananaliksik. Ang unang hakbang na aking isinagawa ay ang pagsasaayos ang nalikom kong datos. Ang aking nakalap na datos ay hinimay, pinangkat at kinategorya batay sa katanungan ng pananaliksik na kinabibilangan para masuri ang bawat tugong pagmumulan ng tema. Ang mga temang lumitaw ay ginamit upang palutangin ang kabuuang deskripsyon ng penomenong pinag-aaralan. Ang mga naging kinalabasan ay inilahad gamit ang talahanayan. Ang mga temang lumitaw ay maayos na itinalakay at inilahad ang tugon ng impormanteng mahigpit ng nagpapatibay ng bawat tema.

Ang ikalawang hakbang naman ay paglalahad ng naisaayos na datos sa Talahanayan 3, 4 at 5. Ang paglalahad ng datos sa talahanayan ay isinunud ng paggamit sa tatlong klasipikasyon. Ang unang klasipikasyon ay ang *general* o kabuuan na nangangahulugang hindi bababa sa 50 bahagdan ng mga

kalahok ang bumanggit ng ganoong tugon nang mangyari sa panayam; ikalawang klasipikasyon ang tipikal na nangangahulugang 25 hanggang 45 bahagdan ang nagsabing ganoong tugon; pangatlong klasipikasyon naman ang *variant* na nangangahulugang hindi umabot ng 25 bahagdan Ang tumugon ng ganoon (Amparo, 2011). Nabubuo at namamalas ang mga pangunahing ideya ukol sa mga naging kalabasan (Miles at Huberman, 1994).

Unang Katanungan sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga karanasan na hinarap ng mga nakatapos na Filipino Medyor sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu?

Ang karanasan ng nakapagtapos ng Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Upang masagot ang unang katanungan ng pananaliksik, isinagawa ang *isa-isang panayam at pangkatang talakayan* sa partisipante Upang hindi malimitahan ang mga kasagutan at maihayag ng malinaw ang mga buh na karanasan ng mga nakapagtapos na Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, may inihandang mga katanungang kaugnay sa pangunahing tanong ng pag-aaral. Matapos suriin at unawaing mabuti ang mga pahayag ng mag kalahok sa pag-aaral, (4) ay Apat pangunahing tema ang lumitaw: Una ay ang Mataas na ekspektasyon ng Pamilya, Kakulangan ng Pera, Pagiging Positibo Palagi at

Talahanayan 2

Tema at mga idea sa mga Nakapagtapos na Filipino Medyor sa Pakikipagsapalaran sa LET Rebyu

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
<p>Nagkakaroon ng Presyon Dahil sa Mataas na Ekspektasyon ng Pamilya</p>	<ul style="list-style-type: none"> • “<i>Ang mga karanasan na kinakaharap ay ang pressure lalo na sa isang tulad ko na nagtapos na may latin honor, mataas kasi ang expectation sa akin ng mga tao lalo na ng. So, parang, parang naitanim ko sa aking isip na kailangan akong pumasa and there's no room for failure ika-nga.</i>” (FGD-01) • “<i>Para sa akin Isa sa mga karaniwang problema ay ang expectation ng pamilya, ang ekpektasyon kasi na aking pamilya sa akin ay mataas kaya isa ito sa karaniwang problema na aking karaniwang naranasan.</i>” (IDI-01) • “<i>Naging pinakamalaking hamon sa akin ang pressure mula sa mga inaasahan sa akin ng aking pamilya. Sapagkat kailangang mong...mong patunayan ang iyong sanli at mabigyang hustisya ang</i>

	<p><i>mga pinahirapan nila sa iyong pag-aaral hanggang sa iyong rebyu kasi mataas ang kanilang expectation sa akin.”(IDI-02)</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>“Para sa akin noh is ang motibasyon ko ang sitwasyon namin sa buhay dahil gaya ng sinabi ng aking mga magulang, ako na lamang daw ang pag-asa sa aming pamilya kung kaya ginawa kong challenge sa sarili ko na hindi ko kailanman e-disappoint ang pamilya ko kasi mataas ang kanilang expectation sa akin. So habang nagrereview, pinanghahawakan ko ang pangako ko para sa pamilya ko na papasa ako by God's grace.” (IDI-05)</i>
<p>Nagkakaroon ng Hamon Dahil sa Kakulangan sa Pinansyal</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Ang pera talaga noh, ang kakulangan sa pera ay isa sa kaniwang probema na nararanasan, sapagkat alam naman natin na bilang estudyante ay napakaraming bayarin na dapat mo bayaran.”(IDI-01)</i> • <i>“Ang karaniwa aniwang problema na aking Ang alaran sa LET nararanasan sa pak pakikipagsap sapalaran rebyu ay ang kakulangan pinansyal mahirap mag rebyu kung kulang ka pera sapa pagkat ahh maraming bayarin while nagrerebyu tulad ng ahmm mga rebyu materyals allowance bayad ng boarding house ahhm pambili ng pang araw-araw Na pangangailangan while nag rerebyu pamasahе kasi may mga times na pumupunta kami ng davao para sa majorship namin sa filipino so mahirap talaga mag rebyu ka na kulang ka sa budget.” (FGD-02)</i>

- *“Ahm, saganang akin noh, alam ko na lahat, sa mga filipino medyor na nakatapos sa kursong ito malaki or maraming karanasan sila unang-una isa sa pinansyal dahil ahm..... kaag wala kang sapat ng pera pantustos sa mga gastusin sa pang araw-araw mo ay magiging hadlang yan sa ahm, sa pagpapatuloy mo sa pag-aaral isa yan sa mga naranasan ko noh.” (FGD-03)*
- *“Ang kakulangan sa pinansyal ba aspekto dahil kahit sabihin mo pa na handa ka na ang iyong bulsa ay parang kumakalam na sikmura, talagang wala akong magagawa. Ang kakulangan sa pinansyal talaga ay...ay isa sa aking pinakamalaking hamon na hinaharap sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu. Minsan gusto ko na ayaw muna ipagpatuloy ang aking pagrerebyu dahil sa kakulangan ng pinansyal nong ako ay nagrerebyu nag pa lamang.” (FGD-04)*
- *“Ang naging karaniwang problema ko talaga is yung financial talaga. Basta mag take man gud kag review di gyud maiwasan nga gasto gyud sya. Kay daghan gyud baya ta gastuhan noh pareha anang boarding house, pagkaon nato ug ang pamasaha padulong ug pauli sa boarding house so ma engon gyud nako na pinnansyal gyud ang akoang karaniwang problema kasi yan e naranasan ko talaga ehh noh ako ay nagrerebyu pa lamang. (FGD-05)*
- *“Para po sa akin ang karaniwang problema na aking nararanasan sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu*

	<p><i>ay ang kakulangan nga pinansya po, dahil sa aking parerebyu po hindi talaga maiwasan na maraming gastuhan po, halimbawa na lamang nito po ay ang ano po, ang boarding house sapagkat ako ay nangungupahan, pambali ng pagkain, pamasaha ko pa po papunta ng review center.”(FGD-07</i></p>
<p>Nahihirapan Balansihin ang Oras sa Pagrerebyu at Trabaho</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Maging Responsable sa pag manage ng time dahil hindi lang naman pag re-review ang aking responsibilidad, at ahhhhh....mayroon kasi akong trabaho para matustusan ang bayarin sa let review dahil kapos po ako sa pera upang mabayaran ito.” (IDI-03)</i> • <i>“Talagang hindi madali dahil binabalanse yung oras ko sa pagtatrabaho at pag rereview. Grabe yung pagod sa araw-araw na pa ulit-ulit mong nilalaban kahit alam mo sa sarili mo na.....na walang kasiguruhan kung magbubunga ito ng maganda sa bandang huli Gabi-gabi ko ipinagdarasal noh, na sana palarin akong makapasa noh, dahil hindi biro ang aking inilaang oras sa pag rereview kahit paman ako ay pagod na.” (FGD-04)</i> • <i>“Isa sa natuklasan ko na dapat isaalang-alang bilang Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa</i>

	<p><i>LET rebyu na kailangan isaalang-alang ang Oras o time management. Sapagkat, hindi madali Lalo na sa akin na may trabaho at the same time ay nagrerebyu. Kinailangan Kong isakripisyo ang Oras na dapat sana ay pahinga ko.”(ID1-06)</i></p> <ul style="list-style-type: none">• <i>“Pinakamalaking hamon na hinarap is kanang sa time management gyud kay aside sa ga take kog review para sa Let kay ga work sad ko so maglisud gyud kog kanang balanse sa akoang time kay kapoy naman gud gikan ka sa work unya mag review nasad ka para sa imohang paghahanda para sa kana nga eksam.” (FGD-05)</i>
--	--

Nahihirapan Balansihin ang Oras sa Pagrerebyu at Trabaho.

Mataas na Ekspektasyon ng Pamilya

May mga partisipante ng mga sumagot na kailagan nilang maipasa ang *LET* eksam dahil mataas ang ekspektasyon ng kanilang pamilya sa kanila na maipasa nila ang *LET*. Ito ay napatunayan sa ginawang pakikintay sa kalahok *in-depthinterview* at pangkatang talakayan. Lumitaw ang kailangan nilang maipasa ang *LET* eksam dahil sa ekspektasyon ng kanilang pamilya sa kanila, at takot sila husgahan ng mga tao sa kanilang paligid kapag hindi nila maipasa ang *LET* eksam. Samu't sari ang kanilang mga ibinahaging dahilang hinggil dito.

Inihayag ni Shen (Palayaw) ang mga presyon na na kanyang hinarap dahil sa mataas na ekspektasyon ng kanyang pamilya, partikular na bilang isang honor graduate. Nagkaroon siya ng matinding pagnanais na makapasa sa *LET* dahil sa ekspektasyon ng kanyang pamilya.

"Karanasang kinakaharap ay pressure lalo na sa isang tulad ko na nagtapos na may latin honor, mataas kasi ang expectation sa akin ng mga tao lalo na ng aking pamilya. Parang naitanim ko sa aking isip na kailangan akong pumasa and there's no room for failure ika-nga." (FGD-01)

(Karanasang kinakaharap ko ay presyon lalo na sa isang tulad ko na nagtapos na may karangalan, mataas kasi ang ekspektasyon sa akin ng mga tao lalo na ng aking pamilya. Parang naitanim ko sa aking isip na kailangan kong pumasa at hindi dapat mabigo.)

Inamin ni John (Palayaw) na ang mataas na inaasahan sa kanya kaya ito ang karaniwan niyang problema sa kaniyang paghahanda para sa nasabing pagsusulit. Ibinunyag niya na madalas siyang magkaroon ng mga hamon sa kanyang buhay dahil sa ekspektasyon ng kanyang pamilya sa kanilang kakayahan bilang isa malakas, masipag at matyagang tao.

"Para sa akin isa sa mga karaniwang problema ay ang expectation ng pamilya, ang ekspektasyon kasi na aking pamilya sa akin ay mataas kaya isa ito sa

karaniwang problema na aking karaniwang naranasan. At ang pera talaga ang kakulangan sa pera ay isa sa kaniwang problema na nararanasan, sapagkat alam naman natin na bilang estudyante ay napakaraming bayarin na dapat mo bayaran." (IDI-01)

(Para sa akin isa sa mga karaniwang problema ay ang ekspektasyon ng pamilya, ang ekspektasyon kasi na aking pamilya sa akin ay mataas kaya isa ito sa karaniwang problema na aking karaniwang naranasan at maging ang depresyon. At ang talagaang kakulangan sa pera ay isa sa kaniwang problema na nararanasan, sapagkat alam naman natin na bilang estudyante ay napakaraming bayarin na dapat mo bayaran.)

Ayon kay Jean (Palayaw) ang paghihirap mula sa mga inaasahan ng kanyang pamilya ang kanyang pinakamalaking hadlang. Nilinaw niya na dahil sa kanilang mataas na inaasahan, napipilitan siyang tuparin ang mga ito at bigyang-katwiran ang mga sakripisyong ginawa nila para sa kanyang pag-aaral. Ang makabuluhang istres ay madalas na sanhi ng napakalaking presyon upang matupad ang kanilang mga inaasahan.

"Naging pinakamalaking hamon sa akin ang pressure mula sa mga inaasahan sa akin ng aking pamilya. Sapagkat kailangang mong patunayan ang iyong sarili at mabigyang hustisya ng mga pinaghirapan nila sa iyong pag-aaral hanggang Sa Iyong rebyu kasi mataas ang kanilang expectation sa akin." (ID1-02)

(Naging pinakamalaking hamon sa akin ang pressure mula sa mga inaasahan sa akin ng aking pan pamilya nila. Sapagkat kailangang mong patunayan ang iyong sarili at mabigyang yong pag-aaral anggan expectations sa iyong rebyu kasi mataas ang kanilang sa akin.)

Inihayag ni May (Palayaw) na ang kanilang kalagayan ng kanyang pamilya ang nagtutulak sa kanya. Nakita niya ito bilang isang personal na hamon nang ipaalam sa kanya ng kanyang mga magulang na siya ang pag-asa ng kanilang pamilya.

"Para sa akin is ang motibasyon ko ang sitwasyon namin sa buhay dahil gaya ng sinabi ng aking mga magulang, ako na lamang daw ang pag-asa sa aming pamilya kung kaya ginawa kong challenge sa sarili ko na hindi ko kailanman e-disappoint ang pamilya ko kasi mataas ang kanilang expectation sa akin." (ID1-05)

(Para sa akin ay ang motibasyon ko ang sitwasyon namin sa buhay dahil gaya ng sinabi ng aking mga magulang, ako na lamang daw ang pag-asa sa aming pamilya kung kaya ginawa kong hamon sa sarili ko na hindi ko kailanman biguin ang pamilya ko kasi mataas ang kanilang ekspektasyon sa akin.)

Kakulangan ng Pinansyal

Karamhang sa mga partisipante ay nagpahayag ng kanilang mga karanasan sa kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Isa sa kanilang karaniwang problema habang nakikipagbambakan sa *LET* rebyu ay ang kakulangan ng pera. Ang kakulangan ng pera ay isa sa mga problema ng mga partisipante dahil sa mga

bayarin at iba pang mga dapat gastusin sa paghahanda nila sa kanilang pagrerebyu, gaya ng pamasahang papunta sa rebyu senter at pauwi sa kanilang inuupahan, pambili ng pagkain. Ilan sa kanilang mga kasagutan ay:

Nilinaw ni John (Palayaw) na ang kawalan ng sapat na pera ay isang pangunahing isyu na madalas niyang kinakaharap. Sinabi niya na maraming mga gastos na nauugnay sa pagiging isang mag-aaral, at ang pagsubaybay sa mga ito ay maaaring maging lubhang mahirap.

"Ang pera talaga ang kakulangan sa pera ay isa sa kaniwang problema na nararanasan, sapagkat alam naman natin na bilang estudyante ay napakaraming bayarin na dapat mo bayaran." (IDI-01)

(Ang pera talaga noh, ang kakulangan sa pera ay isa sa kaniwang problema na nararanasan, sapagkat alam naman natin na bilang estudyante ay napakaraming bayarin na dapat mo bayaran.)

Ang mga kakulangan ng pera ang pangunahing hadlang ni Jona (Palayaw) sa buong pagrerebyu ng LET. Kung walang sapat na pera, nahirapan siyang magrebyu nang mahusay dahil maraming gastos ang babayaran, tulad ng renta, mga materyales sa pagrerebyu, pang-araw-araw na pangangailangan, at transportasyon. Idinagdag niya ang gastos sa pagbanggit na madalas silang pumupunta sa Davao para sa kanilang renyu sa medyor. Ang isang malaking hamon sa sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu ay ang kakulangan ng pera.

"Ang karaniwang problema na aking nararanasan sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu ay ang kakulangan pinansyal mahirap mag rebyu kung kulang ka pera sapagkat maraming bayarin while nagrerebyu tulad ng mga rebyu materyals allowance bayad ng boarding house pambili ng pang araw-araw Na pangangailangan while nag rerebyu pamasahang kasi may mga times na pumupunta kami ng davao para sa majorship namin sa filipino so mahirap talaga mag rebyu ka na kulang ka sa budget. " (FGD-02)

(Ang karaniwang problema na aking nararanasan sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu ay ang kakulangan pinansyal mahirap mag rebyu kung kulang ka pera sapagkat maraming bayarin habang nagrerebyu tulad ng mga rebyu materyals, bayad sa inuupahan pambili ng pang araw-araw na pangangailangan habang nag rerebyu pamasahang kasi may mga panahon na pumupunta kami ng davao para sa medyor namin na asignatura sa filipino mahirap talaga mag rebyu ka na kulang ka sa budget.)

Ayon kay James (Palayaw) napakaraming hadlang ang dapat lampasan ng mga nakapagtapos ng filipino medyor. Nilinaw niya na ang pagpapatuloy ng pag-aaral ay nagiging hamon kapag ang isang tao ay walang sapat na pera para pangasiwaan ang pang-araw-araw na gastusin. Ang paghihirap na ito sa sa kakulangan ng pera ay isang malaking balakid sa kaniyang pakikipagsapalaran sa LET rebyu.

"Saganang akin, alam ko na lahat, sa mga filipino medyor na nakatapos sa kursong ito malaki or maraming karanasan sila unang-una isa sa pinansyal dahil kapag wala kang sapat ng pera pantustos sa mga gastusin sa pang araw-araw mo ay magiging hadlang yan sa pagpapatuloy mo sa pag-aaral isa yan sa mga nararanasan ko." (FGD-03)

(Saganang akin, alam ko na lahat sa mga filipino medyor na nakatapos sa kursong ito malaki or maraming karanasan sila unang-una isa sa pinansyal dahil kaag wala kang sapat ng pera pantustos sa mga gastusin sa pang araw-araw mo ay magiging hadlang yan sa pagpapatuloy mo sa pag-aaral isa yan sa mga naranasan ko.)

Ayon kay Nora (Palayaw) ang kanyang pangunahing inaalala habang naghahanda para sa pagsusulit ng LET ay pera. Sinalungguhitan niya ang gastos sa nauugnay ng pagsusuring hindi maiiwasan gaya pagkain, at transportasyon. Nilinaw niya na ang isang patuloy na problema niya habang naghahanda para sa pagsusulit ng LET ay pera.

"Ang naging karaniwang problema ko talaga is yung financial talaga. Basta mag take man gud kag review di gyud maiwasan nga gasto gyud sya. Kay daghan gyud baya ta gastuhan pareha anang boarding house, pagkaon nato ug ang pamasaha padulong ug pauli sa boarding house so ma engon gyud nako na pinnansyal gyud ang akoang karaniwang problema kasi yan e naranasan ko." (FGD-05)

(Ang naging karaniwang problema ko talaga ay ang pinansyal talaga. Kapag magrerebyu ka hindi talaga maiwasan na makagastu. Kasi marami talagang paggatuhan, gaya ng inuupahan, pagkain natin at saka pamasaha pamunta at pauwi masabi ko talaga ang pera talaga ang aking karaniwang problema na nararanasan.)

Sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu, ibinunyag ni Rivz (Palayaw) na ang pinakamalaking isyu niya ay pera. Kahit na pakiramdam niya ay handa na siya, madalas niyang tinutumbasan ang walang laman na pitaka sa walang laman ang tiyan. Paminsan-minsan ay naiisip niyang ihinto ang kanyang pagrerebyu dahil sa kanyang mga problema sa kakulangan ng pera.

"Ang kakulangan sa pinansyal ba aspekto dahil kahit sabihin mo pa na handa ka na ang iyong bulsa ay parang kumakalam na sikmura, talagang wala akong magagawa. Ang kakulangan sa pinansyal talaga ay isa sa aking pinakamalaking hamon na hinaharap sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu." (FGD-04)

(Ang kakulangan sa pinansyal aspekto dahil kahit sabihin mo pa na handa ka na ang iyong bulsa ay parang kumakalam na sikmura, talagang wala akong magagawa. Ang kakulangan sa pinansyal talaga ay isa sa aking pinakamalaking hamon na hinaharap sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu.)

Sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu, nilinaw ni Josh (Palayaw) na ang kanyang pangunahing isyu ay ang kakulangan sa badyet. Dahil siya ay naninirahan sa inuupahan, itinuro niya na ang pagrerebyu ay palaging nangangailangan ng ilang mga bayarin, kabilang ang upa, pati na rin ang mga gastos para sa pagkain at transportasyon sa rebyu senter.

"Para po sa akin ang karaniwang problema na aking nararanasan sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu ay ang kakulangan ng pinansyal po, dahil sa aking parerebyu po hindi talaga maiwasan na maraming gastuhan po." (FGD-07)

(Para po sa akin ang karaniwang problema na aking nararanasan sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu ay ang kakulangan ng pinansya po, dahil sa aking parerebyu po hindi talaga maiwasan na maraming gastuhan po.)

Nahhirapan Balansihin ang Oras sa Pagrerebyu at Trabaho

May mga partisipante na naghayag nig kanilang karanasan na nahhirapan sila na balansihin ang oras sa pagrerebyu at trabaho. Habang sila ay nagrerebyu ay nagtatrabaho sila upang matustusan ang kanilang mga pangangailangan sa pagrerebyu. Ilan sa kanila ay naghayag ng kanilang karanasan na imbis na pahingi na nila ay kailangan nilang isakripisyo upang matugonan lamang ang kanilang mga pangangailang sa pang araw-araw bilang nakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. At samu't saring argumento ang kanilang binitawan.

Dahil ang pagrerebyu para sa *LET exam* ay hindi lamang niya tungkulin, binigyang-diin ni Marg ang kahalagahan ng mga responsibilidad sa pamamahala ng oras. Nilinaw niya na nagtatrabaho siya upang tumulong sa pagbabayad para sa pagrerebyu ng *LET*. Kailangan niyang pamahalaan ang kanyang oras nang maayos upang balansehin ang kanyang trabaho at mga obligasyon sa pagrerebyu para sa darating na *LET* eksam upang makamit niya ang kanyang mga layunin.

"Maging Responsable sa pag manage ng time dahil hindi lang naman pag re-review ang aking responsibilidad, at mayroon kasi akong trabaho para matustusan ang bayarin sa LET review dahil kapos po ako sa pera upang mabayaran ito." (IDI-03)

(Maging Responsable sa pag manage ng time dahil hindi lang naman pag re-review ang aking responsibilidad, at mayroon kasi akong trabaho para matustusan ang bayarin sa LET rebyu dahil kapos po ako sa pera upang mabayaran ito.)

Salungguhitan ni Franz (Palayaw) na ang pamamahala sa oras ay dapt na taglayin ng mga naghahanda para sa pagsusulit dahil ito ay importante sa bawat naghahanda para sa mga nakapagtapos na filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu upang maging handa para sa *LET*. Nilinaw niya na para makapaglaan ng panahon para sa pag-rerebyu at iba pang obligasyon, kailangan nilang epektibong pamahalaan ang kanilang oras.

"Isa sa natuklasan ko na dapat isaalang-alang bilang Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu na kailangan isaalang-alang ang Oras o time management. Sapagkat, hindi madali Lalo na sa akin na may trabaho at the same time ay nagrerebyu. Kinailangan Kong isakripisyo ang Oras na dapat sana ay pahinga ko." (IDI-06)

(Isa sa natuklasan ko na dapat isaalang-alang bilang Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu na kailangan isaalang-alang ang oras o pagbalansi ng oras. Sapagkat, hindi madali Lalo na sa akin na may trabaho at the same time ay nagrerebyu. Kinailangan Kong isakripisyo ang oras na dapat sana ay pahinga ko.)

Inihayag ni Rivz (Palayaw) ang tungkol sa mga kahirapan niya sa pamamahala ng kanyang oras sa pagitan ng pagrerebyu para sa *LET exam* at pagtatrabaho. Sinabi niya ang tungkol sa pagod na dulot ng paggawa ng parehong bagay araw-araw sa kabila ng hindi alam kung ano ang magiging resulta. Ipinahayag ni Rivz

kung gaano kahirap na balansehin ang dalawahang pasanin habang batid na ang tagumpay ay hindi ibinigay.

"Talagang hindi madali dahil binabalanse yung oras ko sa pagtatrabaho at pag rerebyu. Grabe yung pagod sa araw-araw na pa ulit-ulit mong nilalaban kahit alam mo sa sarili mo na walang kasiguruhan kung magbubunga ito ng maganda sa bandang huli. Gabi-gabi ko ipinagdarasal na sana palarin akong makapasa dahil hindi biro ang aking inilaang oras sa pag rereview kahit paman ako ay pagod na." (FGD-04)

(Talagang hindi madali dahil binabalanse yung oras ko sa pagtatrabaho at pag rereview. Grabe yung pagod sa araw-araw na pa ulit-ulit mong nilalaban kahit alam mo sa sarili mo na walang kasiguruhan kung magbubunga ito ng maganda sa bandang huli. Gabi-gabi ko ipinagdarasal na sana palarin akong makapasa dahil hindi biro ang aking inilaang oras sa pag rerebyu.)

Ayon kay Nora (Palayaw) ang kanyang pangunahing kahirapan ay ang pagbalanse sa oras sa pagitan ng pagtatrabaho at pagrerebyu para sa LET eksam. Nabanggit niya na nahihirapan siyang subaybayan ang kanyang iskedyul dahil kailangan niyang balansehin ang parehong obligasyon. Ang pagtatrabaho habang nagre-review ay hindi madali, nangangailangan ng maingat na pagpapalano at upang magarantiya ang sapat na paghahanda sa pagsusulit.

"Pinakamalaking hamon na hinarap is kanang sa time management gyud kay aside sa ga take kog review para sa Let kay ga work sad ko so maglisud gyud kog kanang balanse sa akoang time kay kapoy naman gud gikan ka sa work unya mag review nasad ka para sa imohang paghahanda para sa kana nga eksam."(FGD-05)

(Pinakamalaking hamon na hinarap ay ang pagbalanse ng oras dahil, habang ako ay nagrerebyu para sa LET ay nagtatrabaho dib ako kaya nahihirapan talaga akong balansehin ang aking oras, mula sa trabaho tapos rebyu ka na naman para sa iyong paghahanda sa eksam na iyan.)

Katanungan sa Pananaliksik No. 2: Paano nalampasan ng mga nakatapos sa filipino medyor ang mga karanasan na hinaharap sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu?

Ang naunang tema at mga pahayag sa pananaliksik sa tanong bilang dalawa ay ipinakita sa Talahanayan 3. Ang mga partisipante may kani-kaniyang tugon kung paano nila nalampasan ang mga pagsubok sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu. Galing sa mga tugon ng mga partisipante mayroong apat na pangunahing tema ang nabuo: Motibasyon ang Pamilya, Motibasyon ang Makapasa at Pagkamit ng Lisensya, Maging Responsable sa Pagrerebyu, at Pagbalanse ng Oras.

Ginawang Motibasyon ang Pamilya at Pangarap

Maraming kalahok sa *focus group discussion* at malalim na panayam na ang kanilang pamilya at pangarap ang pangunahing dahilan kung bakit sila lumalaban sa mga hamon na kanilang pinagdaanan sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu. Sinabi ng mga kalahok na isa sa pinakamalaking pinagkukunan ng inspirasyon para ay ang kanilang pamilya. Ang panghihikayat, suporta, at sakripisyo ng kanilang mga pamilya ay isang pangunahing pinagmumulan ng motibasyon para sa kanila para maipasa ang LET.

Nilinaw ni John (Palayaw) na ang kanyang mga hangarin na maging isang lehitomong guro at magbigay ng mas magandang buhay para sa kanyang pamilya ang siyang nagtutulak sa kanya. Ang kanyang tagumpay bilang isang indibidwal ay lubhang naapektuhan ng kanyang pagtatapos sa kolehiyo, gayundin ang komunidad at ang kapakanan ng kanyang pamilya. Ang kanyang mga layunin ay mapabuti ang lipunan.

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
<p style="text-align: center;">Ginawang Motibasyon ang Pamilya at Pangarap</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Ang aking motibasyon ay ang aking pangarap na maging ganap na guro sa hinaharap at pamilya na bigyan sila ng magandang buhay balang araw, dahil ahhh...bilang isang anak, ina at nakapagtapos na sa kolehiyo ay malaki ang epekto ng aking tagumpay.” (IDI-01)</i> • <i>“Ang akong motibasyon atung panahon sakung pag review no kay ang Ginoo, Pamilya ug mga tao nga nisalig sa akoo. Nag hatag silag kalig'on sako kada adlaw nga mosalang sa review kay dli lang ni paras akoo nga laban kundi para sad sa ila. Labi na gyud akoang pamilya noh kay grabe gyud nila ka suppurtive gyud maong sa ilaha sad ko naga kuha ug kusog para malampasan nako akong mga kalisud sa akoang pagrebyu tungod sa ilahang supporta nga gihatag sa akoang mapa pinansya, ug emosyonal man nga suporta.”(IDI-07)</i> • <i>“Ang aking motibasyon upang malampasan ang mga hamon sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu ay ang pamilya ko lalong-lalo na yong anak ko dahil gusto kong mabigyan na magandang kinabukasan yong anak ko at yong pamilya ko naging motivated akong lumaban sa mga pagsubok sa mga hamon na aking kinakaharap sa panahon ng LET rebyu.”(FGD-02)</i> • <i>“Ang naging motibasyon ko talaga is yung pamilya ko sapagkat gusto kong makabawi sa lahat na suporta na binigay nila sa akin. Sila ang nagbibigay lakas sa akin upang malampasan ko ang mga</i>

	<p><i>pagsubok o hamon na aking nararanasan sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu. Kaya naging motibasyon ko tagala sila noh, dahil sa kanilang walang sawang suporta na kanilang ibinibigay nila sa akin.”v(FGD-05)</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>“Sa tingin ko po, ang naging motibasyon upang malagpasan ang mga hamong yaon ay ang pangarap ko para sa sarili at pamilya. Dahil doon, mas nag-iinit akong gumising, matuto, bumangon, at makapasa kahit gaano pa man kahirap ang proseso. Ang naging pundasyon o motibasyon ko nagsilbing paalala sa akin na may pangarap pa akong kailangan abutin at kailangang marating. Dahil para sa akin po noh, hindi ako lumalaban doon ng ako lang, datapwat kasama at ramdam ko ang suporta.” (FGD-06)</i>
<p>Ginawang Motibasyon ang makapasa at Pagkamit ng Lisensya</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Motibasyon ko rito ay ang pagkamit sa LPT license ito ay matagal ko nag inaasam-asam na makamit ko balang araw ay ngayon ang malapit na sa yugto na makuha ang aking matagal na.....na pangarap na makapasa sa LET para maging ganap na guro.” (IDI-04)</i> • <i>“Ang naging motibasyon ko ay...ay ko ay... ay ang pagkakaroon ng lisensya upang masasabing isa na akong lehitimong guro. Ahhhhh, iyan naman talaga ang purpose ng bawat isa kung bakit nagreview, ang makapasa sa LET.” (FGD-01)</i> • <i>“Ang pisikal at mental na preparation dahil ang maayos na pagpapahinga tamang nutrition at regular na exercise ay nakakatulong sa atin sa pisikal na paghahanda samantala yong ahm tamang pag-iisip, pagiging handa sa pressure sa pagsusulit ay mahalaga rin para sa mental na preparation at ahm, sa pamamagitan sa maangat na paghahanda at determinasyon mas</i>

	<p><i>magiging handa tayo at ahm, ahm, mag mataas na chansa na papasa tayo at ahm may mataas na tagumpay na ating inaasam-asam na makapasa sa LET eksam at makamit ang lisensya na matagal ko ng gusto makuha.”(FGD-02)</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>“Sa tingin ko po, ang maipapayo ko sa kanila ay panaghahawakan lamang nila ang pangarap at inaasam-asam na makuha ang Lisensya sapagkat walang posible basta’t panatilihin nila ang kanilang pananalig sa Panginoon or tiwala sa panginoon noh ay isa din ito sa mga mahalaga sa atin lalong lalo kapag ikaw ay nakikipagsapalaran na sa LET rebyu.” (FGD-06)</i> • <i>“Tinatak ko sa aking isipan na kailangan kong matapos at mapagtagumpayang makapasa sa LET rebyu para matapos lahat ng paghihirap at makakuha ng regular na trabaho at pagtitiis sa loob ng mahabang panahon na aking iginugol.” (FGD-07)</i>
<p>Maging Responsible at handa sa Pagrerebyu</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Ang aking maipapayo sa kanila ay ang maging responsible sa oras sa pag-aaral o pagrebyu, dapat alam nila kung anong oras sila magsimula magrebyu at ano sila oras matapos dahil para sa akin ito ay epektibong paraan. Dahil ganito yong ginagawa ko eh. nong ako ay nagrerebyu pa lamang ako, so dapat maghigpit ka sa iyong sarili gaya na gusto mong gumala dapat limitahan mo.”(ID1-03)</i> • <i>“Ang aking maipapayo sa kapwa ko nakatapos ng Filipino Medyor upang maging maayos ang kahihinatnan sa LET review, maging responsible sapagrebyu, kasi naniniwala ako na kapag ikaw ay responsible ay maging maayos ang kahihinatnan ang iyong pakikipagsapalaran sa LET rebyu eh, gaya ko po.”(FGD-04)</i>

	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Para sa mga magrerebyu rin para sa LET, ang pinakamainam na maipapayo ko ay ang maging responsable lang sa oras ng pagrerebyu, dapat at kanang, magkaroon ng balanse sa lahat ng gagawin upang matiyak na ang lahat ng ginagawa ay hindi napapabayaan. Laanan ng sapat na oras ang mga importanteng bagay kagaya ng pagrerebyu.”(FGD-05)</i> • <i>“Ang maipapayo ko sa nila, siguro mas maging responsible po, handa, at sigurado, ang mga mag-aaral sa medyor na kanilang susuongin at ganap nila itong isabuhay nang sa ganoon ay mas magkaroon sila ng matibay na pundasyon noh sa kanilang mga sarili sa mas epektibong pakikibaka sa LET rebyu kung Kinakailangan na nilang magkaroon ng licensya sa hinaharap at mas mapatibay ang kanilang interes na pasahin at mapagtagumpayan ito.”(FGD-06)</i>
<p>Pagbalanse ng Oras ng Maigi</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Natuklasan kong dapat isaalang-alang ang Oras o Time Management kung tawagin noh, dapat nating paglaanan ng oras, maging ang pahapyaw na self review.”(IDI-01)</i> • <i>“Ang aking nahinuha sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu na maaring mapagkukunan ng motibasyon sa kapwa nakatapos ng Filipino medyor ay dapat mayroon Kang time management. Matuto dapat alamin kung dapat ang iyong iprayoridad o unahin ang dapat unahin.”(IDI-08)</i> • <i>“Dapat kabalo gyud ka mobalanse sa imoha mga oras gyud kay importante na sya labi na ug musalang kana sa LET rebyu kana gyud ang importarite ang pagbalanse sa oras nato.” (IDI-07)</i>

	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“So ang aking natuklasan ay ang time management dapat isa yan sa ah dapt isaalang alang dahil po ah sapag Mayroon kang time management nahahalti mo ang time bago ka magrerebyu don sa kanitong subject ilang oras ba ahm yong pahinga mo ano oras ka dapat babalik sa pagrerebyu para mas ah maihanda yong sarili mo sa aktwal na LET eksam.” (FGD-02)</i> • <i>“Siguro noh, dapat ano ahn dapat hindi naa silay kanang time management noh, tapos balanse, dapat balanse ang oras na dapat mong gugulin sa pagrebyu balanse din yong oras na gugulin sa mga ahm, para dli kaayo ka ma stress, ma pressure so ganon dapat you have to consider as well na pagguguing time management noh, o pagbalanse ng oras sa mga gawaain.” (FGD-03)</i> • <i>“Magkaroon lang talaga sila ng tamang pamumuno sa kanilang oras, dapat gyud kay hawd sila mo balance sa ilahang oras noh is yan kasi ang mahalaga lalong lalo na kung ikaw ay nagrerebyu na mahalaga talaga na ibalanse ang iyong mga oras.”(FGD-05)</i>
<p>Pagiging Positibo Palagi</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Nalamasan ko ang mga karanasan na aking hinarap sa LET rebyu sa pamamagitan po ng pagiging positibo kasi po kapag positibo kang mag isip lahat nga mga negatibo po ay ahh ay maalis so fucos mo Ing lagi yong mga positibo oh yung na magagandang bagay na na maaring mangyari, kasi kapag mayroon kang positibong pag-iisip.” (FGD-02)</i> • <i>“Bigyan ng oras ang sarili upang makapag-isip at marelax ang sarili. Huwag magpakalunod sa stress, dapat ay magiging positibo lang palagi tayo sa buhay sapagkat kapag palagi kang positibo ay hindi maaapektohan ang</i>

	<p><i>iyong paghahanda para sa LET rebyu at laging mananalangin, ang panalangin din ay isa sa nakakatulong sa atin upang malampasan ang mga pagsubok na ating nararanasan.” (IDI01)</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>“Naging solusyon ko ay ang pagiging positibo na hindi dapat panghinaan ng loob kundi mas ano pa, maging ano... magsumikap pa para makapagpatuloy at harapin pa ang mga pagsubok na darating pa sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu.” (IDI-03)</i> • <i>“Naging mangandang sandata ko ang pagkakaroon ng pagiging positibo kahit gaano man kahirap at karami ang dapat na i review nananatili ang aking paniniwala sa aking sarili na kaya kong lampasan ito.” (FGD-04)</i>
--	---

"Ang aking motibasyon ay ang aking pangarap na maging ganap na guro sa hinaharap at pamilya na bigyan sila ng magandang buhay balang araw, dahil bilang isang anak, ina at nakapagtapos na sa kolehiyo ay malaki ang epekto ng aking tagumpay" (IDI-01)

(Ang aking motibasyon ay ang aking pangarap na maging ganap na guro sa hinaharap at pamilya na bigyan sila ng magandang buhay balang araw, at nakapagtapos na sa kolehiyo ay malaki ang epekto ng aking tagumpay.)

Inihayag ni Van (Palayaw) na ang kanyang pamilya ang nagsilbing motibasyon sa panahon ng kanyang pakikipagbakkaban sa *LET* rebyu. Binigyan siya ng mga ito ng lakas ng loob, lalo na noong nahihirapan siya sa kanyang pagrerebyu. Nilinaw niya na ang kanyang mga pagsisikap ay para sa kanilang kapakanan gayundin sa kanyang paghahanda para sa *LET*.

"Akoang pamilya noh kay grabe gyud nila ka suppurtive gyud maong sa ilaha sad ko naga kuha ug kusog para malampasan nako akong mga kalisud sa akoang pagrebyu tungod sa ilahang supporta nga gihatag sa akoang mapa pinansya, ug emosyonal man nga suporta." (IDI-07)

(Aking pamilya grabe talaga ang kanilang supurta kaya dyan talaga ako kumukuha ng lakas upang malampasan ko ang mga kahirapan sa aking pagrerebyu dahil sa kanilang supporta.)

Ibinunyag ni Marg (Palayaw) kung saan siya kuhakuha ng lakas upang malampasan ang mga hamon dahil sa kaniyang pamilya at anak ito ang kaniyang naging sandata upang kayanin niya ang hamong kaniyang kinakaharap. Ipinahiwatig niya ang isang malaking pagnanais na bigyan ang kanyang anak at pamilya ng isang magandang kinabukasan, na nag-udyok sa kanya na malampasan ang mga hamon na kanyang kinaharap sa panahon ng pagrerebyu para sa *LET* Binigyang-diin ni Marg na nalampasan niya ang mga paghihirap at pagkukulang habang nagrerebyu para sa *LET* dahil sa kapakanan ng kanyang pamilya.

"Ang aking motibasyon upang malampasan ang mga hamon sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu ay ang pamilya ko, yong pamilya ko naging motivated akong lumaban sa mga pagsubok sa mga hamon na aking kinakaharap sa panahon ng LET rebyu."(FGD-03)

(Ang aking motibasyon upang malampasan ang mga hamon sa ikipagsapalaran sa LET rebyu ay ang pamilya ko, yong pamilya ko na naging lumat motibasyon ak naban sa mga pagsubok sa mga hamon na aking kinakaharap sa panahon ng LET rebyu.)

Nilinaw ni Nora (Palayaw) na ang kanyang pamilya ang nagsilbing pangunahing motibasyon kanyang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Ipinarating niya ang isang matinding hangarinna ipasa ang eksam sa *LET* upang mabigyan ng maganyang buhay ang kanilang pamilya balang araw. Sinabi ni Nora na nalampasan niya ang mga paghihirap at mga hadlang na naranasan niya sa kanyang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu dahil sa matatag na suporta ng kanyang pamilya.

"Ang naging motibasyon ko talaga is yung pamilya ko sapagkat gusto kong makabawi sa lahat na suporta na binigay nila sa akin. Sila ang nagbibigay lakas sa akin upang malampasan ko ang mga pagsubok o hamon na aking nararanasan sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu." (FGD-05)

(Ang naging motibasyon ko talaga is yung pamilya ko sapagkat gusto kong makabawi sa lahat na suporta na binigay nila sa akin. Sila ang nagbibigay lakas sa akin upang malampasan ko ang mga pagsubok o hamon na aking nararanasan sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu.)

Inihayag nil Dian (Palayaw) sa panayam na ang kanyang pagnanais para sa kanyang pamilya at sa kanyang sarili ang nagsilbing motibasyon niya para malampasan ang mga hamon. Ang motibasyong ito ang nagpalakas sa kanyang determinasyon na harapin ang mga hamon, bumangon, mag-rebyu, at sa huli ay makapasa sa pagsusulit. Binigyang-diin ni Dian na ang kanyang mga pangarap ay nagsisilbing patuloy na paalala ng mga layunin na kailangan niyang maabot.

"Sa tingin ko po, ang naging motibasyon upang malagpasan ang mga hamong yaon ay ang pangarap ko para sa sarili at pamilya. Dahil para sa akin po, hindi ako lumalaban doon ng ako lang, datapwat kasama at ramdam ko ang suporta at pagmamahal ng aking pamilya." (FGD-06)

(Sa tingin ko po, ang naging motibasyon upang malagpasan ang mga hamong yaon ay ang pangarap ko para sa sarili at pamilya. Dahil para sa akin po noh, hindi ako lumalaban doon ng ako lang, datapwat kasama at ramdam ko ang suporta at pagmamahal ng aking pamilya.)

Motibasyon ang Makapasa at Pagkamit ng Lisensya

May mga partisipante na ginawang motibasyon ang makapasa sa *LET* at makakuha ng lisensya upang maging ganap ng guro. Ginawa nilang motibasyon ang makapasa sa *LET* eksam dahil ito ang matagal na nilang gustong makamit. Naghayag sila ng kanilang mga idiya na malapit na nilang makuha o masungkit ang lisensya na matagal na nilang inaasam na makuha at maging ganap na guro. Magkaiba man sila ng mga argumento na binitawan ngunit isa lang ang kanilang layunin ang makapasa sa *LET* eksam at makuha ang lisensyang matagal na nilang gustong makamit.

Ipinahayag ni Meang (Palayaw) ang kanyang matinding pagnanais na matupad ang Isang panghabambuhay na pangarap ng kanyang sarili na maging *LPT*. Inihayag niya na matagal na niyang pinanghahawakan ang milestone na ito. Kasalukuyan siyang naghahanda upang makapasa sa *LET* at maging isang ganap guro, kung kaya't siya ay halos nariyan upang matupad ang hangaring ito.

"Motibasyon ko rito ay ang pagkamit sa LPT license, ito ay matagal ko nag inaasam-asam na makamit ko balang araw ay ngayon ang malapit na sa yugto na makuha ang aking matagal na pangarap na makapasa sa LET para maging ganap na guro."(IDI-04)

(Motibasyon ko rito ay ang pagkamit sa *LPT* license, ito ay matagal ko nag inaasam-asam na makamit ko balang araw ay ngayon ang malapit na sa yugto na makuha ang aking matagal na,,na pangarap na makapasa sa *LET* para maging ganap na guro.)

Nilinaw ni Shen (Palayaw) rebyu ay ang ang makamit ang lisensya upang maging ganap na syang guro. Binigyang- diin niya na ang pagpasa sa *LET* ang pangunahing layunin nya para sya ang maging lehitimong ong guro. Ang lisensyang ito ay nagpapatunay sa kakayahan at kahandaan ng isang tao ao na magturo Binibigyang-diin ni Shen ang kahalagahan ng pagkamit ng sertipikasyong ito sa pag-abot sa kanyang mithiin sa buhay kaya naman siya ay nagpursegi na mabuti para sa kaniyang ginabukasan. Ang pagpasa ng *LET* ay makakatulong sa kanya na makamit ang kanyang layunin na maging isang iginagalang na propesyonal sa industriya ng pagtuturo.

"Ang naging motibasyon ko ay ang pagkakaroon ng lisensya upang masasabing sa na akong lehitimong guro. Iyan naman talaga ang purpose ng bawat isa kung bakit nagreview, ang makapasa sa LET." (FGD-01)

(Ang naging motibasyon ko ay ang pagkakaroon ng lisensya upang masasabing isa na akong lehitimong guro. Iyan naman talaga ang purpose ng bawat isa kung bakit nagreview, ang makapasa sa *LET*.)

Sinalungguhitan ni Jona (Palayaw) ang pangangailangan na maging handa sa pag-iisip para sa presyon ng pagsusulit, na binibigyang-diin kung gaano ito kahalaga. Iniisip niya na ang pagpapabuti ng kahandaan ng isang tao at dapat na determinado ang isang tao na gawin ang isang bagay para mapagtagumpayan niya ito sa huli. Ang mga taong naghahanda nang husto para sa pagsusulit sa *LET* ay mas malamang na makapasa dito at makakuha inaasam-asam na lisensya.

"Pagiging handa sa pressure sa pagsusulit ay mahalaga rin para sa mental na preparation at sa pamamagitan sa maangat na paghahanda at determinasyon mas magiging handa tayo at mag mataas na chansa na papasa tayo at may mataas na tagumpay na ating inaasam-asam na makapasa sa LET eksam at makamit ang lisensya na matagal ko ng gusto makuha." (FGD-02)

(Pagiging handa sa presyon sa pagsusulit ay mahalaga rin para sa paghahanda ng kaisipan at sa pamamagitan sa maangat na magiging handa tayo paghahanda at determinasyon mas at mag mataas na tyansana papasa tayo at may mataas na tagumpay na ating inaasam-asam na makapasa sa *LET* eksam at makamit ang lisensya na matagal ko ng gusto makuha.)

Inihayag ni Dian (Palayaw) sa mga kapwa nya nakatapos na filipino medyor na nakikipagsapalaran na kumapit sa kanilang pangarap at layunin na makakuha ng lisensya, idiniin na walang hindi malulutas kung ang isang tao ay may pananampalataya sa Panginoon. Binigyang-diin niya kung gaano kahalaga ang

patuloy na pananampalataya sa Panginoon, lalo na pagsisimula sa *LET* rebyu. Sinabi ni Dian na ang pagkakaroon ng pananampalataya ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng suporta at direksyon kapag nahihirapan sa kaniyang paghahanda sa eksaminasyon.

"Sa tingin ko po, ang maipapayo ko sa kanila ay panaghahawakan lamang nila ang pangarap at inaasam- asam na makuha ang Lisensya sapagkat walang posible basta't panatilihin nila ang kanilang pananalig sa Panginoon or tiwala sa panginoon noh ay isa din ito sa mga mahalaga sa atin lalong lalo kapag ikaw ay nakikipagsapalaran na sa LET rebyu."(FGD-06)

(Sa tingin ko po, ang maipapayo ko sa kanila ay panaghahawakan lamang nila ang pangarap at inaasam- asam na makuha ang lisensya sapagkat walang posible basta't panatilihin nila ang kanilang pananalig sa Panginoon or tiwala sa panginoon ay isa din ito sa mga mahalaga sa atin lalong lalo kapag ikaw ay nakikipagsapalaran na sa LET rebyu.)

Inihayag ni Josh (Palayaw) na ang kanyang mga magulang ang kanyang naging motibasyon sa kanyang paghahanda para sa pagsusulit upang maging tagapagturo sa hinaharap. Ang magulang ni josh ang nagbigay na motibasyon sa kanyang pakikipagsapalaran sa rebyu. Hindi niya nakakalimutan na para matapos ang lahat ng paghihirap at makakuha ng magandang trabaho, kailangan niyang magtagumpay at makapasa sa *LET*. Kung mapagtagumpayan nya ito, masasabi niyang sulit ang lahat ng kanyang pangmatagalang sakripisyo at pagsisikap.

"Ang aking naginging motibasyon po ay ang aking pamilya o mga magulang, sila kasi yong nagbigay motibasyon sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu." (FGD-07)

(Ang aking naginging motibasyon po ay ang aking pamilya o mga magulang, sila kasi yong nagbigay motibasyon sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu.)

Maging Responsable sa Pagrerebyu

Ang ilan sa mga partisipante ay naghayag ng kanilang karanasan sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Naghayag sila na maging responsable sa sa mga gawain lalong lalo na ang pagrerebyu. Ito ay mahalaga sa mga nakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Dapat kung paan bigyang halaga ang pagrerebyu nila sa kanilang paghahanda sa *LET* rebyu. Ilan sa mga ito ay naghayag na maging responsable sa lahat ng bagay, dapat alam nila kung ano ang unahing gawin. Ang kanilang mga pananaw hinngil dito ay naitala.

Inihayag ni Marg (Palayaw) kung ung gaano kahalaga na pamahalaan ang iyong oras nang responsable dahil sa regrerebyu para sa *LET* ay hindi lamang ang iyong tungkulin. Sinabi niya na, dahil sa kakulangan ng pera, nagtatrabaho din siya upang bayaran ang mga bayarin sa pagr agrerebyu ng *LET*. Kailangan niyang pamahalaan nang maayos ang kanyang oras upang mabalanse ang kanyang mga obligasyon sa trabaho at pag-rerebyu dahil ahil dalawa ang kanyang responsibilidad.

"Maging Responsable sa pag manage ng time dahil hindi lang naman pag re-review ang aking responsibilidad, at mayroon kasi akong trabaho para matustusan ang bayarin sa let review dahil kapos po ako sa pera upang mabayaran ito." (IDI-03)

(Maging Responsable sa pag balansi ng oras dahil hindi lang naman pag rerebyu ang aking responsibilidad, at mayroon kasi akong trabaho para

matustusan ang bayarin sa LET rebyu dahil kapos po ako sa pera upang mabayaran ito.)

Pinayuhan ni Rivz (Palayaw) ang iba pang nagtapos na mga filipino medyor na maging ng responsibleng nagrerebyu para sa kanyang paghahanda para sa pagsusulit upang maging ganap na tagapagturo. Sa tingin niya, ang sikreto para matagumpay na makalusot sa pagsusulit ay ang pagiging responsable. Binigyang-diin ni Rivz sa pagpapabuti na pagganap ng indibidwal sa pagsusuri ng *LET* na pwedeng makamtan sa pagtanggap sa responsibilidad para ng kanyang paghahanda para sa pagsusulit ng *LET* eksam.

"Ang aking maipapayo sa kapwa ko nakatapos ng Filipino Medyor upang maging maayos ang kahihinatnan sa LET review ay ang maging responsable po sa lahat ng bagay, maging responsable sapagrebyu, kasi naniniwala ako na kapag ikaw ay responsable ay maging maayos ang kahihinatnan ang iyong pakikipagsapalaran sa LET rebyu." (FGD-04)

(Ang aking maipapayo sa kapwa ko nakatapos ng Filipino Medyor upang maging maayos ang kahihinatnan sa LET rebyu ay ang maging responsable po sa lahat ng bagay, maging responsable sa pagrerebyu, kasi naniniwala ako na kapag ikaw ay responsable ay maging maayos ang kahihinatnan ang iyong pakikipagsapalaran sa LET rebyu.)

Kwento ni Nora (Palayaw) ang mga indibidwal na naghahanda para sa *LET* na binalanse nang mabuti ang kanilang oras ng pagsusuri at balansehin ang lahat ng kanilang mga responsibilidad. Nangangahulugan ito ng mahusay na pagsasalamang ng iyong oras at ang iyong personal na kalusugan. Ang mga nakikipagsapalaran *LET* rebyu ay maaaring maghanda nang ang lubusan sa ganitong paraan nang hindi isinasakripisyo ang iba pang mahahalagang halagang aspeto ng kanilang buhay. Ayon kay Nora, ay mahalaga para sa parehong epektibong pagpapalano at pangkalahatang kagalingan.

"Para sa mga pagrerebyu rin para sa LET, ang pinakamainam na maipapayo ko ay ang maging sponsable lang sa oras ng pagrerebyu, dapat at respo kanang, magkaroon ng balanse sa lahat ng gagawin pang matiyak na ang lahat ng ginagawa ay hindi napapabaya." (FGD-05)

(Para sa mga pagrerebyu para sa LET, ang pinakamainam na maipapayo ko ay ang maging responsable lang sa oras ng pagrerebyu at magkaroon ng balanse sa lahat ng gagawin upang matiyak na ang lahat ng ginagawa ay hindi napapabaya.)

Ang tugon ni Dian (Palayaw) sa FGD naman ay binibigyang-diin na ang kanyang pangunahing pagkatuto mula sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu ay kung gaano kahalaga ang maging responsable at disiplinado para makamit ang mithiin ng isang tao. Ang katangian, sa kanyang opinyon, ay kinakailangan para sa tagumpay dahil itinataguyod nila ang epektibong pamamahala sa oras at atensyon.

"Ang nahinuha ko sa pakikipagsapalaran sa rebyung ito ay ang pagiging responsable, maayos at may disiplina sa sarili na maabot ang bawat layunin at makagawa ng produktibong bunga at magiging dahilan ito sa mas malalim na motibasyon para sa mga susunod na mag-aaral na nakapagtapaos ng medyor sa Filipino." (FGD-06)

(Ang nahinuha ko sa pakikipagsapalaran sa rebyung ito ay ang pagiging responsable, maayos at may disiplina sa sarili na maabot ang bawat layunin at makagawa ng produktibong bunga at magiging dahilan ito sa mas malalim na

motibasyon para sa mga susunod na mag-aaral na nakapagtapapos ng medyor sa Filipino.)

Pagbalanse sa Tamang Oras

Ang pagbalanse sa tamang oras ay malahaga sa bawat mga mag-aaral lalong lalo na kapag ikaw ay nagrerebyu. Ang bawat isa ay dapat matuto mgbalanse ng kanilang oras sapagkat malaking tulong nito sa kanila pag-araw-araw na gawain. Ilan sa mga partisipante ay naghayag ng kanilang pagbalanse ng kanilang oras sa kanilang pagrerebyu. May ilan sa kanila ang nagsabi nadapat ay hindi magpukos sa pagrerebyu lamang dapat ay mahhanap na mabaling ang kanilang mga isipan, dahil nakapukos ka lamang sa pagrerebyu ay magdudulot ito sa iyo ng istres. Dahil dyan mas maapektuhan ang iyong pagrerebyu. Karamihan ay nagbahagi ng kanilang mga sagot tungo rito.

Sa panahon ng panayam, binigyang-diin ni John (Palayaw) ang importanteng pagbalanse ng panahon, upang makapaghanda ng maayos sa pagrerebyu para sa pagsuulit. At mabilis na pagsusuri sa sarili ay dapat na nakaiskedyul. Nalaman niyang ang mahusay sa pagbalanse sa tamang oras na ginagarantiyahan na ang bawat gawain ay nakakakuha ng atensyon na kailangan nito nang hindi sinasakripisyo ang iba pang mga gawain.

"Natuklasan kong dapat isaalang-alang ang oras o time management kung tawagin dapat nating paglaanan ng oras ang ating mga gawain sa pang-araw-araw kabilang na ang nakalaang oras sa pagrereview, maging ang pahapyaw na self review." (IDI-01)

(Natuklasan kong dapat isaalang-alang ang Oras o Time Management kung tawagin noh, dapat nating paglaanan ng oras ang ating mga gawain sa pang-araw-araw kabilang na ang nakalaang oras sa pagrereview, maging ang pahapyaw na self review.)

Sa aking panayam nalaman ni Franz (Palayaw) na ang pamamahala sa oras ay importanteng salik na dapat isipin ng kapwa nya filipino medyor na naghahanda para sa *LET*. Sinalungguhitan niya ang iskedyul ng sesyon sa pag-aaral ng iba pang obligasyong mabuting pagbalanse sa oras. Ginagawang posible ng mabisang pamamahala ng oras sa kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu ay importateng ginagarantiyahan ang bawat paksa ay nasasaklawan nang detalyado. Ayon kay Franz, ang pagtatakda ng mga priyoridad at pagpapanatili ng indibidwal sa kaayusan ay maaaring lubos na mapabuti ang bisa at kahusayan ng sa paghahanda para sa *LET*.

"Isa sa natuklasan ko na dapat isaalang-alang bilang Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu na kailangan isaalang-alang ang Oras o time management."(IDI-06)

(Isa sa natuklasan ko na dapat isaalang-alang bilang Filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu na kailangan isaalang-alang ang Oras o pagbalanse sa oras.)

Binigyang-diin ni Van (Palayaw) ang kahalagahan ng pamamahala sa oras at pagpipigil sa sarili sa paghawak ng iskedyul ng isang tao. Itinuro niya na ang pag-iiskedyul ng oras para sa parehong pag-aaral at pananatiling malusog ay mahalaga. Ang mabisang pamamahala sa oras ay ginagarantiyahan na ang lahat ng mga obligasyon ay natutupad nang hindi isinasakripisyo ang kapakanan. Ang mga taong nagsasagawa ng disiplina ay maaaring magtatag ng isang malusog na gawi na nagtataguyod ng kanilang personal at intelektwal na kagalingan.

"Dapat nga isaalang alang ang pagbalanse sa oras, dapat nga disiplinado nimo imong kaugalingon sa time management and also nga isa alang alang pod natu atong health. Kapital nato atong lawas maong di siya pwede nga pabayaan." (IDI-07)

(Dapat isaalang-alang ang pagbalanse ng oras, dapat disiplinahin mo ang iyong sarili sa pagbalanse ng iyong oras at lalong lalo na isaalang-alang din natin ang ating kalusogan. Puhunan natin ang ating katawan kaya hindi sya pwedeng pabayaan.)

Binigyang-diin ni Jona (Palayaw) sa panayam ang paghahanap ng kahalagahan ng balanse ng oras. Binigyang-diin niya ang mabuting pagbalanse sa oras ay importante sa paghahanda ng pagsusulit ng *LET*. Ang pagbalanse sa tamang oras ay nagbibigay-daan sa isa na magtakda ng ilang oras para pagkakaroon ng mga pahinga, at pagkatapos ay bumalik sa pag-aaral nang may panibagong lakas.

"So ang aking natuklasan ay ang time management dapat isa yan sa ah dapt isaalang alang dahil po kapag mayroon kang time management nahahalti mo ang time bago ka magrerebyu don sa kanitong subject ilang oras ba ahm yong pahinga mo ano oras ka dapat babalik sa pagrerebyu para mas ah maihanda yong sarili mo sa aktwal na LET eksam." (FGD-02)

"Ang aking natuklasan ay ang pagbalanse sa oras dapat isa yan sa dapat isaalang-alang dahil po kapag mayroon kang pagbalanse sa oras nahahati mo ang oras bago ka magrerebyu sa kanitong asignatura ilang oras yong pahinga mo, ano oras ka dapat babalik sa pagrerebyu para mas maihanda yong sarili mo sa aktwal na LET eksam."

Nilinaw ni James (Palayaw) na ang pamamahala ng istres sa pakikipgsapalaran sa *LET* rebyu ay nakasalalay sa pagbabalanse ng paglalaan ng oras. Upang maiwasan ang paglolong, inihayag niya ang importanteng pagbibigay oras para sa paglilibang at kasiyahan at pag-iwas sa labis na pagkaabala sa gawain. Binigyang-diin ni James ang pangangailangan ng paminsan- minsang pagsasama-sama ng mga kaibigan upang mayalo sa istres at makapagpahinga.

"Ang time management ay isa sa mga pamamaraan at estratehiya ko dapat ay balanse yong oras sapag gugol sa mg gawain tapos balanse ang ang pagkakaroon ng kaunting kasiyahan lang para hindi ka masyadong babad sa ganyang mga gawain, para ka din masyadong stress sa iyong sarili kapag ka lahat ibubuhos mo, o itutuon mo." (FGD-03)

(Ang pagbalanse sa oras ay isa sa mga pamamaraan at estratehiya ko dapat ay balanse yong oras sapag gugol sa mga gawain tapos balanse ang ang pagkakaroon ng kaunting kasiyahan lang para hindi ka masyadong babad sa ganyang mga gawain, para ka din masyadong istressa iyong sarili kapag ka lahat ibubuhos mo, o itutuon mo.)

Idiniin ni Nora (Palayaw) ang importante na unahing gawin at pamahalaan ang iyong oras nang maayos sa pagrerebyu para sa *LET*. Binigyang-diin niya kung gaano kahalagan ang mabuting pagbalanse sa tamang oras, lalo na pagdating sa mahirap na gawain ng paghahanda para sa *LET*. Inihayag ni Nora na upang mapanatili ang pagiging produktibo at maiwasan ang pagbabad sa sa mga gawain na hindi naman nakakatulong, kailangang maingat na ilaan ang oras sa panahon ng pagrerebyu, pahinga, at iba pang mga obligasyon.

"Magkaroon lang talaga sila ng tamang pamumuno sa kanilang oras, dapat gyud kay hawd sila mo balance sa ilahang oras noh is yan kasi ang mahalaga lalong lalo na kung ikaw ay nagrerebyu na mahalaga talaga na ibalanse ang iyong mga oras." (FGD-05)

(Magkaroon lang talaga sila ng tamang pamumuno sa kanilang oras, dapat talaga ay magaling sila magbalanse ng kanilang oras yan kasi ang mahalaga lalong lalo na kung ikaw ay nagrerebyuna mahalaga talaga na ibalanse ang iyong oras.)

Pagiging Positibo Palagi

May ilang mga partisipante ay naghayag ng kanilang saloubin sa kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Ang pagiging positibo daw palagi ay nagbigay sa kanila ng magandang epekto, at hindi dapat mag-isip ng mga nigatibong bagay dsahil hindi nakakatulong sa iyo. Inihayag nila na ang pagoging positibo ay nagpapagaan ng kanilang damdamin at hindi maaapektohan ang kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu dahil sa kanilang pagiging positibo. Samut sari ang kanilang mga ibinahaging pananaw hinggil dito. Idiniin ni John (Palayaw) sa panayam kung gaano kahalaga ang magkaroon ng pagiging positibong pag-iisip at isama ang panalangin sa kanyang *LET* rebyu. Binigyang-diin niya ang pagpapanatili ng optimistikong pananaw na nakakatulong para pagbawas ng istres at pagpapanatili ng konsentrasyon sa proseso ng pagtatasa. Iniisip ni John na ang panalangin ang magandang gawin para makakuha ng motibasyon para malabanan ang pagsubok na sitwasyon, at ang panalangin rin ay malaking tulong nito sa isang individual para malampasan ang mga paghihirap na mayroon naghahanda para sa *LET*.

"Bigyan ng oras ang sarili upang makapag-isip at marelax ang sarili. Huwag magpakalunod sa stress, dapat ay magiging positibo lang palagi tayo sa buhay sapagkat kapag palagi kang positibo ay hindi maaapektohan ang iyong paghahanda para sa LET rebyu." (IDI-01)

(Huwag magpakalunod sa istres, dapat ay magiging positibo lang palagi tayo sa buhay sapagkat kapag palagi kang positibo ay hindi maaapektohan ang iyong paghahanda para sa *LET* rebyu.)

Sinabi ni Marg (Palayaw) sa aking panayam na nalampasan niya ang hamon dahil sa pananatiling positibo at pursigido sa pagrerebyu para sa *LET*. Binigyang-diin niya kung gaano kahalaga na magpatuloy at malampasan ang anumang hamon na maaaring dumating sa halip na sumuko. Nararamdaman ni Marg na maaari siyang manatiling motivated at nakatuon sa layunin sa pamamagitan ng pagpapanatiling magandang pananaw. Pakiramdam niya ay mas matatag siya at determinado na lampasan ang mga hamon na mayroon siya habang nagrerebyu para sa pagsusulit sa *LET* sa pamamagitan ng pagiging positibo palagi.

"Naging solusyon ko ay ang pagiging positibo na hindi dapat panghinaan ng loob kundi mas ano pa, maging magsumikap pa para makapagpatuloy at harapin pa ang mga pagsubok na darating pa sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu." (IDI_03)

aging solusyon ko ay ang pagiging positibo na hindi dapat panghinaan ng loob kundi magsumikap pa para makapagpatuloy at harapin pa ang mga pagsubok na darating pa sa aking pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu.)

Ibinunyag ni Jona (Palayaw) kung paano nakatulong sa kanya ang pagkakaroon ng positibo palagi na malampasan ang mga paghihirap na naranasan niya sa buong *LET* rebyu. Binibigyang-diin niya na ang pagiging positibo ay ginagawang mas madaling alisin ang negatibito at tumutok sa mga positibong resulta na posible. Iniisip ni Jona na ang kanyang positibong paninindigan ang nagpapanatili sa kanya ang motibasyon at pag-asa.

"Nalampasan ko ang mga karanasan na aking hinarap sa LET rebyu sa pamamagitan po ng pagiging positibo kasi po kapag positibo kang mag isip lahat nga mga negatibo po ay ah ay maalis so fucos mo lang lagi yong mga positibo oh yung na magagandang bagay na na maaring mangyari, kasi kapag mayroon kang positibong pag- iisip." (FGD-02)

(Nalampasan ko ang mga karanasan na aking hinarap sa LET rebyu sa pamamagitan po ng pagiging positibo kasi po kapag positibo kang mag isip lahat nga mga negatibo po ay maalis, fucos mo lang lagi yong mga positibo yung na magagandang bagay na maaring mangyari, kasikapag mayroon kang positibong pag-iisip.)

Sa panayam, sinabi ni Rivz (Palayaw) ang pagiging positibo ay nakatulong upang manatiling matatag sa gitna ng pagsubok sa panahon ng *LET* rebyu. Nabanggit niya na ang pananatiling pagiging positibo ay isang malaking tulong para malampasan ang mga hamon gaano man kalubha o karami. Si Rivz ay nanatiling masigasig at determinadong malampasan ang hamon.

"Naging mangandang sandata ko ang pagkakaroon ng hamon sa pamamagitan ng pagiging positibo kahit gaano man kahirap at karami ang dapat na i review nananatili ang aking paniniwala sa aking sarili na kaya kong lampasan ito." (FGD-04)

(Naging mangandang sandata ko ang pagkakaroon ng hamon sa pamamagitan ng pagiging positibo kahit gaano man kahirap at karami ang dapat na erebyu nananatili ang aking paniniwala sa aking sarili na kaya kong lampasan ito.)

Ang Pagkakaroon ng tiwala sa Sarili ay Kinakailangan

Ang mga partisipante ay nagbahagi ng kanilang mga ideya hinggil sa magtiwala sa sariling kakayahan na makayanan nila ang mga hamon na kinakaharap sa kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Ang kanilang pagtitiwala sa sariling kakayahan ay nagbigay sa kanilang ng posotibong mag-iisip na maipasa ang *LET* eksam. Ilan sa kanila ay nagbahagi na magtiwala sa sarili na makamit ang inaasam- asam na lisensya ang pagtitiwala sa sariling kakayahan para maging motibasyon nila para malampasan ang mga hamong kinakaharap nila sa paghahanda para sa pagsusulit upang maging tagapagturo sa hinaharap.

Saysay ni Jean (Palayaw) ang pangangailangan ng paghingi ng patnubay sa Panginoon at ipagpatuloy ang pagsusumikap sa be pagrerebyu. Ang kanyang pagrerebyu para sa *LET*. Itinatampok ng kuwento ni Jean ang kahalagahan ng tiyaga, paniniwala sa sarili, suporta ng pamilya, espirituwal na direksyon.

"Nalampasan ko ang mga aking tibay ng loob, ang tiwala sa sarili ay mahalaga lalong-lalo na sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu." (IDI-02)

(Nalampasan ko ang mga aking tibay ng loob, ang tiwala sa sarili ay mahalaga lalong-lalo na sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu.)

Sinabi ni John sa panayam na ang tiwala sa sariling kakayahan ay nakatulong sa kanya na maghanda ng mabuti para sa LET. Naisip niya na ang mga paghihirap at balakid na inialay ng Panginoon ay malalampasan. Napanatili ni John sariling pananampalataya sa kanyang kakayahan at pananalig na hindi siya pababayaang Dios sa kanyang pagrerebyu para sa pagsusulit. Ang kanyang pananampalataya ay nagpapatibag ng kanyang loob at lakas, at pagpapalakas ng kalooban na maging maayos sa LET.

“Isa sa mga malaki ang naitulong naging epektibo ang tiwala sa sarili noh. Naniniwala ako na hindi ibibigay ng Panginoon ang isang hamon o problema na hindi kayang lampasan natin noh. Habang nasa rebyu lagi akong nagtitiwala sa aking kakayahan.” (IDI-01)

(Isa sa mga malaki ang naitulong naging epektibo ang tiwala sa sarili. Naniniwala ako na hindi ibibigay ng Panginoon ang isang hamon o problema na hindi kayang lampasan natin. Habang nasa rebyu lagi akong nagtitiwala sa aking kakayahan)

Sa buong panayam, ibinahagi ni Franz (Palayaw) kung paano nakatulong sa atin pagtitiwala at pananampalataya sa Panginoon na malampasan ang pagsubok na kanyang naranasan sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu. Binigyang-diin niya ang halaga ng tiyaga, paniniwala sa sarili, at pagtitiwala sa Diyos na gagabay sa iyo sa bawat balakid. Ang diskarte ni Franz ay binubuo ng pagkakaroon ng tiwala sa kanyang sariling mga kakayahan at pagtitiwala sa kanyang kakayahan na pamahalaan ang anumang sitwasyon na dumating sa kanya.

Katanungan sa Pananaliksik 3. Ano-ano ang mga mithiin at pananaw na maaaring imungkahi nila sa kapwa nakatapos ng Filipino Medyor sa pakikipagsapalaran din sa LET rebyu?

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
<p>Ang Pagkakaroon ng tiwala sa Sarili ay Kinakailangan</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“tiwala sa sarili noh. Naniniwala ako na hindi ibibigay ng Panginoon ang isang hamon o problema na hindi kayang lampasan natin noh. Habang nasa rebyu lagi akong nagtitiwala sa aking kakayahan at lagi kong pinanghahawakan ang sabi ng Panginoon na hindi niya ako pababayaang.” (IDI-02)</i> • <i>“Tiwala sa sariling kakayahan dahil malalampasan mo rin yan. Ahhhh... tulad ngayon, hindi ko akalaing naitawid ko ang rebyu at naghihintay na lamang ng resulta ng pagsusulit. At kung kaaawaan ng Panginoon ay makakamit ko na ang inaasan kong lisensiya.” (IDI-01)</i> • <i>“Magtiwala sa sarili at Ibigay ang lahat ng makakaya. Huwag ring kalimutang alagaan ang sarili dahil ito lamang ang....ang ano puhunan atin kaya</i>

	<p><i>marapat lamang na atin itong alagaan. Aanhin pa ang tagumpay Kong sisingilin kana ng iyong katawan dahil sa iyong kapabayaan.”(ID1-06)</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>“Ang realisasyon na aking maibabahagi ay ang kahalagan ng pagtitiwala sa sarili. Magtiwala ka sa sarili mong kakahayan na...na... na maabot mo ang iyong pangarap.”(FGD-01)</i> • <i>“Sa sarili kasi kapag wala ka tiwala sa saili so hindi mo magagawa ang gusto mo magawa o gusto mo mangyari kasi kulang ka sa kumpyansa sa sarili so kinakailangan upang malampasan yong hamon sa buhay so kailangan mayroon kang tiwala sa sarili.” (FGD0-2)</i>
<p>Magiging Focus sa Goal Para Makamit ang Tagumpay</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Para sa akin ang maibabahagi kong estratehiya upang mabawasan ang takot ng mga kapwa ko nakikipagsapalaran sa LET rebyu ay, dapat maging Fucos lang sa goal at positibo lang palagi sapagkat lalong-lalo na tayo ay nakikipagbabakan upang.... upang makamit natin ang matagal na nating pangarap na maipasa ang LET upang maging ganap na guro.” (ID1-03)</i> • <i>“Fucos kalang muna sa goal mo pagrerebyu para pagdating ng aktwal LET eksam hindi ka ma ano, hindi ka ma mental block kasi kapag handa ka talaga para e take yong eksam sa LET yong lang.” (FGD-02)</i> • <i>“Para sa akin noh, ang akin po talagang nahinuha sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu na maari mapagkukunan ng motibasyon sa kapwa ko Filipino medyor noh ay dapat talaga is kang mag fucos gyud ta sa atoang goal po. Kagaya na ang goal natin ay maipasa si LET at mapagtagumpayan natin ang ating pakikipagbabakan dito, dahil alam ko nag rerebyu, yon lang dapat talaga ay</i>

	<p><i>mag fucos sa goal ma makaya natin ito.” (FGD-04)</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>“Pagkakaroon ng focus sa Goal ay mahalaga lalo na’t kung minsan ay nagkakaroon ng mga hadlang o temptasyon lalo na ang social media.” (FGD-06)</i>
<p>Pagkakaroon ng Disiplina sa Sarili ay Kinakailangan</p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Edisiplina ang kaugalingon sa pag rebyu, kung naay oras sa pag rebyu, nag review para nga mahasa ang kaugalingon ug naa sad kay mahinumduman during LET. Ang pagdisiplina sad sa kaugalingon nato noh kay isa sad sa pinaka importantre sa atoa labi ng future educator pa gyud ta, dapat kabalo ta mo disiplina satong kaugalingon.” (ID1-07)</i> • <i>“Ang aking nahihinuha na maaring gabay sa susunod na mag-review ay ang...ay ang disiplina kasi ay madali na lang sa kanila kung paano i-manage ang kanilang oras at panahon. Magiging organize ang routine nila habang umuusad ang review.”(FGD-01)</i> • <i>“Ang mga aral at reyalisasyon na aking maibabahagi bilang nakikipagsapalaran sa LET review ay ang kahalagahan ng disiplina sa sarili po kasi, kasi po bilang nakikipasapalaran sa LET rebyu ay mahalaga po na mayroon kang disiplina sa iyong sarili, gaya ng dapat alam mo na ganitong oras ay magrebyu kana, ganitong oras ay mahinga mona dapat, dapat may ganon po, kaya mahalaga na may disiplina sa iyong sarili.”(FGD-04)</i> • <i>“May disiplina sa sarili na maabot ang bawat layunin at makagawa ng produktibong bunga at magiging dahilan ito sa mas malalim na motibasyon nakapagtapaos ng medyor sa Filipino.” (FGD-06)</i>
	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Paghingi ng tulong sa diyos at maging masigasig sa pagrerebyu. Ang lahat ng ito ay aking nalampasan sa aking</i>

<p>Magtiwala at Humingi ng Gabay sa Panginoon</p>	<p><i>pakikipagsapalaran sa LET rebyu.” (IDI-01)</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>“Bilang kapwa nakapagtapos sa Filipino Medyor, iminumungkahi kong huwag tumigil abutin ang inyong mga pangarap at palaging isipin na walang hamon o problema ang hindi kayang lampasan o solusyunan at huwag kalimutang humingi ng gabay sa Panginoon.” (IDI-02)</i> • <i>“Before and after ka pumasok sa rebyu center pray ah ask guidance sa God na sana gabayan ka palagi think positive lang always lahat ng mga pagsubok mayroong solusyon mahirap ang rebyu o eksam lahat lahat ng mga sakripisyo mo habang nasa rebyu session is worth it if succesful yong exam mo during ahn final eksam laban para sa lisensya ga future teacher.” (FGD-02)</i> • <i>“Humingi ng guidance kay God na hindi ka nya pababayaan at gabayan ka sa landas na iyong tinatahak. Datapwat hindi natin alam ang ating hinaharap ngunit kung itatanim natin sa ating mga isipan kung ano ang ating tunguhin, para saan, at kanino sa tingin ko lahat ng kanilang posibleng mahirap na maranasan ay mapapalagay sa maayos na tunguhin.” (FGD-06)</i> • <i>“Ang pangalawa ay ang tiwala sa panginoon alam naman natin noh na nakapa power ni God kasi hindi nya tayo pinabayaan sa mga hamon sa ating buhay kaya tiwala lang din kay God na malampasan natin ito dahil ngdyan lang si God katabi ko palagi.” (FGD-07)</i>
	<ul style="list-style-type: none"> • <i>“Kailangan ay maging masipag kayo sa pagbabasa ng iba't ibang aklat nay may kinalaman sa inyong kasanayan dahil magiging kapaki-pakinabang ito sa inyong. sa inyong rebyu hanggang sa araw ng Board exam. Huwag niyo balewalain ang mga paksang ibinabahagi</i>

Ang Maiging Paghahanda Gaya
ng Pagbabasa ay Nararapat

ng inyong mga guro lalo na sa inyong CSA na asignatura.” (IDI-02)

- *“Maipapayo ko sa mga mag-aaral sa kolehiyo na pinaka-epektibong paraan ng pag-aaral ay ang pagbasa ng pagbasa ng mga aklat dahil ito ay malaking tulong sa inyo, dahil marami kayong mga impormasyon na, impormasyon na makuha sa inyong pagbabasa ng aklat. Habang nag-aaral pa lamang kayo at naghahanda para sa LET ay kailangan na mangalap na kayo ng mga bagay na....na sa palagay nyo ay makakatulong sa inyo, para pagdating sa rebyu center ay hindi na kayo mahirapan.” (IDI-03)*
- *“Naging realisasyon ko na kailangan talagang handa sa lahat ng bagay dahil may isang eksam sa rebyu na tinatawag na mockboard na sobrang hirap talaga ng tanong kung kaya kung may aklat ka na may kinalaman sa teaching o LET ay basahin mo na hangga't maaga pa para maipasa mo ito at mabigyan ka ng mainam na oportunidad galing sa review center pero hindi pa naman ito ang totoong bakbakan, sa LET eksam gayundin ang gagawin maging puno sa kaalaman at positibo sa sarili.” (IDI-05)*
- *“Ang maipapayo ko sa mga mag-aaral sa koleheyo na pinaka epektibong paraan na pag-aaral na maaring nilang subokan para sa LET ay magbasa kayo palagi ng aklat na maaring makatulong sa inyo at magkaroon kayo ng ahm learning tapos ah kapag magbabasa kayo ng question palagi nyong hanapin yong hint doon sa question para madali nyo lang ma identify yong answer tapos always think positive lang ganon lang.” (FGD-02)*
- *“Sa tingin ko, gawin ng mga mag-aaral ang walang tigil na pag-alam at pag-aaral sa mas malawak na impormasyon po at pagbabasa ng aklat upang higit na*

	<i>magkaroon sila ng pangunahing kaalaman at hindi sila mahihirapang intindihin at ipasok ang lahat ng aralin sa pagre-rebyu.”(FGD-06)</i>
--	--

“Saganang akin noh, nalampasan ko ang mga hamon na aking kinaharap sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu dahil may tiwala ako sa aking sarili na makakaya ko kasabay ng aking pagpupursigi. Magtiwala lamang sa sarili na makakaya mo at tiyak na kakayanin mo ito.” (IDI-06)

(Saganang akin, nalampasan ko ang mga hamon na aking kinaharap sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu dahil may tiwala ako sa aking sarili na makakaya ko kasabay ng aking pagpupursigi. Magtiwala lamang sa sarili na makakaya mo at tiyak na kakayanin mo ito.)

Pahayag ni Shen (Palayaw) na napagtanto kung gaano kahalaga ang tiwala sa sarili. Binigyang-diin niyang huwag ikumpara ang sarili sa iba dahil mayroong ibat ibang kakayahan at paniniwala sa sarili upang makamit ang mga pangarap. Dagdag pa ni Shen dahil sa tiwala sa sariling kakayahan na malampasan ang pagsubok sa kanyang paghahanda at makuha niya ang matagal ng minimithi. At kasanayan, na nagtataguyod ng katatagan at personal na pag-unlad.

“Ang realisasyon na aking maibabahagi ay ang kahalagan ng pagtiwala sa sarili. Magtiwala ka sa sarili mong kakahayan na maabot mo ang iyong pangarap.” (FGD-01)

(Ang realisasyon na aking maibabahagi ay ang kahalagan ng pagtiwala sa sarili. Magtiwala ka sa sarili mong kakahayan na maabot mo ang iyong pangarap.)

Binigyang-diin ni Jona (Palayaw) na dahil sa tiwala siya sa sarili nalampasan niya ang pagsubok na kanyang natahak. Ang hakbang tungo sa paglupig sa pagsubok sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu. Pahayag niya ang kawalan ng tiwala sa sarili ay nagpapahirap sa pagtupad ng layunin at pagtupad ng mga pangarap dahil sinisira nito ang paniniwala na kailangan upang labanan ang hadlang sa buhay nang direkta.

“Ang hamon sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu una-una ay ang pagkakaroon ng ah tiwala sa sarili kasi kapag wala ka tiwala sa saili so hindi mo magagawa ang gusto mo magawa o gusto mo mangyari kasi kulang ka sa kumpyansa sa sarili so kinakailangan upang malampasan yong hamon sa buhay so kailangan mayroon kang tiwala sa sarili.” (FGD-02)

(Ang hamon sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu una-una ay ang pagkakaroon ng ah tiwala sa sarili kasi kapag wala ka tiwala sa saili so hindi mo magagawa ang gusto mo magawa o gusto mo mangyari kasi kulang ka sa kumpyansa sa sarili kinakailangan upang malampasan yong hamon sa buhay so kailangan mayroon kang tiwala sa sarili.)

Magiging Fucos sa Goal Para Makamit ang Tagumpay

Ang mga partisipante ay naghayag ng kanilang karanasan sa kanilang pakikipagsapalaran sa LET rebyu. Ang pagiging fucos sa goal ay mahalaga upang makamit mo ang iyong tagumpay bilang naghahanda para sa LET eksam. Mahalaga na may fucos ka sa iyong goal upang yon ang mapagkukunan mo ng kalakasan

na makayan mo ang ano mang pagsubok na dumating sa iyong buhay.

Ibinunyag ni Marg (Palayaw) na huwag matakot sa mga hamon sa pagrerebyu magpokus lang sa *goal*. Binigyang-diin niya kung gaano kahalaga ang magkaroon ng magandang pag-iisip at manatiling nakatuon sa layunin. Sinabi niya na ang pakiramdam ng takot o pagkabalisa ay normal, lalo na kapag nahaharap sa mga hamon tulad ng *LET exam*. Sa palagay niya, maaaring madaig ang takot at pagkabalisa sa pamamagitan ng pananatiling tapat sa layunin at tiwala sa sariling kakayahan.

“Para sa akin ang maibabahagi kong estratehiya upang mabawasan ang takot ng mga kapwa ko nakikipagsapalaran sa LET rebyu ay, dapat maging Fucos lang sa goal at positibo lang palagi sapagkat lalong-lalo na tayo ay nakikipagbakkakan upang upang makamit natin ang matagal na nating pangarap na maipasa ang LET upang maging ganap na guro.” (IDI-03)

(Para sa akin ang maibabahagi kong estratehiya upang mabawasan ang takot ng mga kapwa ko nakikipagsapalaran sa LET rebyu ay, dapat maging pukos lang sa goal at positibo lang palagi sapagkat lalong-lalo na tayo ay nakikipagbakkakan upang makamit natin ang matagal na nating pangarap na maipasa ang LET upang maging ganap na guro)

Inihayag ni Jona (Palayaw) ang halaga ng pagpukos sa goal para sa *LET* rebyu. Nilinaw niya na upang maiwasan ang mga hadlang sa pag-iisip sa panahon ng pagsusulit, dapat unahin ang pagrerebyu kaysa sa iba pang aktibidad. Upang matiyak ang paghahanda para sa *LET*, kwento ni Jona ang pangangailangan na balanse sa oras ang aktibidad sa paglilibang at seryosong oras ng pagrerebyu

“Dapat marunong ka talagang magtimbang sa oras mo while taking the LET rebyu tapos sintabi ko muna yong ahh pagliwaliw fucos kalang muna sa goal mo pagrerebyu para pagdating ng aktwal LET eksam hindi ka ma ano, hindi ka ma mental block kasi kapag handa ka talaga para e take yong eksam sa LET yong lang.” (FGD-02)

(Dapat marunong ka talagang magtimbang sa oras mo habang nag LET rebyu tapos sintabi ko muna yong pagliwaliw fucos kalang muna sa goal mo pagrerebyu para pagdating ng aktwal LET eksam hindi ka ma mental block kasi kapag handa ka talaga para e take yong eksam sa LET.)

Pahayag ni Rivz (Palayaw) ang kanyang natutunan mula sa kanyang karanasan sa kanyang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu at binigyang-diin ang halaga ng pagpapanatili ng *focus* sa layunin bilang isang paraan ng pagbibigay inspirasyon sa kapwa nya nakapagtapos na filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Saad niya na ang pagpasa sa *LET* ang pangunahing layunin, na nangangailangan ng nakatuong atensyon at tiyaga.

“Para sa akin noh, ang akin po talagang nahinuha sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu na maari mapagkukunan ng motibasyon sa kapwa ko Filipino medyor noh ay dapat talaga is kanang mag fucos gyud ta sa atoang goal po. Kagaya na ang goal natin ay maipasa si LET at mapagtagumpayan natin ang ating pakikipagbabakan dito.” (FGD-04)

(Para sa akin, ang akin po talagang nahinuha sa aking pakikipagsapalaran sa LET rebyu na maari mapagkukunan ng motibasyon sa kapwa ko Filipino medyor ay dapat talaga at kang mag fucos gyud ta sa atoang goal po. Kagaya

na ang goal natin ay maipasa si LET at mapagtagumpayan natin ang ating pakikipagbabakan dito.

Pahayag ni Dian (Palayaw) upang maimpluwensyahan ang nagbibigay-malay na pag-iisip, saysay niya ang halaga ng higit na pag-aaral at pagpapalawak ng kaalaman ng isang tao. Napagtanto din ni Dian kung gaano kahalaga ang maging nakatuon sa layunin, lalo na distrakyon sa labas tulad ng *social media*. Binigyang-diin ni Dian ang layunin sa isip na nagpapadali para labanan ang mga tukso at mga hadlang na maaaring lumitaw kapag natututo.

“Napagtanto ko na ang pagkakaroon ng focus sa Goal ay mahalaga lalo na kung minsan ay nagkakaroon ng mga hadlang o temptasyon lalo na ang social media.” (FGD-06)

(Napagtanto ko na ang pagkakaroon ng focus sa Goal ay mahalaga lalo na kung minsan ay nagkakaroon ng mga hadlang o temptasyon lalo na ang social media.)

Pagkakaroon ng Disiplina sa Sarili ay Kinakailangan.

Upang matagumpay na makapaghanda para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*, kailangan ang disiplina sa sarili. Ginagarantiyahan nito ang *regular* na gawi sa pagrerebyu. Ang tao ay maaaring mag-*concentrate* nang mas mabuti at mapanatili ang higit pang impormasyon dahil sa pagbalanse ng oras sa pagrerebyu bilang isang priyoridad at pagbabawas ng mga abala. Ang pagpipigil ay nagpapadali na pamamahala sa istres at pinipigilan ang pagpapaliban, na ginagawang mas mahusay at maayos ang pagrerebyu sa *LET*.

Idiniin ni Van (Palayaw) ang kahalagahan ng pagpipigil sa sarili sa paghahanda para sa pagsusulit ng *LET*. Binigyang-diin niya na ang paggugol ng oras sa pagrerebyu ay nagpapabuti sa memorya at nagpapatalas ng impormasyon. Ang epektibong pamamahala sa oras ay mahalaga, lalo na kapag naghahanda para sa *LET*.

“Edisiplina ang kaugalingon sa pag rebyu, kung naay oras sa pag rebyu, nag review para nga mahasa ang kaugalingon ug naa sad kay mahinumduman during LET. Ang pagdisiplina sad sa kaugalingon nato noh kay isa sad sa pinaka importante sa atoa labi ng future educator pa gyud ta, dapat kabalo ta mo disiplina satong kaugalingon.” (IDI-07)

(Edisiplina ang sarili sa pagrerebyu, kung mayroong oras sa pagrerebyu, magrebyu upang mahasa ang sarili at mayroon ding maalala kaugalingon sa pagrebyu. Ang pagdisiplina sa ating sarili isa talaga yan sya sa pinakamahalaga Ilalo na maging guro tayo sa hinaharap, dapat marunong tayo magdisiplina sa ating sarili.)

Binigyang-diin ni Rivz (Palayaw) ang halaga ng disiplina sa sarili habang binabalangkas ang kanyang mga pananaw at natutunan mula sa kanyang *LET* rebyu. Nilinaw niya na ang pagsunod sa isang regular na gawain at pag-unawa kung kailan magrebyu at magpahinga ay mga halimbawa ng disiplina sa sarili. Ang pamamahala sa oras, mahusay na pagpapalano, at aktibong rerebyu ay ginagarantiyahan ng disiplinang ito.

“Ang mga aral at reyalisasyon na aking maibabahagi bilang nakikipagsapalaran sa LET review ay ang kahalagahan ng disiplina sa sarili po kasi, kasi po bilang nakikipagsapalaran sa LET rebyu ay mahalaga po na

mayroon kang disiplina sa iyong sarili, gaya ng dapat alam mo na ganitong oras ay magrebyu kana."(FGD-04)

(Ang mga aral at reyalisasyon na aking maibabahagi bilang nakikipagsapalaran sa LET rebyu ay ang kahalagahan ng disiplina sa sarili po kasi, bilang nakikipasapalaran sa LET rebyu ay mahalaga po na mayroon kang disiplina sa iyong sarili, gaya ng dapat alam mo na ganitong oras ay magrebyu kana.)

Binanggit ni Dian (Palayaw) sa kanyang karanasan sa *LET* rebyu na ang pagbuo ng disiplina sa sarili at maaliwalas na kapaligiran ay dalawang paraan para malampasan ang hamon. Upang mapabuti ang pagtuon at pagpapanatili, kabilang dito ang pag-iwas sa nakakarira sa iyong paghahanda, pagkakaroon ng sapat na tulog at komportableng espasyo. Natuklasan niya dahil sa pamumuno ng maayos na pamumuhay.

"Disiplina sa aking sarili. Kabilang na ang pagtulog ng maaga, pag-iwas sa nakakasirang pagkain at pagkakaroon ng maayos at maaliwas ng kapaligiran upang madaling tumatak." (FGD-06)

(Disiplina sa aking sarili. Kabilang na ang pagtulog ng maaga, pag-iwas sa nakakasirang pagkain at pagkakaroon ng maayos at maaliwas ng kapaligiran upang madaling tumat

Sinalungguhan ni Shen (Palayaw) na mahalaga ang disiplina sa sarili. Itinuro niya na ang pag-iskedyul at pamamahala ng oras ay nagiging mas simple kapag ang isang tao ay nagtataglay disiplinadong kakayahan. Ang taong nagtataglay ng disiplina na nakakapagtatag at nagpapanatili ng isang nakabalangkas na iskedyul, na ginagarantiyahan ang isang pamamaraan. Ang pamamaraang ito ay nakakatulong sa pagpapanatiling nakatutok at produktibo habang nagrerebyu sila.

"Ang aking nahihinuha na maaring gabay sa susunod na mag-review ay ang...ay ang pagkakaroon ng desiplina sa sarili. Kapag may disiplina kasi ay madali na lang sa kanila kung paano i-manage ang kanilang oras at panahon."(FGD-01)

(Ang aking nahihinuha na maaring gabay sa susunod na magrebyu ay ang pagkakaroon ng desiplina sa sarili. Kapag may disiplina kasi ay madali na lang sa kanila kung paano balansehin ang kanilang oras at panahon.)
Pagtiwala at Paghingi ng Gabay sa Panginoon

Napakahalaga na magtiwala sa Diyos at humingi ng Kanyang direksyon kapag naghahanda para sa pagsusulit ng *LET*, at pag-unawa. Ang panalangin at pananampalataya ay nagiging mapagkukunan ng lakas, na naghihikayat sa pagtitiwala sa sarili at katatagan, na nakakatulong naman sa puro at mahusay na paghahanda sa pagsusulit.

Idiniin naman ni Jean (Palayaw) ang pangangailangan ng tiwala sa sarili bilang isang mahalaga at kapaki-pakinabang. Sa palagay niya ay hindi bibigyan ng Panginoon ang isang tao ng isang hamon o problema na hindi nila kayang lampasan. Hindi siya kailanman nag-alinlangan sa kanyang pananampalataya sa kanyang sariling kakayahan o sa katiyakan ng Panginoon na hindi siya pababayaang sa panahon ng kanyang paghahanda para sa *LET*. Ang pagtitiwala ay pinalakas ng pananampalataya na nakatulong sa kanya na manatiling *motivated* at nakatuon.

“Naniniwala ako na hindi ibibigay ng Panginoon ang isang kakayahang hamon o problema na hindi kayang lampasan natin noh. Habang nasa rebyu lagi akong nagtitiwala sa aking kakayahang at lagi kong pinanghahawakan ang sabi ng Panginoon na hindi niya ako pababayaan.”(IDI-02)

(Naniniwala ako na hindi ibibigay ng Panginoon ang isang hamon o problema na hindi kayang lampasan natin. Habang nasa rebyu lagi akong nagtitiwala sa aking at lagi kong pinanghahawakan ang sabi ng Panginoon na hindi niya ako pababayaan.)

Nilinaw ni Jona (Palayaw) ang pagkakaroon ng pananampalataya sa Panginoon ay mahalaga dahil ito'y nagpapagaan sa hamon. Ang iyong mga problema ay nagiging mas madaling hawakan kapag dinala natin sa Kanya ang mga pagsubok. Mareresolba ang hamon nakakaharap natin sa buhay sa tulong ng Poong maykapal.

“Tiwala sa Dios sapagkat ahm tiwala sa Dios darating kapag ahm inilapit mo kanyang yong mga problema mo, yong mga breakdowns mo ah gagaan at ah magkakaroon ng mga solusyon makakaisip ka ng mga solusyon sa mga problema na iyong kinakaharap sa buhay.”(FGD-02)

(Tiwala sa Dios sapagkat tiwala sa Dios darating kapag inilapit mo kanyang yong mga problema mo, yong mga breakdowns mo gagaan at magkakaroon ng mga solusyon makakaisip ka ng mga solusyon sa mga problema na iyong kinakaharap sa buhay.)

Binigyang-diin ni Dian (Palayaw) ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa Panginoon, lalong-lalo na panahon ng LET rebyu. Ang pagkakaroon ng pananampalataya na hindi ka iiwan ng Diyos at ang paghanap sa kanyang payo ay nag-aalok ng matibay na batayan. Maaaring hindi garantisado ang hinaharap, ngunit ang pag-alam kung bakit mayroon kang mga partikular na layuning pwedeng makatulong sa atin para malampasan ang problema.

“Tiwala sa panginoon noh ay isa din ito sa mga mahalaga sa atin lalong lalo kapag ikaw ay nakikipagsapalaran na sa LET rebyu, humingi ng guidance kay God na hindi ka nya pababayaan at gabayan ka sa landas na iyong tinatahak.”(FGD-06)

(Tiwala sa panginoon ay isa din ito sa mga mahalaga sa atin lalong-lalo kapag ikaw ay nakikipagsapalaran na sa LET rebyu, humingi ng guidance kay God na hindi ka nya pababayaan at gabayan ka sa landas na iyong tinatahak.)

Idiniin ni John (Palayaw) ang kahalagahan ng pananampalataya sa Panginoon at pagtitiwala sa sarili. Iniisip niya na ang pagkakaroon ng tiwala sa Poong maykapal ay isa sa importanteng bagay upang gabayan ka sa iyong paglalakbay. Binigyang-diin din ni John na ang pananampalataya sa Poongmaykapal ay magpapatibay sa iyong sariling kakayahang, pag-unawa na ang Kanyang presensya at direksyon sa mga hamon ng buhay.

“Sabayan ng tiwala sa Panginoon na gagabayan ka niya palagi. Ang dalawang ito noh is mahalaga talaga na may tiwala ka sa iyong sarili at sa panginoon kasi kapag maytiwala kasi ang isang tao sa kanyang sarili baga yan ang iyong sandatang dala sa iyong pakikipagsapalaran sa LET rebyu.”(FGD-07)

(Sabayan ng tiwala sa Panginoon na gagabayan ka niya palagi. Ang dalawang itoay mahalaga talaga na may tiwala ka sa iyong sarili at sa panginoon kasi kapag maytiwala kasi ang isang tao sa kanyang sarili baga yan ang iyong sandatang dala sa iyong pakikipagsapalaran sa LET rebyu.)

Ang Maging Paghahanda Gaya ng Pagbabasa ay Nararapat

Ang matagumpay na paghahanda tulad ng pagbabasa palagi ay mahalaga para sa pagsusulit ng *LET*. Ang mga nagrerebyu para sa *LET* malawak na nagbabasa ng mga aklat nanakakatulong sa kanila para sa paghahanda para sa *LET* eksam. Pinapabuti nito ang mga kakayahan sa pag-unawa, memorya, at kritikal na pag-iisip na kinakailangan upang sagutin ang mga tanong sa pagsusulit. Ang komprehensibong pagbabasa ay tumutulong din sa isa na maging pamilyar sa mga istilo ng pagsusulit.

Isiniwalat ni Jean (Palayaw) ang kahalagahan ng pagiging masigasig sa pagbabasa ng ibat ibang literatura na may kaugnayan sapaksa na kanilang pagrerebyu. Sinabi niya na dapat ay ginawa niya ito nang mas maaga ngunit binibigyang-diin kung gaano ito nakakatulong sa pagrerebyu sa *LET*. Ang pagkuha sa ibat ibang mga paksa ay nagpapalawak ng kaalaman ng nagrerebyu at nagpapabuti ng paghahanda para sa pagsusulit

“Kailangan ay maging masipag kayo sa pagbabasa ng iba’t ibang aklat nay may kinalaman sa inyong kasanayan dahil magiging kapaki-pakinabang ito sa inyong...sa inyong rebyu hanggang sa araw ng Board exam.” (IDO-02)

(Kailangan ay maging masipag kayo sa pagbabasa ng iba’t ibang aklat nay may kinalaman sa inyong kasanayan dahil magiging kapaki-pakinabang ito sa inyong rebyu hanggang sa araw ng Board exam.)

Ang mga estudyante sa kolehiyo ay dapat magbasa ng mga libro, ayon kay marg, dahil ito ang pinakamabisang paraan upang maraming kang impormasyon na makuha. Ang diskarteng ito ay importante para maraming impormasyon na mahalaga na makuha para sa paghahanda sa *LET*. Ang maagang paghahanda ng mga mahalagang bagay ay ginagarantiyahan ang isang mas tuluy-tuloy na pamamaraan.

“Pinaka-pektibong paraan ng pagrerebyu ay ang pagbasa ng pagbasa ng mga aklat dahil ito ay malaking tulong sa inyo, dahil marami kayong mga impormasyon na impormasyon na makuha sa inyong pagbabasa ng aklat.” (IDI-03)

(Pinaka-pektibong paraan ng pagrerebyu ay ang pagbasa ng pagbasa ng mga aklat dahil ito ay malaking tulong sa inyo, dahil marami kayong mga impormasyon na makuha sa inyong pagbabasa ng aklat.)

Iminungkahi ni May (Palayaw) na linangin ang ugali ng pagbabasa ng mga libro at pagsasaulo. Madalas silang bumalik sa kumbensyonal o pangunahing mga ideya. Bilang resulta, ang pagbabasa ng mga aklat na sumusulong sa pag-unawa ay mahalaga. Hindi lahat ng eksam na ibibigay ng *Philippine Regulation Commission*

(*PRC*) talakayin sa rebyu senter, kaya paigtingin ang pagbabasa upang maging ganap na handa para sa *LET* eksam.

*“Maipayo kong ugaliing magbasa ng mga aklat at pagmemorya dahil isa sa natutuhan ko, hindi lamang pokus Philippine Regulation Commission (*PRC*) sa kung ano ang trending ngunit bumabalik sila sa tradisyunal o sa basic kung*

kaya kung may mga libro kayo na sa tingin niyo ang makatutulong upang madagdagan ang kaalaman niyo ay basahin niyo.”(IDI-05)

(Maipayo kong ugaliing magbasa ng mga aklat at pagmememorya dahil isa sa natutuhan ko, hindi lamang pokus Philippine Regulation Commission (PRC) sa kung ano ang trending ngunit bumabalik sila sa tradisyunal o sa basic kung kaya kung may mga libro kayo na sa tingin niyo.)

Binigyang-diin din ni Jona (Palayaw) ang pangangailangan na mapanatili ang isang optimistikong pananaw. Sa pamamaraang ito ay nagpapataas ng kahandaan sa pagsusulit habang sabay na pinapabuti ang pag-unawa. Maaaring tiyakin ng mga mag-aaral na handang-handa silang epektibong estratehiya sa mga hamon ng pagsusulit sa *LET* dahil sa paggamit ng estratehiyang ito, na tutulong para magkaroon ng matibay na pundasyon sa kaalaman at kumpiyansa.

“Ang maipapayo ko sa koleheyo na pinaka epektibong paraan na pag-aaral na maaring nilang subokan para sa LET ay magbasa kayo palagi ng aklat na maaring makatulong sa inyo at magkaroon kayo ng ahm learning.”(FGD-02)

(Ang maipapayo ko sa koleheyo na pinaka epektibong paraan na pag-aaral na maaring nilang subokan para sa LET ay magbasa kayo palagi ng aklat na maaring makatulong sa inyo at magkaroon kayo ng kaalaman.)

Binigyang-diin ni Dian (Palayaw) ang kahalagahan ng pagbabasa at pag-aaral ng maraming mga topik para maraming mga impormasyon ang ang iyong makalap, ang pagbabasa ng libro ay importante sa paghahanda sa pagsusulit. Batay sa kanyang opinyon, ang pagrerebyu sa pangunahing kaalaman ng ganitong paraan ay nagpapadali sa pag-intindi ng mga estudyante at pagsasama-sama sa lahat ng malawak na topik.

“Sa tingin ko, gawin ng mga mag-aaral ang walang tigil na pag-alam at pag-aaral sa mas malawak na impormasyon po at pagbabasa ng aklat upang higit na magkaroon sila ng pangunahing kaalaman at hindi sila mahihirapang intindihin at ipasok ang lahat ng aralin sa pagre-rebyu.”(FGD-06)

(Sa tingin ko, gawin ng mga mag-aaral ang walang tigil na pag-alam at pag-aaral sa mas malawak na impormasyon po at pagbabasa ng aklat upang higit na magkaroon sila ng pangunahing kaalaman at hindi sila mahihirapang intindihin at ipasok ang lahat ng aralin sa pagre-rebyu.)

Buod ng Kabanata

Sa isinagawang isa-isang panayam at pangkatan talakayan, ang mananaliksik na nakatuklas ng tema mula sa mga pamaraang ginamit sa pananaliksik. Ang tema ay ipresenta ayon sa tanong ng pananaliksik: Para sa unang tanong ng pananaliksik na naglalarawan sa karanasan nakapagtapos na filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, ang mga sumusunod na tema ang lumitaw: nagkaroon ng presyon dahil sa mataas ang ekspektasyon ng pamilya, nagkakaroon ng hamon dahil sa kakulangan sa pinansyal at nahihirapan balansihin ang oras sa pagrerebyu at trabaho.

Sa ikalawang tanong sa pananaliksik na tumatalakay sa kung paano napagtagumpayan, paano nakaya, at anong mga paraan ang ginawa upang mapagtagumpayan ang mga hamon na kinakakaharap ng mga nakapagtapos ng filipino medyor sa kaikipagsapalaran sa *LET* rebyu, ang mga sumusunod na pangunahing tema ang pumaibabaw: ginawang motibasyon ang pamilya at pangarap, ginawang motibasyon ang

makapasa at makamit ang lisensya, pagiging responsible at handa sa pagrerebyu, pagbabalanse ng oras ng maigi at pagiging positibo palagi.

Para sa ikatlong tanong ng pananaliksik na naayon sa pananaw ng mga nakatapos na filipino medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, ang mga pangunahing tema ang nabuo: ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili ay kinakailangan, magiging fucos sa goal para makamit ang tagumpay, pagkakaroon ng disiplina sa sarili ay kinakailangan, magtiwala at humingi ng gabay sa panginooon at ang maiging paghahanda gaya ng pagbabasa ay nararapat.

Ang mga pangunahing tema ay galing sa matinding pagsusuri sa mga panayam at diskusyon. Dahil sa tiyaga, at pagsisikap ng mananaliksik nalantad ang karanasan ng mga nakapagtapos na filipino medyor.

Kabanata 4

DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng talakayan ng mga resulta at mga pangunahing mga tema ng pag-aaral, gayundin ang mga kongklusyon at ang implikasyon para sa hinaharap na pananaliksik na nakaangkla sa mga resulta ng pagsisiyasat.

Bilang mananaliksik, ninanais nitong bigyang lalim ang pag-aaral na nakapokus sa mga katanungang ito, ano-ano ang mga karanasan na hinarap ng mga nakatapos na Filipino Medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, paano nalampasan ng mga nakatapos sa Filipino Medyor ang mga karanasan na hinaharap sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu, ano-ano ang mga mithiin at pananaw na maaring imungkahi nila sa kapwa nakatapos sa Filipino Medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ilarawan ang mga karanasan at pananaw ng mga piling mag-aaral na nakatapos ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino ng *KCAST* sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kanilang mga karanasan at kung paano nila hinarap ang ibat ibang hamon at kahirapan dulot ng pagkakaroon ng pagkabalisa sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Samut saring mga karanasan at mga emosyon ang ipinakita ng mga partisipante sa ginawang talakayan.

Sa kontekstong ito ay ginamitan ng kwalitatibong pananaliksik na may penomenolohiyang pagdulog upang maunawaan nang husto ang mga danas ng mga nakatapos na Filipino Medyor sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Sa pag-aaral na ito, may labing-apat (14) na partisipante na hinati mula sa *in-depth interview at focus group discussion*. Ang dalawang kategorya ay sumailalim sa masusing panayam ng mananaliksik upang ibahagi ang kanilang mga karanasan kung paano nila nalampasan ang mga hamon at mga pananaw sa kanilang pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Ang ilan sa mga partisipante ay buong nagbigay ng kanilang mga pananaw at karanasan tungkol sa pagkabalisa sa pakikipagsapalaran sa *LET* rebyu at ang ilan ay lubos na nagpahayag ng kanilang saloobin at idea.

Karanasan na hinarap ng mga nakatapos na Filipino Medyor sa Pakikipagsapalaran sa LET Rebyu

Mula sa mga datos na nakuha, nagawang uriin ng mananaliksik ang apat (4) na mahahalagang tema na naglalarawan sa karanasan ng mga nakatapos na Filipino Medyor na nakikipagsapalaran sa *LET* rebyu. Nagkaroon ng presyon dahil sa mataas ang ekspektasyon ng pamilya. Ang mataas na ekspektasyon ng pamilya ay may malaking epekto sa paghahanda ng mga mag-aaral para sa *LET*. Ang ibat ibang teorya ng sikolohiya at edukasyon ay nagpapakita na ang mga ekspektasyon na ito ay maaaring magdulot ng positibo at negatibong epekto sa motibasyon, *stress*, at pagganap ng mag-aaral. Mahalaga ang tamang suporta at positibong reinforcement upang mapagtagumpayan ng mga mag-aaral ang mga hamon na dulot ng mga

ekspektasyon na ito.

Ayon kay Maslow (1943), ang mga tao ay may ibat ibang antas ng pangangailangan na dapat matugunan. Sa konteksto ng *LET* rebyu, ang mataas na ekspektasyon ng pamilya ay maaaring nauugnay sa "*esteem needs*" o pangangailangang makamit ang respeto at tagumpay. Ang mga anak ay maaaring mapilitang magtagumpay sa *LET* upang matugunan ang mga pangangailangang ito.

Gayunpaman, Ayon kay Bandura (1997), ang tiwala ng isang tao sa kanyang kakayahang magtagumpay (*self-efficacy*) ay malaki ang epekto sa kanyang aktwal na pagganap. Ang mataas na ekspektasyon ng pamilya ay maaaring magdulot ng mataas o mababang paniniwala sa sarili depende sa kung paano tinatanggap ng mag-aaral ang mga ekspektasyon. Ang positibong tugon at suporta mula sa pamilya ay maaaring magtulak sa mas mataas na pagtitiwala sa sarili.

Nagkaroon ng hamon dahil sa kakulangan ng pinansyal. Ang kakulangan ng pera ay isang seryosong hamon na maaaring makaapekto sa *mental* at *emotional well-being* ng mga mag-aaral, pati na rin sa kanilang kakayahang maghanda para sa *LET*. Ang mga teorya sa itaas ay nagbibigay ng iba't ibang perspektibo kung paano ang financial constraints ay maaaring makaapekto sa *motivation*, *stress*, at pagganap ng mga mag-aaral. Mahalagang magkaroon ng mga suporta at estratehiya upang matulungan ang mga mag-aaral na malampasan ang mga hadlang na ito at magtagumpay sa kanilang mga layunin.

Ayon sa *Expectancy-Value Theory* (2002), ang motibasyon ng isang indibidwal na magtagumpay sa isang gawain ay nakasalalay sa kanilang ekspektasyon na makamit ang tagumpay at ang halaga na kanilang ibinigay sa gawain. Ang kakulangan ng pera ay maaaring magpababa ng kanilang ekspektasyon na makamit ang tagumpay dahil sa kakulangan ng mga mapagkukunan tulad ng mga *review materials* o akses sa kalidad na edukasyon. Kasabay nito, maaaring bumaba rin ang *perceived value* ng *LET* kung mas prayoridad ang paghahanap ng paraan para matugunan ang mga pangangailangan.

Dagdag pa rito, ayon sa pag-aaral ni Abraham Maslow (1943), ang mga tao ay mayroong hierarchy of needs o hirarkiya ng mga pangangailangan. Ang kakulangan ng pera ay pangunahing nakakaapekto sa *physiological needs* (tulad ng pagkain, tirahan) at *safety needs* (tulad ng pinansyal na seguridad). Kung ang mga pangunahing pangangailangan na ito ay hindi natutugunan, mahihirapan ang mag-aaral na mag-*focus* sa mas mataas na antas ng pangangailangan tulad ng pagtamo sa aspekto ng edukasyon.

Nahihirapan balansihin ang oras sa pagrerebyu at pagtatrabaho. Ang pagbalanse ng oras sa pagitan ng pagrerebyu para sa *LET* at pagtatrabaho ay isang hamon na nangangailangan ng epektibong estratehiya sa *time management*, *self-regulation*, at *work-life balance*. Ang mga teoryang ito ay nagbibigay ng mahahalagang pananaw at estratehiya upang matulungan ang mga mag-aaral na makayanan ang kanilang mga responsibilidad at maiwasan ang *stress* at *burnout*.

Ayon kina Greenhaus at Beutell (1985), ang *work-life balance theory* ay nagsasabing ang balanse sa pagitan ng trabaho at personal na buhay ay mahalaga upang maiwasan ang gulo at istres. Ang mga mag-aaral na nagtatrabaho at nagre-rebyu para sa *LET* ay kailangang magkaroon ng epektibong estratehiya upang maibalanse ang kanilang mga responsibilidad at maiwasan ang *negative spillover effect*.

Dagdag pa rito, ayon kay Lakein (1973), ang *time management* ay isang mahalagang kasanayan na naglalalayong gamitin ang oras nang mas epektibo upang makamit ang mga layunin. Ang mga mag-aaral na may epektibong *time management skills* ay mas makakapagbalanse ng kanilang oras sa pagrerebyu at pagtatrabaho, na nagreresulta sa mas mababang istres at mas mataas na pag-unlad.

Paano nalampasan ng mga nakatapos sa filipino medyor ang mga karanasan na hinaharap sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu

Mula sa mga datos na nakuha, nagawang uriin ng mananaliksik ang apat (4) na mahahalagang tema na naglalarawan kung paano nalampasan ng mga nakatapos sa filipino medyor ang mga karanasan na hinaharap sa pakikipagsapalaran sa LET rebyu.

Ginawang motibasyon ang pamilya at pangarap. Ang pamilya at mga pangarap ay maaaring magsilbing malakas na motibasyon para sa isang tao na magtagumpay sa kanilang mga layunin, kabilang ang pagpasa sa LET.

Ayon sa *Achievement Goal Theory* (1992), ay nagpapaliwanag na ang mga layunin ng isang tao ay maaaring maging pang-mastery (pag-aaral para sa personal na pag-unlad) o *performance-oriented* (pag-aaral upang makamit ang tagumpay at pagkilala). Ang mga inaasahan at pangarap ng pamilya ay maaaring magbigay ng *motivation* upang makamit ang *performance goals* tulad ng pagpasa sa LET. Samantala, ang *Self-Determination Theory* nina Deci at Ryan (1985), ay nagsasaad na ang motibasyon ng isang tao ay maaaring hatiin sa *intrinsic at extrinsic* na motibasyon. Ang suporta ng pamilya at ang pangarap na magtagumpay sa LET ay maaaring ituring na *extrinsic motivation* na nagpapalakas sa *intrinsic* na motibasyon ng isang indibidwal.

Ginawang motibasyon ang makapasa at makamit ang lisensya. Ang pagkamit ng isang lisensya, tulad ng pagpasa sa LET (*Licensure Examination for Teachers*), ay maaaring magsilbing malakas na motibasyon para sa mga indibidwal.

Ayon kina Locke at Latham (1990), ay nagsasaad na ang pagkakaroon ng malinaw at tiyak na mga layunin ay nagiging malakas na motibasyon upang magsikap at magtagumpay. Ang layunin na makapasa sa LET at makuha ang lisensya ay maaaring magbigay ng direksyon at intensyon sa pag-aaral at paghahanda ng isang indibidwal.

Dagdag pa rito, ayon naman sa pag-aaral ni McClelland (1961), ang mga indibidwal ay mayroong pangangailangan na makamit ang tagumpay (*need for achievement*). Ang layunin na makapasa sa LET at makuha ang lisensya ay maaaring ituring na isang mahalagang anyo ng *achievement* na nagtutulak sa mga indibidwal na magsikap.

Pagiging responsable at handa sa pagrerebyu. Ang pagiging responsable at handa sa pagrerebyu para sa LET ay maaaring maimpluwensyahan ng iba't ibang mga sikolohikal at edukasyonal na salik.

Ayon sa pag-aaral ni Ajzen (1991), ay nagpapaliwanag na ang intensyon ng isang tao na magsagawa ng isang gawain (tulad ng pagrerebyu para sa LET) ay apektado ng kanilang saloobin, *subjective norms*, at *perceived behavioral control*. Ang pagiging handa at responsable sa pagrerebyu ay maaaring maimpluwensyahan ng paniniwala sa kakayahang magtagumpay, suporta ng mga tao sa paligid, at sariling pagpapahalaga sa gawain.

Ayon naman sa pag-aaral ni Duckworth (2007), ang pagkakaroon ng isang mahalagang katangian na binubuo ng pagkawili at pagsisikap para sa pangmatagalang layunin. Ang pagiging responsable at handa sa pagrerebyu para sa LET ay maaaring ituring na bahagi ng pagkakaroon ng lakas ng loob, kung saan ang patuloy na pagsusumikap at dedikasyon ay mahalaga.

Pagbalanse ng oras ng maigi. Ang pagbalanse ng oras ay mahalaga sa paghahanda para sa LET (*Licensure Examination for Teachers*), at maraming teorya sa sikolohiya at edukasyon ang nagbibigay ng gabay kung paano ito magagawa ng maayos.

Ayon sa pag-aaral ni Covey (1989), isinaad niya ang *Eisenhower Matrix*, na kilala rin bilang *Urgent-*

Important Matrix, ay ginagamit upang matukoy ang mga gawain na dapat unahin batay sa kanilang kahalagahan at pagka-apurahan. Sa pagrerebyu para sa *LET*, ang pag-aayos ng mga gawain gamit ang *matrix* na ito ay makakatulong sa mas epektibong pagbalanse ng oras.

Bilang karagdagan, ayon naman sa pag-aaral ni Miller (1956), na nagmungkahi na ang paghahati-hati ng malalaking gawain sa mas maliliit na bahagi ay makakatulong sa pagbalanse ng oras at pagbabawas ng istres. Ang teknolohiyang ito ay maaaring gamitin sa pagrerebyu para sa *LET* upang gawing mas maayos ang mga pagrerebyu

Pagiging positibo palagi. Ang pagiging positibo ay may malalim na epekto sa paghahanda para sa *LET* rebyu. Ang ibat ibang teorya ng sikolohiya ay nagpapakita na ang positibong emosyon, sariling kakayahan, optimismo, at *growth mindset* ay mahalaga upang makamit ang tagumpay. Ang mga teoryang ito ay nagbibigay ng mga estratehiya at perspektibo kung paano mapapanatili ang positibong pananaw sa kabila ng mga hamon.

Ayon sa pag-aaral ni Dweck (2012), ang pagkakaroon ng *growth mindset* (paniniwala na ang kakayahan ay maaaring ma-develop sa pamamagitan ng pagsisikap at pag-aaral) ay nagdudulot ng positibong pananaw at mas mataas na motivation. Ang mga mag-aaral na may *growth mindset* ay mas bukas sa mga pagsubok at nakikita ang mga ito bilang pagkakataon para matuto at mag-*improve*, na mahalaga sa *LET* rebyu.

Sa kabilang banda, ayon naman sa pag-aaral ni Fredrickson (2004) na nagsasaad na ang mga positibong emosyon ay nagpapalawak ng kaisipan at pananaw ng mga tao at nagreresulta sa mas mahusay na paglikha ng mga mapagkukunan at pamamaraan. Sa konteksto ng *LET* rebyu, ang pagiging positibo ay maaaring magdulot ng mas malikhain at epektibong paraan ng pag-aaral at paghahanda.

Pananaw na maaaring imungkahi nila sa kapwa nakatapos ng Filipino Medyor sa pakikipagsapalaran din sa *LET* rebyu

Mula sa mga datos na nakuha, nagawang uriin ng mananaliksik ang apat (5) na mahahalagang tema na naglalarawan pananaw na maaaring imungkahi nila sa kapwa nakatapos ng Filipino Medyor sa pakikipagsapalaran din sa *LET* rebyu.

Ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili ay kinakailangan. Ang tiwala sa sarili ay maaaring maimpluwensyahan at mapalakas, na mahalaga sa epektibong paghahanda at pagrerebyu para sa *LET*.

Ayon kay Bandura (1986), nagpapaliwanag na ang *self-confidence* o kumpyansa sa sarili ay nakakaapekto sa paraan ng pagkatuto ng mga tao sa pamamagitan ng obserbasyonal na pagkatuto, karanasang sosyal, at *reciprocal* determinism. Ang pagkakaroon ng *role models* at positibong tugon mula sa mga guro at kapwa estudyante ay maaaring magtataas ng tiwala sa sarili.

Ayon naman sa pag-aaral ni Rogers (1951), binigyang pokus ng kaniyang pag-aaral ang *Self-Concept Theory* kung saan ito ay tumutukoy sa kabuuan ng paniniwala ng isang tao tungkol sa kanyang sarili. Ang positibong *self-concept* ay nagpapataas ng *self-confidence* at *self-esteem*, na mahalaga sa paghahanda para sa *LET*.

Magiging Focus sa Goal para makamit ang tagumpay. Ang pagkakaroon ng pokus sa layunin na magtagumpay sa pagrerebyu para sa *LET* (*Licensure Examination for Teachers*) ay mahalaga para sa tagumpay ng isang estudyante.

Ayon kay Vroom (1964), ang *Expectancy Theory* ay nagpapaliwanag na ang motibasyon ay produkto ng tatlong elemento: *expectancy* (paniniwala na ang pagsusumikap ay nagreresulta sa magandang pagganap), *instrumentality* (paniniwala na ang pagganap ay magbubunga ng isang tiyak na kinalabasan), at valence

(halaga ng kinalabasan). Ang pokus sa layunin na makapasa sa *LET* ay pinalalakas ng paniniwala na ang paghahanda ay magreresulta sa tagumpay.

Ayon naman nina Carver at Scheier (1982), ang *Control Theory* ay nagmumungkahi na ang mga indibidwal ay may tendensiyang mag-regulate ng kanilang pag-uugali upang matugunan ang mga layunin na itinatakda nila para sa kanilang sarili. Ang *regular* na *feedback* at pagsusuri sa progreso patungo sa layunin na makapasa sa *LET* ay mahalaga upang mapanatili ang pokus at pagsusumikap.

Pagkakaroon ng disiplina sa sarili ay kinakailangan. Ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili ay mahalaga sa pagrerebyu para sa *LET* (*Licensure Examination for Teachers*). Maraming teorya sa sikolohiya at edukasyon ang nagbibigay-linaw kung paano ang *self-discipline* ay nagiging susi sa akademikong tagumpay.

Ayon sa pag-aaral ni Zimmerman (2000), ang *Self-Regulation Theory* ay nagpapaliwanag kung paano kinokontrol ng mga indibidwal ang kanilang mga emosyon, pag-iisip, at kilos upang makamit ang kanilang mga layunin. Ang teoryang ito ay naglalaman ng mga estratehiya tulad ng *goal-setting*, *self-monitoring*, at *self-reflection* na mahalaga sa pagkakaroon ng disiplina sa sarili.

